

PAGSISIYASAT SA BIBLIA

IKALAWANG BAHAGI

BAGONG TIPAN

HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute**, isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pagaaning espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa pagmamasid, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag ng mga kurso, sumulat sa:

© Harvestime International Institute

NILALAMAN

Paano Gamitin Ang Manwal Na Ito	I
Mga Mungkahi Para Sa Samasamang Pag-aaral	II
Pambungad Ng Kurso	1
Mga Layunin Ng Kurso	2

ANG BAGONG TIPAN

<u>Pambungad Sa Mga Ebanghelyo</u>	3
1. Mateo	4
2. Marcos	16
3. Lucas	22
4. Juan	30
 <u>Pambungad Sa Mga Aklat Ng Kasaysayan</u>	 42
5. Mga Gawa	43
 <u>Pambungad Sa Mga Sulat</u>	 57
6. Mga Taga Roma	60
7. I at II Mga Corinto	74
8. Mga Taga Galacia	92
9. Mga Taga Efeso	100
10. Mga Taga Filipos	110
11. Mga Taga Colosas	116
12. I at II Mga Taga Tesalonica	124
13. I at II Kay Timoteo	134
14. Kay Tito	149
15. Kay Filemon	156
16. Sa Mga Hebreo	160
17. Santiago	168
18. I at II Pedro	176
19. I, II, at III Juan	185
20. Judas	195
 <u>Pambungad Sa Mga Aklat Ng Propesiya</u>	 201
21. Apocalipsis	202
Mga Sagot Sa Pansariling –Pagsusulit	210

PAANO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO

PORMAT NG MANWAL

Mga Lavunin: Ito ang mga layuning na dapat maabot sa pagaaral ng kabanata. Basahin muna ang mga ito bago simulan ang aralin.

Susing Talata: Ang talatang ito ang nagbibigay diin sa kaisipan ng kabanata. Isaulo ito.

Nilalaman ng Kabanata: Pagaralan ang bawat seksyon. Gamitin ang iyong Biblia sa pagtingin sa mga reperensya na hindi nalimbag sa manwal.

Pangsariling-Pagsusulit: Isagawa ang pagsusulit na ito pagkatapos pagaralan ang kabanata. Sikaping sagutin ang mga tanong na hindi ginagamit ang Biblia o ang manwal na ito. Pag natapos na ang Pangsariling-Pagsusulit, ihambing ang inyong mga sagot sa Seksyon ng mga Sagot sa dulo ng aklat.

Para sa Dagdag na Pagaaral: Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo na ituloy ang iyong pagaaral ng Salita ng Diyos, palaguin ang inyong kakayahang magaral, at iangkop ang iyong natutuhan sa buhay at ministryo.

Pangwakas na Pagsusulit: Kung ang pag-enrol mo sa kursong ito ay upang makaipon ng credits, kailangang kumuha ka ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Sa pagtatapos ng kursong ito, kumpletohin ang pagsusulit at ibalik ito ayon sa tagubilin upang mabigyan ng grado

DAGDAG NA KAILANGANG GAMIT

Kakailanganin mo ang salin sa Tagalog- Ang Biblia

MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG PAG-AARAL

UNANG PAGTITIPON

Pasimula: Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilista ang mga magaaral.

Ilatag ang mga Pamararaan sa Grupo: Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

Praise and Worship: Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagasasanay.

Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Magaaral: Ipabatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

Ibigay ang Unang Takdang-Aralin: Babasahin ng mga magaaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

Pasimula: Manalangin. Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong magaaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

Pagbabalik-Aral: Magbigay ng maikling kabuuan ng mga pinagralan sa nakaraang pagtitipon.

Aralin: Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NG MALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga magaaral sa kanilang mga napagalaran na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministeryo ng iyong mga magaaral.

Pangsariling-Pagsusulit: Balikan ang Pangsariling-Pagsusulit na natapos na ng mga magaaral. (Bigyang-pansin: Kung hindi mo nais na tingnan ng mga magaaral ang mga sagot sa Pangsariling-Pagsusulit, maaari mong alisin ang mga pahina ng mga sagot sa dulo ng manwal.

Para sa Dagdag na Pagaaral: Maaari mong gawin ng sama-sama o isahan ang mga proyekto .

Pangwakas na Pagsusulit: Kung ang iyong grupo ay nag-patala para magkaroon ng credit, kailangan ang Pangwakas na Pagsusulit. Magpa-kopya para sa bawat magaaral at pangasiwaan ng pagsusulit sa pagtatapos ng kurso.

II

Module: Paghihirang
Kurso: Pagsiyasat sa Biblia

PAMBUNGAD

Ang maraming mga reperensiya sa Lumang Tipan Ni Jesus sa panahong siya ay nagmiministeryo dito sa lupa ay nagpapakita ng kahalagahan na maunawaan ang nilalaman ng Biblia. Dahil binigyang diin Ni Jesus ang kahalagahan ng Salita Ng Dios sa mga tao na Kanyang tinuruan, Ang Harvestime International Institute ay nagmungkahi ng kursong ito, *“Pagsisiyasat Sa Biblia,”* bilang bahagi ng pagsasanay ng programang ito na maihanda ang mga lalaki at mga babae na maabot ang kanilang bansa ng mensahe Ng Dios.

Ipinakita ng unang aklat ng *“Pagsisiyasat Sa Biblia”* ang Biblia at tinalakay ang pagkasalin at iba’t ibang mga salin nito. Ipinakita ang pangkalahatang kasaysayan, heograpiya, at buhay sa panahon ng Biblia. Itinuro rin ang paggawa ng balangkas at ibinigay ang balangkas ng bawat aklat sa Lumang Tipan.

Ipagpapatuloy ng ikalawang aklat na ito ang pag-aaral kasama ang balangkas ng bawat aklat ng Bagong Tipan. Ang mga impormasyon na kasama sa bawat aklat ay ang may-akda, kung para kanino isinulat ang aklat, ang layunin ng aklat, ang susing talata, mga talaan ng mga pangunahing mga tauhan, at ang balangkas ng mga nilalaman.

Ang Buhay at Prinsipyo sa Ministeryo ng bawat aklat ay nabanggit din. Ang mahalagang mga prinsipyong ito ay kailangan para sa paglagong Kristiyano at sa ministeryo na iyong dapat hanapin at isama sa iyong sariling buhay. Ang mga tsart na makatutulong , mga mapa, at buod ng “time line”ng mahalagang katotohanan ay kasama rin sa parehong aklat ng *“Pagsisiyasat Sa Biblia.”*

Ang *“Pagsisiyasat Sa Biblia”* ay kasamang kurso ng *“ Mga Mabibisang Paraan Ng Pag-aaral Ng Biblia”* na nagtuturo ng iba’t ibang pamamaraan ng pag-aaral ng Biblia. Ang parehong kurso ay disenyo para mapalago ang iyong personal na pag-aaral ng Salita Ng Dios.

MGA LAYUNIN NG KURSO

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Lumikha at palawakin ang mga balangkas ng mga aklat ng Bagong Tipan.
- Para sa bawa't aklat ng Bagong Tipan, sabihin ang mga sumusunod:
 - May-akda
 - Para kanino isinulat ang aklat
 - Kailan ito naisulat
 - Layunin ng aklat
 - Susing Talata ng aklat
 - Buhay at Prinsipyo sa Ministeryo

PAMBUNGAD SA MGA EBANGHELYO

Ang Ebanghelyo ang unang apat na aklat sa Bagong Tipan. Nakasulat sa mga aklat na ito ang kapanganakan, buhay, ministeryo, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay Ni Jesu-Cristo. Magkakaiba ang paraan ng pagkakasulat ng bawat aklat.

Mateo: Binigyang –diin Si Jesu Cristo bilang Hari at direktong para sa mga Hudyo ang aklat na ito. Ang aklat ay nagbukas sa maharlika ng lahi at nagtapos sa pagsugo Ng Hari sa Kanyang mga disipulo.

Marcos: Binigyang-diin Si Jesu Cristo bilang Alipin Ng Dios at direktong para sa mga Romano ang aklat na ito. Walang ibinigay na talaan ng lahi sapagkat inilarawan Si Jesus bilang alipin at walang sinoman ang interesado sa angkan ng isang alipin. Ang aklat ay nagtapos na ang Panginoon ay “gumagawa na kasama nila,”

Lucas: Ipinakilala Si Jesu Cristo bilang “Anak Ng Tao,” ang ganap na tao at Tagapagligtas ng makasalanang tao. Binakas ng ikatatlong kabanata ng Lucas ang angkan ni Jesus mula kay Adan. Nagtapos ang Lucas sa ganap na taong Ito, Si Jesus na umakyat patungo sa Langit sa Kanyang Ama.

Juan: Binigyang diin ang Kanyang kalagayan bilang Anak Ng Dios. Ang aklat ay nagbukas na Si Jesus Ang Salita na kapahayagan Ng Dios. Ang huling talata ng Juan ay nagpapakita na hindi kayang maintindihan ng mundo ang lahat ng ginawa Ni Jesus noong Siya ay nag ministeryo sa mundo. Ito ay dagdag na patunay na siya ay Anak Ng Dios.

MGA SEKTA NG HUDYO

Ang mga Hudyo sa panahon ng Bagong Tipan ay kasapi ng iba’t ibang sekta ng grupo: Ang mga sumusunod na grupo ay nabanggit sa mga Ebanghelyo “Gospels”:

Pariseo: Ang sentro ng kanilang relihiyon ay pagsunod sa batas na kanilang binigyang kahulugan at sinusunod, at ipinatutupad. Kanilang sinusunod hindi lamang ang nakasulat na batas subalit pati ang mga sinabing tradisyon na isinalin mula sa iba’t ibang henerasyon. Sila ang pinakamalaking grupo ng mga Hudyo at ang pinaka maimpluwensiya. Sila ay naniniwala sa pagkabuhay na muli pagkatapos ng kamatayan.

Saduseo: Sila ang namamahalang grupo. Hindi sila naniniwala sa muling pagkabuhay. Tinanggap lamang nila ang mga katuruan na nakasulat sa batas at hindi ang mga sinabi lamang. Sila ay ka alyansa ng mga Romano na namumuno sa Israel noong panahon Ni Jesus.

Essences: Sila ang mahigpit na legalismo na naghahanap sa pagdating ng dalawang Mesias. Sila ay naninirahan sa nakabukod na komunidad.

Zealots: Ang mga ito ay panatiko na nationalist na narerekomenda ng karahasan bilang pagpapalaya mula sa pangunguna ng Romano.

UNANG KABANATA

MATEO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Mateo.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Mateo.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Mateo.
- Isulat ang Susing Mga Talata ng aklat ng Mateo mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat ng Mateo.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Mateo

PARA KANINO: Sa lahat ng mananampalataya, kahit nga ang unang pangkat ng mga tao na sinulatan ay para sa mga Hudyo na kung kanino niya ipinakilala si Jesus bilang Mesias, ang Anak Ni David.

LAYUNIN: Para ipaalam ang ministeryo Ni Jesus, at bigyan diin ang Kanyang tungkulin bilang Hari ng mga Hudyo.

SUSING MGA TALATA: Mateo 28: 19-20.

BUHAY AT PRINSIPYO NG MINISTERYO: Ang huling utos Ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod ay ipahayag ang Ebanghelyo at humayo sa lahat ng bansa.

PANGUNAHING TAUHAN: Si Jesus at ang labingdalawang disipolo.

BALANGKAS

Unang Bahagi: Ang Angkan ng Hari 1:1-17

- I. Pambungad: 1:1
- II. Ang mga tao sa angkan: 1: 2-16
- III. Ang plano ng angkan: 1:17

Ikalawang Bahagi: Ang Kapanganakan Ng Hari 1:18-2:23

- I. Ang pagdadalang tao: 1:18-23
- II. Ang pagsilang: 1:24-25
- III. Mga pangyayari kaugnay ng pagsilang: 2:1-23
 - A. Ang pagdalaw ng mga pantas at balak ni Herodes: 2:1-12
 - B. Ang paglalakbay tungo sa Egipto: 2:13-15
 - C. Ang paghihiganti ni Herodes: 2:16-18
 - D. Pagbalik sa tahananang Nazaret: 2:19-23

Ikatlong Bahagi: Paghahanda 3:1-4:11

- I. Paghahanda sa pagdating ng Hari: 3:1-17
 - A. Ang ministeryo at mensahe ni Juan Bautista: 3:1-12
 - B. Ang pagbautismo Sa Hari: 13-17
- II. Paghahanda ng Hari: 4:1-11
 - A. Ang Kanyang pagkatao ay sinubok ni Satanas: 1:1-4
 - B. Ang Kanyang Kadiosan ay sinubok ni Satanas: 4:5-7
 - C. Ang Pagka Panginooon niya ay sinubok ni Satanas: 4:8-11

Ika-apat na Bahagi: Ministeryo Ng Hari Ng Galilea 4:12-13:58

- I. Ang tawag ng pagsisisi: 4: 12-17
- II. Ang apat na mangingisda ay tinawag na maging disipolo: 4:18-22
- III. Ang maagang tagumpay at katanyagan: 4:23-25
- IV. Mga Prinsipyo at pag-uugali ng mamamayan ng Kaharian: 5: 1-7:28
 - A. Mga ugali na dapat mayroong ang mamamayan ng Kaharian: 5:1-7:28
 - B. Ang patutoo ng mamamayan ng Kaharian: Ilaw at asin: 5:13-16
 - C. Ang kaugnayan ng mga prinsipyo ng Kaharian sa mga batas at propeta: 5:17-48
 - 1. Ang pangkalahatang batas Ng Dios: 15:17-20
 - 2. Ang bagong batas: 15:21-48
 - a. Pagpatay: 15:21-16
 - b. Pakikiapid: 15:27-20
 - c. Diborsiyo: 15:31-32

- d. Panunumpa: 15:33-37
 - e. Pakikitungo sa iba: 15:38-48
 - D. Tatlong ugali sa pagsamba sa Kaharian: 6:1-18
 - 1. Pagbibigay: Pagtingin sa labas: 6:1-4
 - 2. Panalangin: Pagtingin sa itaas: 6:5-15
 - 3. Pag-aayuno: Pagtingin sa sarili: 6:16-18
 - E. Mga dapat unahin ng mga mamamayan ng Kaharian: 6:19-33
 - 1. May kaugnayan sa pinahahalagahan : 6:19-21
 - 2. May kaugnayan sa paglilingkod: 6:22-24
 - 3. May kaugnayan sa pangangailangang material: 6:25-34
 - 4. Ang tamang prayoridad: Ang Kaharian: 6:33
 - F. Ang tamang ugali sa mga mamamayan ng Kaharian: 7:1-29
 - 1. Paghatol: 7:1-5
 - 2. Pag-aalaga sa mga banal: 7:6
 - 3. Panalangin: 7:7-12
 - a. Tatlong uri ng panalangin: Paghingi, paghanap, pagkatok: 7:7-8
 - b. Ang paghahambing sa pagitan ng tugon ng natural na mga ama, at ang Ama sa Langit: 7:9-11
 - G. Espesyal na babala sa mamamayan ng Kaharian: 7:1-29
 - 1. Dalawang pintuan: 7:13-14
 - 2. Mga bulaang propeta: 7:15-20
 - 3. Ang katibayan ng tao Ng Dios: Gumagawa ng Kalooban Niya: 7:21-23
 - 4. Ang paghahambing sa matalino at hangal na lalaki: 7:24-27
 - H. Pagkamangha sa doktrina Ni Jesus: 7:28-29
- V. Ang kapangyarihan ng Hari: 8:1-9:38
- A. Kapangyarihan sa karamdaman: 8:1-17
 - 1. Kagalingan ng ketongin: 8:1-4
 - 2. Kagalingan ng alipin ng kapitang Romano: 8:5-13
 - 3. Kagalingan ng biyenang ni Pedro: 8:14-15
 - 4. Kagalingan ng lahat na karamdaman: 8:16-17
 - B. Kapangyarihan sa Kanyang disipolo: 8:18-22
 - C. Kapangyarihan sa mga natural na elemento: 8:23-27
 - D. Kapangyarihan sa mga demonyo: 8:28-34
 - E. Kapangyarihan sa kasalanan: 9:1-8
 - F. Kapangyarihan sa tao: 9:9-17
 - 1. Ang pagtawag kay Mateo: 9:9
 - 2. Pagkain kasama ang mga makasalanan: 9:10-13
 - 3. Pagtugon sa hamon: 9:14-17
 - G. Kapangyarihan sa kamatayan: Ang anak na babae ng pinuno: 9:18-19, 23-26
 - H. Kapangyarihan sa pisikal na kalagayan: 9:20-38
 - 1. Babaing dinidugo: 9:20-22
 - 2. Pagkabulag: 9:27-31
 - 3. Pagkapipi at inaalihan ng demonyo: 9:32-34
 - 4. Ang pagkahabag Ni Jesus: 9:35-38

- VI. Pagsugo ng Hari: 10:1-42
 - A. Ang labingdalawang misyonero at ang kanilang kapangyarihan: 10:1-4
 - B. Mga tagubilin para sa paglalakbay: 10:5-41
 - 1. Saan pupunta: 10:5-6
 - 2. Ang ministeryo: 10:7-8
 - 3. Tagubiling materyal: 10:9-15
 - 4. Tagubiling espirituwal: 10:16-42
- VII. Mga Pakikitungo sa Kaharian: 11:1-30
 - A. Hindi naunawaan ang kaharian: 11:1-11
 - B. Makasalanang Kaharian: 11:12-19
 - C. Tinanggihan ang Kaharian: 11:20-24
 - D. Tinanggap ang Kaharian: 11:25-30
- VIII. Mga Kontrobersyo laban sa Mga Pariseo: 12: 1-14
 - A. Pag-ani sa Sabbath: 12:1-8
 - B. Pagappagaling sa Sabbath: 12:9-13
 - C. Ang mga resulta: 12:14-21
- IX. Ang walang kapatawaran na kasalanan: 12:22-37
- X. Ang tugon Ni Jesus sa mga hinihingi ng mga Pariseo: 12:38-45
- XI. Ang prayoridad na espirituwal higit sa pisikal na kaugnayan sa Kaharian: 12:46-50
- XII. Mga Talinghaga sa Kaharian: 13:1-53
 - A. Talinghaga ng Manghahasik: 13:1-9
 - B. Ang dahilan sa pagsasalita ng mga talinghaga: 13:10-17
 - C. Ang kahulugan ng talinghaga ng manghahasik: 13:18-23
 - D. Talinghaga ng mga damo: 13:24-30
 - E. Talinghaga ng buto ng mustasa: 13:31-32
 - F. Talinghaga ng lebadura: 13:33
 - G. Ang buod tugkol sa mga talinghaga: 13:34-35
 - H. Kahulugan ng talinghaga ng mga damo: 13:36-43
 - I. Talinghaga ng natatagong kayamanan sa bukid: 13:44
 - J. Talinghaga ng perlas na may malaking halaga: 13:45-46
 - K. Talinghaga ng lambat: 13:47-50
 - L. Pagtatapos na pananalita tungkol sa talinghaga: 13:51-52
- XIII. Ang pagtanggap sa Hari sa Kanyang sariling bayan: 13:53-58

Ikalimang Bahagi: Ministeryo Sa Lugar Na Malapit Sa Galilea

- I. Ang pagkamatay ni Juan Bautista: 14:1-12
- II. Ang pag-alis ni Jesus sa ibayong dagat: 14: 13-15:20
 - A. Ang pagpapakain sa 5,000: 14:13-21
 - B. Sumunod dahil sa tinapay at mga isda: 14:22-23
 - C. Paglakad sa ibabaw ng tubig: 14:24-33
 - D. Ministeryo sa Genesaret: 14:34-36
 - E. Kontrobersyo laban sa mga Pariseo at Escriba: 15: 1-20
- III. Pag-alis Ni Jesus sa lugar ng Tiro at Sidon: 15:21-28
 - A. Ang babae sa Tiro at Sidon: 15:21-28
- IV. Pag-alis Ni Jesus sa lugar ng Decapolis: 15:29-38
 - A. Ang ministeryo ng pagpapagaling malapit sa Dagat ng Galilea: 15:29-31
 - B. Pagpapakain sa 4,000: 15:32-38
- V. Ministeryo sa lugar ng Magadan: 15:39-16:4
- VI. Nagbabala sa mga disipolo tungkol sa Mga Pariseo at Saduceo: 16:5-12
 - A. Paghahanap ng tanda: 16:1-4
 - B. Babala tungkol sa kanilang doktrina: 16:5-12
- VII. Pag-alis sa Cesarea ng Filipos: 16:13-17:21
 - A. Pagsubok sa mga disipolo: 16:13-20
 - B. Pahayag sa Kanyang kamatayan, muling pagkabuhay, at pagbabalik: 16:21-28
 - C. Ang Pagbabagong-anyo: 17: 1-13
 - D. Pagpapagaling sa batang inaalihan ng demonyo: 17:14-20
- VIII. Ang maikling bisita sa Galilea: 17:22-18:35
 - A. Isang paalaala sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay: 17:22-23
 - B. Pagbabayad ng buwis sa templo: 17:24-27
 - C. Isang aralin sa kadakilaan: 18:1-6
 - D. Babala tungkol sa pagkakasala: 18:7-9
 - E. Talinghaga ng nawalang tupa: 18:10-14
 - F. Pag-aayos ng di pagkakaunawaan sa mga mamamayan ng Kaharian: 18:15-35
 1. Paano iayos ang di pagkakaunawaan: 18: 15-17
 2. Ang mga responsabilidad at pribilehiyo ng mga mamamayan sa Kaharian: 18:18-20
 3. Tanong sa pagpapatawad: 18:21-22

4. Ang Hari at ang nagkakautang sa Kanya: 18:23-25

Ika-anim na Bahagi: Ministeryo ng Hari ng Perea 19:1-20:34

- I. Pagpapagaling sa marami: 19:1-2
- II. Ang tanong tungkol sa diborsyo: 19: 3-12
- III. Pinagpala Ni Jesus ang mga bata: 19:13-15
- IV. Pakikipanayam sa binatang mayaman: 19:16-22
- V. Ang panganib ng kayamanan: 19:23-30
- VI. Talinghaga ng manggagawa : 20:1-16
- VII. Ang naantalang kamatayan at muling pagkabuhay Ni Jesus: 20: 17-19
- VIII. Ang makasariling kahilingan ng isang ina: 20:20-28
- IX. Dalawang bulag na pinagaling malapit sa Jerico: 20:29-34

Ika-pitong Bahagi: Ang Huling Linggo Ng Hari 21:1-27:31

- I. Ang maharlikang pagpasok sa Jerusalem: 21:1-11
- II. Paglilinis sa templo: 21;12-17
- III. Isinumpa ang Puno ng igos: 21:18-22
- IV. Sinubok ang kapangyarihan Ni Jesus: 21: 23-32
- V. Talinghaga ng masamang kasama: 21:33-26
- VI. Talingahga sa pista ng kasalan: 22:1-14
- VII. Pagtangka na ilagay sa alanganin Si Jesus: 22:15-45
 - A. Tanong sa pagbabayad ng buwis kay Cesar: 22:15-22
 - B. Tanong tungkol sa muling pagkabuhay: 22:23-33
 - C. Tanong tungkol sa dakilang utos: 22:34-40
 - D. Tanong Ni Jesus: 22:41-46
- VIII. Talakayan tungkol sa mga Escriba at Pariseo: 23:1-39
 - A. Sila ay nagpanggap na may kapangyarihan ng relihiyon: 23:1-3

- B. Sila ay naglalapat ng dalahin: 23:4
 - C. Inaangkin nila ang papuri: 23:5-7
 - D. Payo sa Kanyang mga disipolo: 23:8-12
 - E. Kahabaghabag na mga Escriba at Pariseo: 23:13-36
 - F. Ang dalamhati para sa Jerusalem: 23:37-39
- IX. Ang hinaharap ng Kaharian: 24:1-25:46
- A. Ang pagkasira ng templo: 24:1-2
 - B. Mga palatandaan ng wakas ng panahon: 24:3-14
 - C. Ang panahon ng kapighatian: 24: 15-22
 - D. Ang pagbabalik ni Jesus: 24:23-31
 - E. Ang talinhaga ng puno ng igos: 24:32-35
 - F. Ang araw Ng Panginoon: 24:36-41
 - G. Ang utos na magmasid: 24:42-51
 - H. Mga talinhaga tungkol sa wakas ng panahon: 25:1-46
 - 1. Ang sampung dalaga: 25:1-13
 - 2. Ang salapi: 25:14-30
 - 3. Ang mga tupa at kambing: 25:31-46
- X. Mga pangyayari bago ang pagpako sa krus: 26:1-27:31
- A. Pahayag sa nalalapit na kamatayan: 26:1-2
 - B. Ang balak na pagpatay Kay Jesus: 26:6-13
 - C. Pagpahid para sa paglilibing: 26:6-13
 - D. Pakikipagkasundo ni Judas na ipagkanulo Si Jesus: 26:14-16
 - E. Ang Huling Hapunan: 26:17-29
 - 1. Paghahanda para sa Paskuwa: 26:17-19
 - 2. Ang Huling Hapunan: 26:20-29
 - 3. Ang babala Ni Jesus at pagmamalaki ni Pedro: 26:30-35
 - F. Sa Getsemani: 26:36-46
 - G. Pagkakanulo at pagdakip: 26:47-56
 - H. Ang paglilitis Kay Jesus: 26:57-27:26

Ikawalong Bahagi: Ang Kamatayan Ng Hari At Pagtatagumpay

- I. Ang pagpapako sa krus at paglilibing: 27:27-66
 - A. Ang paglibak ng mga kawal: 27:27-31
 - B. Ang daan sa kamatayan at Kalbaryo: 27:32-54
 - C. Ang tapat na babae, ang paglilibing, at ang bantay sa libingan: 27:55-66
- II. Ang muling pagkabuhay: 28:1-15
- III. Ang Dakilang Utos: 28:16-20

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Mateo?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Mateo.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Mateo?

4. Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Mateo.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mateo mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang aklat ng Mateo ay maaring tingnan sa tatlong mga grupo ng sampung pangyayari: Ang Sermon sa Bundok ay binubuo ng sampung pangunahing bahagi (mga kabanata 5-6). Ang susunod na mga kabanata (8-10) ay talaan ng 10 mga himala. Ang susunod na grupo ng mga kabanata (11-18) ay talaan ng 10 kinakatawan ng mga reaksiyon ng mga tao Kay Jesus. Pag-aralan ang Mateo at gamitin ang batayan na ito.
2. Pag-aralan ang buhay ni Mateo. Siya ay publikano (Mateo 5:3). Siya ay naging disipulo Ni Jesus (Mateo 9:9). Makaraan ang ilang panahon siya ay itinalaga bilang apostol (Mateo 10:3) at siya ang sumulat ng Ebanghelyong ito na nagtataglay ng Kanyang pangalan.
3. Pag-aralan ang pagsubok Ni Jesus sa Mateo 4. Gamitin ang tsart para matulungan kang maunawaan ang kuwento ng pagsubok:

Ang Pagsubok Ni Jesus

Ang Pagsubok	Ang kaharian ng pagsubok	Ang “Kung”	Ang tugon Ni Jesus mula sa Biblia
Mga bato	Pisikal na pagkagutom	Kung Ikaw ang Anak Ng Dios	Deuteronomio 8:3
Tuktok ng templo	Espirituwal	Kung Ikaw ang Anak Ng Dios	Mga Awit 91:11-12 Deuteronomio 6:16
Kaharian ng mundo	Materyal	Kung sasamba Ka sa akin	Deuteronomio 6:13

4. Sa Mateo mga kabanata 1 at 2 mayroong ilang mga sinipi sa Lumang Tipan. Paghambingin ang mga sumusunod:

Mateo 1:23	Isaias 7:14
Mateo 2:2	Jeremias 23:5; Zakarias 9:9
Mateo 2:6	Mikas 5:2
Mateo 2:15	Oseas 11:1; Exodo 4:22
Mateo 2:18	Jeremias 31:15
Mateo 2:23	Isaias 11:1

5. Mula sa Mateo kabanata 10 itala ang maraming mga katangian ng disipolo na iyong makikita.
6. Pag-aralan ang Mateo 20:17-28. Itala ang pagkakaiba sa pagitan ng makamundong pinuno at ang pangunguna na inilarawan Ni Jesus.

7. Basahin ang Mateo 23 at isulat ang 10 utos para sa Kristiyanong Mga pinuno.
8. Pag-aralan ang mga sumusunod na reperensiya sa Lumang Tipan na kaugnay sa Mateo 21:1-17: Zakarias 9:9; II Mga Hari 9:13; Exodo 30:13; Mga Awit 118:26; Levitico 1:14; Isaias 56:7; Jeremias 7:11; Mga Awit 8:2
9. Pag-aralan ang mga sumusunod na susing salita sa Mateo: Kaharian, Langit, Kaharian ng Langit, humayo.
10. Pag-aral ang panalangin Ni Jesus:

- Sa Kanyang bautismo:	Lucas 3:21
- Isang ilang na pook:	Marcos 1:35
- Sa ilang	Lucas 5:16
- Buong gabi bago pumili ng disipolo:	Lucas 6:12
- Bago ang Kanyang paanyaya, "Lumapit kayo sa Akin"	Mateo 11:25-28
- Sa pagpapakain ng 5,000:	Juan 6:11
- Pagkatapos sa pagpapakain sa 5,000:	Mateo 14:23
- Nang ibinigay Niya ang Huling Hapunan:	Lucas 11:1-4
- Sa Ceasaria- Filipos:	Lucas 9:28-29
- Para sa maliliit na mga bata:	Mateo 19:13
- Bago buhayin na muli si Lazaro mula sa patay :	Juan 11:41-42
- Sa templo:	Juan 12:27-28
- Sa hapunan:	Mateo 26:26-27
- Para kay Pedro:	Lucas 22:32
- Para sa mga disipolo at sa Kanyang magiging tagasunod:	Juan 17
- Sa Getsemani:	Mateo 26:36,39,42,44
- Sa Krus:	Lucas 23:24
- Sa Emaus:	Lucas 24:30

11. Pag-aralan ang mga himala Ni Jesus:

	Mateo	Marcos	Lucas	Juan
Ketongin	8:2-3	1:40-42	5:12-13	
Alipin ng Kapitang Romano	8:5-3		7:1-10	
Biyenan ni Pedro	8:14-15	1:30-31		4:38-39
Lalaking taga Gadareno	8:28-34	5:1-15	8:27-35	
Lalaking paralitiko	9:2-7	2:3-12	5:18-25	
Babaing dinudugo	9:20-22	5:25-29	8:43-48	
Dalawang bulag na lalaki	9:27-31			
Lalaking pipi na inaalihan ng demonyo	9:32-33			
Patay na kamay	12:10-13	3:1-5	6:6-10	
Bulag,pipi inaalihan ng demonyo	12:22		11:14	
Anak na babae ng Cananea	15:21-28	7:24-30		
Batang lalaki na may epilepsy	17:14-18	9:17-29	9:38-43	
Lalaking bulag	20:29-34	10:46-52	18:35-43	
Lalaking pipi at bingi		7:31-37		
Lalaking inaalihan, sinagoga		1:23-26	4:33-35	
Lalaking bulag sa Betsaida		8:22-26		
Hukot na babae			13:11-13	
Taong namamanas			14:1-4	
Sampung ketongin			17:11-19	
Tainga ni Malcus			22:50-51	
Anak ng mataas na pinuno				4:46-54
Maysakit na lalaki, Betesda				5:1-9
Lalaking ipinanganak na bulag				9:1-7
Pinatigil ang unos	8:23-27	4:37-41	8:22-25	
Paglakad sa tubig	14:25	6:48-51		
Pagpapakain sa 5,000	14:15-21	6:35-44	9:12-17	6:5-13
Pagpapakain sa 4,000	15:32-38	8:1-9		
Isang salapi sa bibig ng isda	17:24-27			
Natuyo na puno ng igos	21:18-22	11:12-26		
Paghuli ng isda		5:1-11		
Tubig na naging alak				2:1-11
Paghuli ng isda				21:1-11
Anak na babae ni Jairus	9:18-25	5:22-42	8:41-56	
Anak na lalaki ng balo			7:11-15	
Lazaro				11:1-44

12. Pag-aralan ang mga talinghaga Ni Jesus:

	Mateo	Marcos	Lucas
Ilaw sa ilalim ng takalan	5:14-15	4:21-22	8:16;11:33
Bahay sa bato	7:24-27		6:47-49
Bagong kayo	9:16	2:21	5:36
Bagong alak	9:17	2:22	5:37-38
Maghahasik at mga lupa	13:3-8	4:3-8	8:5-8
Buto ng mustasa	13:31-32	4:30-32	13:18-19
Damo	13:24-30		
Lebadura	13:33		13:20-21
Nakatagong kayamanan	13:44		
Perlas	13:45-46		
Lambat	13:47-48		
Nawalang tupa	18:12-13		15:4-6
Dalawang may utang	18:23-24		
Manggagawa sa ubasan	20:1-16		
Dalawang anak na lalaki	21:28-31		
Masamang kasama	21:33-41	12:1-9	20:9-16
Pista ng kasalan	22:2-4		
Puno ng igos	24:32-33	13:28-29	21:29-32
Sampung dalaga	25:1-13		
Mga Salapi/ pounds	25:14-30		19:12-27
Mga tupa at kambing	25:31-36		
Buto na panahon ng anihin		4:26-29	
Nagpapautang at nanghihiram			7:41-43
Mabuting Samaritano			10:30-37
Kaibigan na nangangailangan			11:5-8
Mayamang hangal			12:16-21
Handang alipin			12:35-40
Tapat at matalinong alipin			12:42-48
Puno ng igos na walang bunga			13:6-9
Tanging upuan			14:7-14
Malaking piging			14:16-24
Pagtaya ng magugugol			14:28-33
Nawalang salaping pilak			15:8-10
Alibughang anak			15:11-32
Tusong katiwala			16:1-8
Mayamang lalaki at Si Lazaro			16:19-31
Panginoon at alipin			17:7-10
Matiyangang balo			18:2-5
Pariseo at publikano			18:10-14

IKALAWANG KABANATA

MARCOS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Marcos.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Marcos.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Marcos.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Marcos mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng aklat ni Marcos.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Marcos

PARA KANINO: Sa lahat ng mananampalataya, kahit nga ang unang pangkat ng mga tao na sinulatan ay para sa mga Romano kung saan ipinakilala Si Jesus bilang alipin.

LAYUNIN: Para ipaalam ang ministeryo Ni Jesus, at bigyan diin ang Kanyang tungkulin bilang alipin at Anak ng tao.

SUSING TALATA: Marcos 10:45

BUHAY AT PRINSIPYO NG MINISTERYO: Dapat nating hanapin kung paano tayo makapaglilingkod sa halip na paglilingkuran.

PANGUNAHING TAUHAN: Si Jesus at ang labingdalawang disipolo.

BALANGKAS

I. Panahon ng paghahanda: 1:1-13

- A. Ang pasimula ng Ebanghelyo: 1:1-3
- B. Ang ministeryo ni Juan Bautista: 1:4-8
- C. Ang bautismo Ni Jesus: 1:9-11

II. Ang ministeryo sa Galilea: 1:14-6:30

- A. Ang pasimula ng ministeryo Ni Jesus: 1:14-15
- B. Ang tawag sa mangingisda: 1:16-20
- C. Pagpapagaling sa taong inaalihan ng demonyo: 1:21-28
- D. Pagpapagaling sa biyenang ni Pedro: 1:29-31
- E. Paglago ng katanyagan: 1:32-34
- F. Ang panahon ng pananalangin: 1:35-37
- G. Ang unang paglibot sa Galilea: 1:38-39
- H. Pagpapagaling sa ketongin: 1:40-45
- I. Pagpapagaling sa lalaking paralitiko: 2:1-12
- J. Ang pagtawag kay Mateo: 2:13-14
- K. Isang pagdiriwang, pamumuna, at tugon: 2:15-22
- L. Ang pagtatalo tungkol sa Sabbath: 2:23-3:6
- M. Ministeryo sa tabi ng dagat: 3: 7-12
- N. Ang pagtatalaga sa labingdalawang disipolo: 3:13-19
- O. Ang kasipagan Ni Jesus: 3:20-21
- P. Ang walang kapatawaran na kasalanan: 3:22-30
- Q. Tunay na relasyon Kay Jesus: 3:31-35
- R. Serye ng mga talinghaga: 4:1-34
 - 1. Ang talinghaga ng mga lupa: 4:1-20
 - 2. Ang talinghaga ng ilawan: 4:21-25
 - 3. Ang talinghaga ng unti-unting paglago: 4:26-29
 - 4. Ang talinghaga ng buto ng mustasa: 4:30-34
- S. Ang unos sa dagat: 4:35-41
- T. Ang pagpapagaling sa inaalihan ng demonyo: 5:1-20
- U. Ang anak na babae ni Jairo at ang babaeng dinudugo: 5:21-43
- V. Pagtanggap ng Nazaret: 6:1-6
- W. Ang misyon ng labingdalawang disipolo: 6:7-13
- X. Ang pagkamatay ni Juan Bautista: 6:14-29
- Y. Ang ulat ng labingdalawa: 6:30

III. Ang panahon ng pagalis: 6:31-9:50

- A. Ang pagpapakain sa 5,000: 6:31-46
- B. Paglakad sa tubig: 6:47-52
- C. Ang ministeryo sa Genesaret: 6:53-56
- D. Ang pagtutuwid sa mga Pariseo: 7:1-23
- E. Ang babaing mula sa Sirofenicia: 7:24-30
- F. Pagpapagaling sa pipi at bingi: 7:31-37
- G. Pagpapakain sa 4,000: 8:1-9
- H. Ang paghingi ng tanda: 8:10-13
- I. Isang babala tungkol sa lebadura: 8:14-21
- J. Pagpapagaling sa isang bulag: 8:22-26
- K. Ang pagsusulit at aralin sa Cesaria Filipino: 8:27-9:1
- L. Ang pagbabagong –anyo Ni Jesus: 9:2-10
- M. Ang suliranin ni Elias: 9:11-13
- N. Ang pagpapagaling sa batang lalaking inaalihan ng demonyo: 9:14-29

O. Huling pagtuturo sa Galilea: 9:30-50

IV. Ang ministeryo sa Perea at Judea: 10:1-52

- A. Isang aralin tungkol sa paghihiwalay: 10:1-12
- B. Ang pagpapala ng mga bata: 10:13-16
- C. Ang lalaking mayaman: 10: 17-22
- D. Babala sa panganib ng kayamanan: 10:23-27
- E. Ang diskusyon tungkol sa gantimpala: 10:28-31
- F. Ang pagbanggit sa kamatayan Ni Jesus: 10:32-34
- G. Paghiling para makilala : 10:35-45
- H. Pagappagaling kay Bartimeo: 10:46-52

V. Mga pangyayari sa huling linggo: 11:1-15:47

- A. Ang maharlikang pagpasok sa Jerusalem: 11: 1-11
- B. Isinumpa ang Puno ng igos: 11: 12-14
- C. Paglilinis sa templo: 11:15-19
- D. Aralin tungkol sa pananampalataya: 11:20-26
- E. Sinubok ang kapangyarihan Ni Jesus: 11:27-33
- F. Talinghaga ng masamang kasama: 12:1-12
- G. Tanong tungkol sa parangal: 12:13-17
- H. Ang suliranin ng mulingpagkabuhay: 12:18-27
- I. Tanong tungkol sa Dakilang Utos: 12:28-34
- J. Tanong tungkol Kay Cristo: 12:35-37
- K. Isang babala laban sa mga Escriba: 12:38-40
- L. Ang dukhang babaing balo: 12:41-44
- M. Pananampalataya para sa hinaharap: 13:1-37
- N. Ang masamang balak ng Sanhedrin: 14:1-2
- O. Hapunan sa Betania: 14:3-9
- P. Ang masamang balak ni Judas: 14:10-11
- Q. Ang Paskuwa: 14:12-21
- R. Ang Huling Hapunan: 14:22-26
- S. Ang pagtatwa ni Pedro ay ipinahayag: 14:27-31
- T. Panalangin sa Getsemani: 14:32-42
- U. Ang pagkakanulo at pagdakip: 14:43-52
- V. Ang paglilitis ng mga Hudyo: 14:53-65
- W. Ang pagtangi ni Pedro: 14:66-72
- X. Ang paglilitis ng Romano: 15:1-21
- Y. Ang pagpapako Kay Jesus sa krus: 15:22-41
- Z. Ang paglilibing Kay Jesus: 15:42-47

VI. Ang muling pagkabuhay Ni Jesus: 16:1-8

- A. Una sa libingan: 16:1-3
- B. Ang walang laman na libingan: 16:4-6
- C. Ang pagtatalaga na ipangaral ang mensahe ng muling pagkabuhay: 16:7-8

VII. Ang pagpapakita Ni Jesus: 16:9-14

- A. Kay Mari Magdalena: 16:9-11
- B. Sa dalawang disipolo: 16:12-13
- C. Sa labingisang disipolo: 16:14

VIII. Ang Dakilang Utos: 16:15-18

IX. Ang pagakyat Ni Jesus sa langit: 16:19

X. Pagtupad sa Utos: 16:20

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Marcos?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Marcos.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Marcos?

4. Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Marcos.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Marcos mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang susing mga salita sa aklat ng Marcos: Kapagdaka, kagyat, at kaagad.
2. Pag-aralan ang buhay ni Marcos, ang may-akda ng aklat na ito na nagtataglay ng kanyang pangalan. Tingnan ang Mga Gawa 12:12,25; 13:5,13; 15:37-39; Colosas 4:10; Filemon 23-24; at I Pedro 5:13. Si Marcos ay nabanggit din sa Ebanghelyo (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan) bilang siya ay isa sa mga 12 disipolo Ni Jesus.
3. Si Jesus ay nagpakita ng maraming beses pagkatapos ng muling pagkabuhay Niya, para patunayan na Siya ay tunay na muling nabuhay mula sa mga patay. Siya ay nagpakita sa mga sumusunod:

- Maria Magdalena:	Marcos 16:9-10
- Sa ibang babae:	Mateo 28:9-10
- Dalawang disipolo tungo sa Emaus:	Marcos 16:12-13; Lucas 24:13-32
- Pedro:	Lucas 24:34
- Sa mga disipolo hindi kasama si Tomas:	Marcos 16:14; Lucas 24:36; Juan 29:19
- Sa mga disipolo kasama si Tomas:	Juan 20:26-31
- Sa pito sa tabi ng Dagat ng Galilea:	Juan 21
- Sa mga disipolo sa Galilea:	Mateo 28:16-20
- Kay Santiago:	I Corinto 15:7
- Sa mga kasama Niya sa Bundok ng Pagakyat:	Marcos 16:19; Lucas 24:44; Mga Gawa 1:3
- Kay Pablo:	I Corinto 15:5-8

4. Si Jesus ay humarap sa maraming maling paratang mula sa Kanyang mga kaaway. Pag-aralan ang Marcos 2:1-3:6 at buuin ang sumusunod na tsart:

2:1-12 2:13-17 2:18-22 2:23-28 3:1-6

Okasyon

Nagpapatang

Paratang

Sinabi para kanino

Depensa Ni Jesus

Resulta

IKATLONG KABANATA

LUCAS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Lucas.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Lucas.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Lucas.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Lucas mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat ng Lucas.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Lucas

PARA KANINO: Sa lahat ng mananampalataya, kahit nga ang unang pangkat ng mga tao na sinulatan ay para sa mga Griego kung saan ipinakilala Si Jesus bilang ganap na tao. Kanya ring binati ang isang mananampalataya, si Teofilo.

LAYUNIN: Ang layunin ay para maayos na isulat ang ministeryo Ni Jesus (Lucas 1:1-4).

SUSING TALATA: Lucas 19:10

BUHAY AT PRINSIPYO NG MINISTERYO: Ang ating misyon ay katulad ng misyon Ni Jesus: Para maabot ang mga nawawala ng mabuting balita ng Ebanghelyo.

PANGUNAHING TAUHAN: Si Jesus at ang labingdalawang disipolo.

BALANGKAS

Unang Bahagi: Paghahanda 1:1-2:52

I. Pambungad:

- A. Maikling sulat kay Teofilo: 1:1-4
- B. Ang pangitain ni Zacarias: 1:5-25
- C. Ang pangitain ni Maria: 1:26-38
- D. Ang pagbisita ni Maria kay Elisabet: 1:39-56
- E. Ang kapanganakan ni Juan Bautista: 1:57-80

II. Ang kapanganakan at pagkabata Ni Jesus:

- A. Ang kapanganakan ni Jesus: 2:1-7
- B. Ang pagbisita ng mga pastol: 2:8-20
- C. Ang pagtuli at pagbibigay ng pangalan Kay Jesus: 2:21
- D. Ang paghahandog Kay Jesus: 2:22-40
- E. Ang pagbisita Ni Jesus sa Templo: 2:41-52

Ikalawang Bahagi: Ang Pasimula Ng Ministeryo Ni Cristo 3:1-4:3

- I. Ang ministeryo ni Juan Bautista: 3:1-20
- II. Ang bautismo Ni Jesus: 3:21-22
- III. Ang tala-angkan Ni Jesus: 3:23-38
- IV. Ang pagtukso Kay Jesus: 4:1-3

Ikatlong Bahagi: Si Jesus Sa Galilea 4:14-9:62

- I. Ang hindi pagtanggap Kay Jesus sa Nazaret: 4:14-30
- II. Ang lalaking inaalihan ng demonyo sa sinagoga sa Capernaum: 4:31-37
- III. Ang pagpapagaling sa biyenang ni Pedro: 4:38-39
- IV. Dagdag na mga himala at pangangaral: 4:40-44
- V. Ang kahima-himalang paghuli ng isda at pagtawag kay Simon Pedro, Santiago, at Juan: 5:1-11
- VI. Ang paglilinis sa ketongin: 5:12-16
- VII. Ang pagpapatawad at pagpapagaling sa lalaking paralitiko: 5:17-26
- VIII. Ang tawag kay Mateo: 5:27-28
- IX. Ang pista kasama ang mga publikano: 5:29-32
- X. Mga pangungusap tungkol sa pag-aayuno: 5:33-39
- XI. Pagkuha at pagkain ng uhay sa Sabbath: 6:1-5
- XII. Pagpapagaling sa natuyong kamay: 6:6-11
- XIII. Pagpili sa labingdalawang disipolo: 6:12-16

- XIV. Ang Sermon sa Bundok: 6:17-49
- XV. Pagpapagaling sa Kapitang Romano: 7:1-10
- XVI. Binuhay na muli ang anak ng babaing balo: 7:11-17
- XVII. Ang tanong ni Juan Bautista: 7:18-35
- XVIII. Pagpahid at pagpapatawad sa makasalanang babae: 7:36-50
- XIX. Pangangaral kasama ang ilang babae: 8:1-3
- XX. Ang talinghaga ng buto at mga lupa: 8:4-15
- XXI. Talinghaga ng ilawan: 8:16-18
- XXII. Tunay na espirituwal na kaugnayan: 8:19-21
- XXIII. Pagpapatigil ng unos: 8:22-25
- XXIV. Pagpapagaling ng inaalihan ng demonyo: 8:26-40
- XXV. Pagpapagaling sa babaing dinudugo at pagkabuhay ng anak ni Jairo: 8:40-56
- XXVI. Ang misyon ng labingdalawang disipolo: 9:1-6
- XXVII. Ang pagkamatay ni Juan Bautista: 9:7-9
- XXVIII. Pagpapakain sa 5,000: 9:10-17
- XXIX. Ang pahayag ni Pedro: 9:18-22
- XXX. Pagbanggit sa kamatayan Ni Cristo: 9:22
- XXXI. Tawag sa pagiging disipolo: 9:23-27
- XXXII. Ang pagbabagong-anyo: 9:28-36
- XXXIII. Ang pagpapalaya sa batang inaalihan ng demonyo: 9:37-45
- XXXIV. Isang aralin sa kadakilaan: 9:46-48
- XXXV. Maikling pangungusap tungkol sa pagpapahintulot: 9:49-50

Ika-apat na bahagi: Si Jesus Tungo Sa Daan Ng Jerusalem 10:1-19:48

- I. Determinasyon na magtungo sa Jerusalem at ang pagtangi ng mga Samaritano: 9:51-56
- II. Maikling pananalita tungkol sa pagdidisipulo: 9:57-62
- III. Ang misyon ng pitumpu: 10:1-24
- IV. Ang talinghaga ng mabuting Samaritano: 10:25-37
- V. Hapunan kasama sin Maria at Marta: 10:38-42
- VI. Pagtuturo tungkol sa panalangin: 11:1-13
- VII. Depensa laban sa pagsalakay ng kapangyarihan ni Satanas: 11:14-26
- VIII. Ang kahalagahan ng tumutupad Ng Salita Ng Dios: 11:27-28
- IX. Paghahanap ng palatandaan: 11:29-36
- X. Paghahayag sa mga Pariseo at Escriba: 11:37-54
- XI. Mga babala: 12:1-59
 - A. Laban sa pagpapaimbabaw: 12:1-12
 - B. Laban sa kasakiman: 12:13-21
 - C. Laban sa pagkabalisa : 22-34
 - D. Tungkol sa alipin na naghihintay para sa mga panginoon: 12:35-48
 - E. Tungkol sa pagunawa sa misyon Ni Cristo: 12:49-59
- XII. Isang tawag ng pagsisisi: 13:1-9
- XIII. Ang pagpapagaling sa babaing inaalihan ng espiritu ng kahinaan : 13:10-17
- XIV. Mga talinghaga: 13:18-30
 - A. Ang buto ng mustasa: 13:18-19
 - B. Ang lebadura: 13:20-21
 - C. Ang makitid na pinto: 13:22-30
- XV. Isang mensahe mula at para kay Herodes: 13:31-33
- XVI. Isang pagtangis para sa Jerusalem: 13:34-35
- XVII. Pagpapagaling sa lalaking namamamas : 14:1-6
- XVIII. Mga talinghaga:

- A. Ang pista ng kasalan: 14:7-14
 - B. Ang dakilang piging: 14:15-24
 - C. Ang nagtatayo: 14:25-30
 - D. Ang haring nagpunta sa digmaan: 14:31-35
 - E. Ang nawalang tupa: 15:1-7
 - F. Ang nawalang salaping pilak: 15:8-10
 - G. Ang alibughang anak: 15:11-32
 - H. Ang tusong katiwala at dagdag na komentaryo para sa Pariseo: 16:1-18
 - I. Ang mayamang lalaki at si Lazaro: 16:19-31
- XIX. Mga kasalanan: 17:1-4
- XX. Paglago ng pananampalataya: 17:5-10
- XXI. Pagpapagaling sa ketongin: 17:11-19
- XXII. Ang hinaharap ng kaharian Ng Dios: 17:20-37
- XXIII. Talinghaga ng babaing balo at ang tusong hukom: 18:1-8
- XXIV. Talinghaga sa Pariseo at ang publikano: 18:9-14
- XXV. Pagtanggap sa maliliit na bata: 18:15-17
- XXVI. Ang lalaking mayaman: 18:18-30
- XXVII. Ipinahayag ang kamatayan at muling pagkabuhay Ni Jesus: 18:31-34
- XXVIII. Pagpapagaling ng lalaking bulag malapit sa Jerico: 18:35:43
- XXIX. Ang pagkahikayat ni Zaqueo: 19:1-10
- XXX. Ang Talinghaga ng salaping ginto: 19:11-27

Ika-limang Bahagi: Si Jesus Sa Jerusalem 19:28-24:53

- I. Mga pangyayari bago ang pagkamatay Ni Jesus: 19:28-23:25
 - A. Ang matagumpay na pagpasok: 19:28-48
 - B. Mga usapin tungkol sa templo: 20:1-47
 - 1. Ang tanong tungkol sa pinagaalinlanganang kapangyarihan: 20:1-8
 - 2. Ang talinghaga ng walang pananampalatayang katiwala: 20:9-18
 - 3. Ang tanong para sa pagpapahalaga kay Cesar: 20:19-26
 - 4. Ang tanong sa muling pagkabuhay: 20:27-40
 - 5. Isang tanong at babala: 20:41-47
 - C. Mga katuruan sa templo: 21:1-38

1. Ang handog ng babaing balo: 21:1-4
2. Ang hinaharap: 21:5-28
3. Ang paalaala na magmasid: 21:29-38
- D. Ang Paskuwa at huling gabi: 22:1-71
 1. Ang balak laban Kay Jesus: 22:1-6
 2. Ang paghahanda para sa Paskuwa: 22:7-13
 3. Ang huling Hapunan: 22:14-23
 4. Tunay na kadakilaan: 22:24-30
 5. Ang babala kay Pedro: 22:31-34
 6. Babala sa mga disipolo: 22:35-38
 7. Panalangin sa hardin: 22:39-46
 8. Ang pagdakup Kay Jesus: 22:47-53
 9. Pagtatwa ni Pedro: 22:54-62
 10. Ang paglilitis kay Jesus: 22:63-71
 - a. Nilibak ng mga tanod : 22:63-65
 - b. Pagtuligsa ng mga Sanedrin: 22:66-71
 - c. Ang pagdinig ni Herodes: 23:1-12
 - d. Ang pagdinig ni Pilato: 23:13-25

II. Ang kamatayan Ni Jesus: 23:26-56

- A. Ang pagpapako sa krus: 23:26-49
 1. Daan tungo sa Golgota: 23:26-31
 2. Ang pagpapako sa krus at panlilibak Kay Jesus: 23:32-38
 3. Ang nagsising kriminal: 23:39-43
 4. Ang kamatayan Ni Jesus: 23:44-49
 5. Ang libing Ni Jesus: 23:50-56

III. Ang muling pagkabuhay Ni Jesus: 24:1-12

IV. Ang ministryo pagkatapos ng muling pagkabuhay: 24:13-49

- A. Ang daan tungong Emaus: 24:13-35
- B. Ang pagpapakita sa Jerusalem: 24:36-49
- C. Ang huling utos: 24:44-49
- D. Ang pag-akyat Ni Jesus: 24:50-53

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Lucas?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Lucas.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Lucas?

4. Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Lucas.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Lucas mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Si Lucas, ang may-akda ng Ebanghelyong ito, at siya rin ang nagsulat ng aklat ng Mga Gawa. Iyong pag-aaralan ang aklat ng Mga Gawa sa kursong ito.
2. Pag-aralan ang buhay ni Lucas, ang may-akda ng aklat na ito na nagtataglay ng kanyang pangalan. Ang kanyang kuwento ay nakasulat sa apat na Ebanghelyo at aklat ng Mga Gawa.
3. Pag-aralan ang sumusunod na tsaret tungkol sa mga disipolo ni Jesus:

<u>Pangalan</u>	<u>Orihinal na Hanapbuhay</u>	<u>Lawak ng Ministeryo</u>
Pedro	Mangingisda	Unang pinuno ng iglesya
Santiago anak Ni Zebedee	Mangingisda	Judea
Juan	Mangingisda	Jerusalem, Efeso, itinapon sa Patmos
Andres	Mangingisda	Scythia, Gresya, Asia
Felipe	Hindi alam	Phrygia
Bartolome	Hindi alam	Armenia (ngayon ay Turkey at Iran)
Tomas	Hindi alam	Parthia, Persia, India
Mateo	Taga kolekta ng buwis	Ethiopia
Santiago	Hindi alam	Palesteyo, Egipto
Judas	Hindi alam	Assyria, Persia
Simon na Zealot	Hindi alam	Hindi alam
Judas	Hindi alam	Wala

IKA-APAT NA KABANATA

JUAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Juan.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Juan.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Juan.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Juan mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat ng Juan.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Juan

PARA KANINO: Sa lahat ng mananampalataya, kung kanino inilarawan ni Juan Si Jesus bilang Anak ng Dios.

LAYUNIN: Para kumbinsihin na Si Jesus ang Mesias, ang Anak Ng Dios, at akayin ang mga tao sa walanghanggang buhay.

SUSING TALATA: Juan 20:31

BUHAY AT PRINSIPYO NG MINISTERYO: Si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay Na Dios, pinanggagalingan ng kaligtasan at daan sa buhay na walanghanggan.

PANGUNAHING TAUHAN: Si Jesus, Juan Bautista, ang labingdalawang disipolo.

BALANGKAS

Unang Bahagi: Pambungad 1:1-51

- I. Pagpapakilala Kay Jesus, Ang Cristo: 1:1-18
 - A. Si Jesus, ang Salita, nakaraan: 1:1-3
 1. Mula sa simula: 1:1
 2. Kasama Ng Dios: 1:1
 3. Siya'y Dios: 1:1
 4. Ang manglilikhang salita: 1:2-3
 - B. Si Jesus , ang buhay at ilaw: 1:4-13

1. Ang buhay at ilaw ng mga tao: 1:4
2. Ang ilaw na nakikita sa kadiliman: 1:5
3. Ang ilaw kung saan nagbigay ng patotoo si Juan Bautista: 1:6-8
4. Ang tunay na ilaw ng tao: 1:9
5. Hindi tinanggap ng ilan: 1:10-11
6. Tinanggap ng iba: 1:12-13
- C. Pagkakatawang tao Ni Jesus: 1:14-18
 1. Ipinanganak mula Sa Dios: 1:14
 2. Ang Salita ay nagkatawang tao at nanirahan kasama natin: 1:14
 3. Si Juan Bautista ay nagbigay ng patotoo tungkol sa Salita na nagkatawang tao: 1:15
- D. Si Jesus, ang kapuspusan ng biyaya Ng Dios: 1:16-18

II. Ang patotoo ni Juan: 1:19-34

- A. Para Kay Jesus Ang Mesias: 1:19-28
 1. Ang pagtatanong: 1:19-22
 2. Ang tugon: 1:23
 3. Ang mga nagtatanong: 1:24
 4. Dagdag na pagtatanong: 1:25
 5. Ang tugon: 1:26-27
 6. Ang lugar ng pag-uusap: 1:28
- B. Para Kay Jesus ang Kordero at ang Anak: 1:29-36
 1. Ang Bautismo: 1:29-34
 2. Ang pagtanggap: 1:35-36

III. Ang unang mga disipolo: 1:35-51

- A. Andres: 1:34-40
- B. Simon: 1:40-42
- C. Felipe: 1:43-44
- D. Nataniel: 1:45-51

Ikalawang Bahagi: Pampublikong Ministeryo 2:1-12:50

I. Ginawang alak ang tubig: 2:1-10

- A. Ang tagpo: 2:1
- B. Ang mga tauhan: 2:2
- C. Ang problema: 2:3-5
- D. Ang mahimalang solusyon: 2:6-11

II. Kapangyarihan sa templo: 2:12-25

- A. Pagbabago sa Jerusalem: 2:12-13
- B. Ang paglilinis sa templo: 2:14-22

1. Ang paglilinis: 2:14-16
 2. Ang naalaala ng mga disipolo: 2:17
 3. Ang propesiya: 2:18-21
 4. Ang naalaala ng mga disipolo: 2:22
 - C. Reaksiyon sa paglilinis: 2:23-25
- III. Pagkahikayat Ni Nicodemo: 3:1-21
- A. Ang tagpo: 3:1-2
 - B. Ang deklarasyon: 3:2
 - C. Ang tugon: 3:3
 - D. Ang unang tanong: 3:4
 - E. Ang tugon: 3:5-8
 - F. Ang ikalawang tanong: 3:9
 - G. Ang tugon: 3:10-21
- IV. Patotoo ni Juan Bautista Kay Jesus: 3:22-36
- A. Ang tagpo: 3:22-24
 - B. Ang tanong: 3:25-26
 - C. Ang tugon: 3:27-36
- V. Misyon sa mga Samaritano: 4:1-42
- A. Ang tagpo sa Samaria: 4:1-6
 - B. Ang patotoo sa isang babae: 4:7-26
 - C. Ang pagkabigla ng mga disipolo: 4:27
 - D. Ang patotoo ng babae sa Samaria: 4:28-30
 - E. Ang pangitain ng mga disipolo: 4:31-38
 - F. Ang resulta ng misyon sa Samaritano: 4:39-42
- VI. Isang himala sa Galilea: 4:43-54
- A. Pagbabago sa Galilea: 4:43-54
 - B. Pagpapagaling sa anak na lalaki ng mataas na pinuno: 4:46-54
- VII. Kagalingan sa karamdaman sa Sabbath: 5:1-47
- A. Pagpapagaling sa Sabbath: 5:1-9
 - B. Ang mga Hudyo at ang lalaking pinagaling: 5:10-13
 - C. Si Jesus at ang lalaking pinagaling: 5:15-18
 - D. Ang mga Hudyo at ang lalaking pinagaling: 5:15-18
 - E. Isang pangaral pagkatapos ng pagpapagaling: 5:19-47
 1. Pahayag Ni Jesus tungkol sa pagkapantay Nila Ng Dios: 5:19-29
 - a. Sa mga gawa: 5:19-21
 - b. Sa muling pagkabuhay: 5:21

- c. Sa paghuhukom: 5:22-29
- d. Sa karangalan: 5:23
- 2. Patotoo sa banal na pahayag Ni Jesus: 5:30-40
 - a. Isang patotoo sa Kanyang sarili: 5:30-32
 - b. Juan Bautista: 5:33-35
 - c. Ang mga gawa Ni Jesus: 5:36
 - d. Ang Ama: 5:37-38
 - e. Ang Biblia: 5:39
- 3. Paghatol sa kawalan ng paniniwala: 5:40-47

VIII. Si Cristo ang Tinapay ng Buhay: 6:1-15

- A. Ang tagpo: 6:1-4
- B. Ang problema: 6:5-7
- C. Ang pagpapakain sa limang libo: 6:8-13
- D. Nakabibigong mga resulta: 6:14-15

IX. Takot sa pananampalataya sa gitna ng unos: 6:16-21

X. Kasunod pagkatapos ng pagpapakain sa 5,000: 6:22-71

- A. Ang muling pagtitipon ng “limang libo”: 6:22-24
- B. Pag-uusap tungkol sa Tinapay ng Buhay: 6:25-71
 - 1. Ang tinapay ni Moises inihambing sa Tinapay Ni Jesus: 6:25-34
 - 2. Ang tinapay na nagbibigay ng walanghanggang buhay: 6:35-40
 - 3. Ang buhay na tinapay mula sa Langit: 6:41-51
 - 4. Ang tinapay sa pagkamatay Ni Cristo: 6:52-59
- C. Ang resulta ng pag-uusap: 6:60-71
 - 1. Marami ang tumalikod: 6:60-66
 - 2. Ang labingdalawa ay naiwan: 6:67-71

XI. Si Jesus sa pista ng Jerusalem: 7:1-53

- A. Paglalakbay sa Jerusalem: 7:1-10
- I. Ang doktrina ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya: 3:1-4:7
 - A. Pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya: 3:1-14
 - 1. Ang pabago-bago sa kanilang ugali: 3:1-5
 - a. Pagtalikod Kay Cristo: 3:1
 - b. Tanong tungkol sa pagsisimula ng kanilang buhay Kristiyano: 3:2
 - c. Tanong tungkol sa kanilang paraan ng kaganapan: 3:3
 - d. Ang tanong tungkol sa kanilang pagdurusa bilang mananampalataya: 3:4
 - e. Ang tanong tungkol sa batayan ng pagkilos Ng Dios sa kanila: 3:5
 - B. Ang halimbawa ng pag-aaring ganap ni Abraham: 3:6-9
 - 1. Ang paraan ng pag-aaring ganap ni Abraham: 3:6
 - 2. Ang pagkakakilanlan ng mga anak ni Abraham: 3:7
 - 3. Ang pahayag ng Dios kay Abraham bilang pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya: 3:8
 - 4. Ang tagapagmana ng pagpapala ni Abraham: 3:7
 - C. Pagpapalaya mula sa kautusan at mga gawa sa pamamagitan Ni Jesu- Cristo: 3:10-14
 - 1. Ang sumpa sa mga nasa ilalim ng kautusan: 3:10
 - 2. Ang hindi kakayahan ng kautusan at mga gawa para sa inaring –ganap: 3:11-12
 - 3. Pagpapalaya mula sa sumpa sa pamamagitan Ni Jesus: 3:13-14
 - a. Ang paraan ng pagpapalaya mula sa sumpa: 3:13
 - b. Ang pakay ng pagpapalaya mula sa sumpa: 3:14
 - D. Ang hangganan ng kautusan at ang kaugnayan nito sa pananampalataya: 3:15-14:7
 - 1. Ang pakikipagtipan ng pananampalataya kay Abraham: 3:15-18
 - a. Ang pakikipagtipan ay pinagtibay: 3:15
 - b. Ito ay para kay Abraham at sa kanyang mga anak: 3:16
 - c. Ang pangako ay hindi nabago ng kautusan: 3:17
 - d. Ang mana ay hindi sa pamamagitan ng kautusan subalit sa pamamagitan ng pangako: 3:18
 - 2. Ang tunay na lugar at pakay ng kautusan: 3:19-20

- a. Ang panandaliang likas ng kautusan: 3:19-20
 - b. Ang hindi kakayahan ng kautusan na magbigay ng buhay: 3:21-22
 - c. Ang kautusan ay instrumento para magdala sa atin Kay Cristo: 3:23-29
 - E. Ang pagkakaiba ng kautusan at pananampalataya: 4:1-7
 - 1. Ang paglalarawan ng katatayuan ng tagapagmana bilang bata: 4:1-2
 - 2. Paglalapat ng paglalarawan sa mananampalataya: 4:3-6
 - a. Pagkaalipin noong bata pa: 4:3
 - b. Malaya bilang anak: 4:4-6
 - 3. Ang pagwawakas para sa mananampalataya: 4:7
- II. Ang panawagan sa mga mananampalataya na taga Galacia na tumigil sa kanilang pagiging legalismo: 4:8-31
- A. Ang pagtanggap sa pagiging legalismo ng Hudyo ay pagbalik sa pagkaalipin: 4:8-11
 - 1. Ang kanilang kalagayan ng pagkaalipin: 4:8
 - 2. Ang pagpapalaya sa kanila mula sa pagkaalipin: 4:9
 - 3. Ang legalismo ay pagbalik sa pagkaalipin: 4:9-10
 - 4. Ang kanilang kilos ay nagdulot ng pagkabahala kay Pablo: 4:11
 - B. Ang panawagan mula sa kanyang kaugnayan sa kanila: 4:12-20
 - 1. Panawagan sa kanila para angkinin ang posisyon ni Pablo: 4:12
 - 2. Ang paalala sa kanyang nakaraang kaugnayan sa kanila: 4:12-14
 - 3. Ang pagbabago ng kanilang kaugnayan sa kanya: 4:15-18
 - 4. Ang pagdaramdam na kanyang naranasan para sa kanila: 4:19-20
 - C. Ang panawagan mula sa magkaibang tipan, kautusan at biyaya: 4:21-31
 - 1. Tanong tungkol sa pagnanais na magpailalim sa kautusan: 4:21
 - 2. Ang kuwento ng dalawang anak ni Abraham: 4:22-23
 - 3. Ang pagpapaliwanag sa kuwento: 4:23-24
 - a. Ang dalawang paraan ay nagpapakilala ng dalawang pakikipagtipan: 4:24
 - b. Ang paglalarawan ng dalawang pakikipagtipan: 4:24-28
 - (1) Ang isa ay kinakatawan ng pagkaalipin: 4:24-25
 - (2) Ang isa naman ay kumakatawan sa kalayaan: 4:26-28
 - c. Ang pagpapaalis ng anak sa pagkaalipin: 4:29-30
 - d. Wakas ng kuwento: 4:31

Ikatlong Bahagi: Ang Kalayaan Ng Ebanghelyo Praktikal na Paglalapat 5:1-6:18

- I. Ang tawag na panatilihin ang kalayaan ng Kristiano: 5:1-12
 - A. Ang peligro sa pagtutuli: 5:2-6
 - 1. Ginawa nito na Si Cristo ay walang pakinabang sa kanila: 5:2
 - 2. Ginawa nito na sila ay nasa ilalim ng buong kautusan: 5:3

3. Inihiwalay sila mula Kay Cristo: 5:4
4. Ito ay pagbagsak mula sa biyaya: 5:4
5. Ang tamang Kristiyanong ugali: 5:5-6
- B. Ang paghatol sa maling guro: 5:7-12
 1. Ang kanilang pagkakamali: 5:7-8
 2. Halimbawa ng kanilang pagtuturo: 5:9
 3. Paghatol sa isang gumagambala sa kanila: 5:10-12

II. Ang buhay ng Kristiyanong may kalayaan: 5:13-6:10

- A. Ang buhay pinapatnubayan ng pag-ibig: 5:13-15
 1. Ang mananampalataya ay tinawag sa kalayaan: 5:13
 2. Ang tamang paggamit sa kalayaang Kristiyano: 5:13
 3. Ang katuparan ng kautusan sa pamamagitan ng pag-ibig: 5:14
 4. Ang resulta ng kakulangan ng pag-ibig: 5:15
- B. Ito ay paglakad sa Espiritu, hindi sa laman: 5:16-25
 1. Ang utos na lumakad sa Espiritu: 5:16
 2. Ang labanan sa pagitan ng Espiritu at ng laman: 5:17-18
 3. Ang pagkakaiba sa pagitan ng gawa ng laman at Ng Espiritu: 5:19-23
 - a. Ang gawa ang laman: 5:19-21
 - b. Ang bunga Ng Espiritu: 5:22-23
 4. Ang mga tao na namumuhay sa Espiritu: 5:24-25
 - a. Kanilang ipinako ang laman: 5:24
 - b. Sila ay namumuhay at lumalakad Sa Espiritu: 5:25
- C. Ito ay buhay na parehong magdamayan sa pagdala ng suliranin: 5:26-6:10
 1. Mangagdalahan ng mga kamalian: 5:26-6:5
 - a. Ang babala laban sa maling ugali sa iba: 5:26
 - b. Ang ugali ng mababangloob sa panunumbalik ng nagkasala: 6:1
 - c. Ang tungkilin ng dalahan ng pasanin: 6:2
 - d. Ang tamang ugali sa sarili: 6:3-5
- D. Ito ay buhay na pinangungunahan ng pangkalahatang prinsipyo: 6:6-10
 1. Ang prinsipyo ng pakikipagusap: 6:6
 2. Ang prinsipyo ng esprituwal na pag-aani : 6:7-8
 3. Ang prinsipyo ng paggawa ng mabuti: 6:9-10

III. Ang pagwawakas:

- A. Ang pagtukoy sa malaking titik: 6:11
- B. Pagsansala sa kanyang mga kalaban: 6:12-13
- C. Ang kanyang pagmamapuri sa krus: 6:14-16
 1. Pagluwalhati sa krus: 6:14
 2. Pagpapako sa krus sa pamamagitan ng krus: 6:15
 3. Pagpapala sa mga tumanggap ng prinsipyong ito: 6:16
 4. Tinaglay niya ang marka ng Panginoon sa kanyang sariling katawan: 6:17

IV. Ang basbas: 6:18

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Galacia?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Galacia.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Galacia?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Mga Taga Galacia.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Galacia mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Tingnan ang Habacuc 2:4. Ang talatang ito ay sinipi sa Galacia 3:11.
2. Pag-aralan ang pagkakaiba sa pagitan ng bunga ng Espiritu Santo at ang gawa ng laman: Galacia 5:19-23.
3. Ang susing salita ng Galacia ay kalayaan. Ito ay ginamit ng 11 beses. Hanapin ang talatang ito at ibuod kung ano ang itinuro tungkol sa kalayaan.
4. Paghambing si Pablo bago at pagkatapos ng pagkahikayat niya: Galacia 1:13-17
5. Ang maling doktrina sa iglesia sa Galacia ay tinukoy ni Pablo na “ibang ebanghelyo.” Ang mga mananampalatayang ito ay naghahanap ng katuwiran sa pamamagitan ng kautusan (5:4). Iniuutos nila na ipangilin ang natatanging araw (4:10) at ang pagtutuli ay kinakailangan sa kaligtasan (5:2; 6:12-13). Sila ay naghahanap na dagdagan ang gawa Ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng kautusan at ng kanilang mga gawang kabutihan (3:3). Ipinipilit nila ang paggawa ng kautusan ni Moises (4:21). Hindi dahil kanilang tinatanggi ang Ebanghelyo , kundi nag dagdag sila sa legalismo at rituwal na ideya sa Ebanghelyo.
6. Pag-aralan ang pagkakaiba ng aklat ng Galacia. Ito ay mga pananampalataya laban sa mga gawa; Ang Espiritu laban sa laman; biyaya laban sa kautusan; pagtutuli laban sa bagong nilalang; krus laban sa mundo, kalayaan laban sa pagkaalipin; ang natural (Ismael) laban sa espirituwal (Isaac).

7. Mga bagay na dapat dalhin:

- Mamunga ng bunga: Galacia 5:22-23
- Mangagdalahan ng pasanin: Galacia 6:2
- Pasanin ang anak: Galacia 4:7-9
- Pasanin ang tanda: Galacia 6:17 (ang tatak ng Panginoong Jesus)

IKA-SIYAM NA KABANATA

MGA TAGA EFESO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Efeso.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Efeso.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Efeso.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Efeso mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng aklat ng Mga Taga Efeso.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Sa iglesia sa Efeso.

LAYUNIN: Para ipaalam sa mga mananampalataya ang kanilang kayamanan Kay Cristo at turuan tungkol sa kanilang paglakad Kay Cristo.

SUSING TALATA: Mga Taga Efeso 1:3

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang mga mananampalataya ay tagapagmana ng mga pagpapala (ang kayamanan) at ang mga responsabilidad (ang paglakad) ng kanilang pagkatawag Ni Cristo.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, at si Tiquico

BALANGKAS

Unang Bahagi: Ang Ating Kayamanan Kay Cristo 1:1-3:31

- I. Pambungad: 1:1-2
 - A. Mula Kay Pablo: 1:1
 - B. Sa mga banal at mga taga Efeso: 1:1
 - C. Pagpapala at kapayapaan mula sa Dios at Kay Jesus: 1:2
- II. Papuri para sa espirituwal na tinatangkilik: 1:3-14
 - A. Pinili Niya tayo: 1:4
 - B. Itinalaga Niya tayo: 1:5-6
 - C. Mayroong tayong katubusan sa Kanya: 1:7
 - D. Nagpapakita Siya ng karunungan sa atin: 1:8
 - E. Kanyang ipinahahayag ang misteryo ng Kanyang kalooban: 1:9-10
 - F. Sa Kanya, nagkaroon tayo ng mamamahin: 1:11-12
 - G. Tayo ay nagkaroon ng tatak ng Espiritu: 1:13-14
- III. Panalangin para sa espirituwal na pagkaunawa sa pamamagitan Ni Cristo: 1:15-23
 - A. Ang batayan ng panalangin: 1:15
 - B. Ang likas ng panalangin: 1:16
 - C. Ang Dios na inalayan ng panalangin: 1:17
 - D. Ang mga kaloob na hiniling sa panalangin: 1:17
 - 1. Karunungan.
 - 2. Kapahayagan sa pagkaunawa sa Kanya.
 - E. Ang pakay ng panalangin: 1:18-23
 - 1. Na kanilang mapagtanto ang pag-asa ng pagkatawag Niya: 1:18
 - 2. Na kanilang matanggap ang masaganang kayamanan ng Kanyang mana: 1:18
 - 3. Na kanilang malaman ang Kanyang kapangyarihan: 1:19-23
 - a. Ang likas ng Kanyang kapangyarihan: 1:19
 - b. Ang pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan Kay Cristo: 1:20-23
- IV. Ang ating kalagayan Kay Cristo: 2:1-10

- A. Bago Kay Cristo: 2:1-3
 - 1. Patay ang espiritu: 2:1
 - 2. Lumakad ayon sa daan ng mundo: 2:2
 - 3. Nagpailalim kay Satanas: 2:2
 - 4. Hindi masunuring espiritu: 2:2
 - 5. Masamang pag-uusap: 2:3
 - 6. Kinapopootan ng Dios: 2:3
 - 7. Namumuhay ayon sa laman: 2:3
 - a. Nasa ng laman: makamundong pagnanasa
 - b. Nasa ng isipan: makamundong hangarin
 - B. Ang ating bagong kalagayan Kay Cristo: 2:4-10
 - 1. Binuhay: 2:5
 - 2. Naligtas dahil sa kagandahang loob: 2:5
 - 3. Binuhay para makasama sa kalangitan: 2:6
 - 4. Kagandahang loob Ng Dios: 2:7
 - C. Ang dahilan para sa bagong kalagayan: 2:8-10
 - 1. Kaligtasan na : 2:8
 - a. Sa pamamagitan ng pananampalataya: 2:8
 - b. Kaloob Ng Dios: 2:8
 - 2. Kaligtasan na hindi: 2:8-9
 - a. Sa ating sarili: 2:8
 - b. Sa ating mga gawa: 2:9
 - 3. Ang patuloy na pagkilos Ni Cristo Jesus sa ating mga buhay: 2:10
- V. Ang ating lumang kaugnayan: 2:11-12
- A. Walang Cristo: 2:12
 - B. Taga ibang lupa: 2:12
 - C. Banyaga: 2:12
 - D. Walang pag-asa: 2:12
 - E. Walang Dios: 2:12
- VI. Ang bagong kaugnayan: 2:19-22
 “Kaya nga kayo ay...”
- A. Kababayan na kasama ng mga banal: 2:19
 - B. Kaanib sa isang pamilya: 2:19
 - C. Itinayo sa pundasyon: 2:20
 - D. Bahagi ng gusali: 2:21
 - E. Tahanan ng isang Espiritu: 2:22
- VII. Paano ang pagbabago ay nangyari: 2:13-18
 “Subalit ngayon ay Kay Cristo Jesus...”
- A. Nalayo: Inilapit: 2:13
 - B. Di pagkakaisa: Pinagisa ang dalawa: 2:14

- C. Pagkakabaha-bahagi: Giniba ang pader na nasa gitna: 2:14
- D. Inalis ang pagkakaalit: Inalis ang awayan: 2:15
- E. Inalis ang pagtatangi: 2:15-18
 - 1. Isang bagong tao: 2:15
 - 2. Pagkasunduin Sa Dios: 2:16
 - 3. Kapayapaan Sa Dios: 2:17
 - 4. Daan Sa Dios: 2:18
 - 5. Wala ng banyaga at taga ibang bayan: 2:19-22
 - a. Kababayan: 2:19
 - b. Naitayo sa tamang pundasyon: 2:20
 - c. Isang tamang espirituwal na gusali: 2:21
 - d. Isang banal na templo Sa Panginoon: 2:21
 - e. Isang tahanan Ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu: 2:22

VIII. Pagpapahayag ng banal na hiwaga: 3:1-12

- A. Si Pablo bilang mensahero ng hiwaga: 3:1-13
 - 1. Ang kanyang kaugnayan sa hiwaga: 3:1-5
 - a. Ang kanyang kalagayan bilang bilanggo para sa mga Hentil: 3:1
 - b. Ang kanyang pagiging katiwala ng biyaya Ng Dios para sa mga Hentil: 3:1
 - c. Ang kanyang pagkakilala sa hiwaga sa pamamagitan ng pahayag: 3:3-5
 - 2. Salaysay ng hiwaga: 3:6
 - 3. Ang ministeryo ni Pablo kaugnay ng hiwagang ito: 3:7-12
 - a. Ang pinagmulan ng kanyang ministeryo: 3:7
 - b. Ang palagay ng nagbigay ng ministeryong ito: 3:8
 - c. Ang nilalaman ng ministeryo: 3:8-9
 - d. Ang pakay ng ministeryong: 3:10-11
 - e. Ang pagpapala ng ministeryo: 3:12
 - f. Ang pagdurusa ng ministeryo: 3:13

IX. Pagkakaroon ng banal na hiwaga: 3:14-21

- A. Pambungad para sa pananalangin para sa pagkakaroon: 3:14-15
- B. Ang kahilingan: 3:16-17
 - 1. Na sila ay mapalakas sa kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu sa pagkataong loob: 3:16
 - 2. Na kanilang maranasan ang presensiya Ni Cristo: 3:17
 - 3. Na sila ay magugat at magtumibay sa pag-ibig: 3:17
 - 4. Na sila ay magkaroon ng espirituwal na pagkaunawa ng pag-ibig Ni Cristo: 3:18-19
 - a. Ang hangganan nito: 3:18
 - b. Ang banal na likas: 3:19
 - 5. Na sila ay mapuspos ng kapuspusan Ng Dios: 3:19
- C. Pagtatapos ng panalangin: 3:20-21

1. Ang kakayahan ng Isang pinahalagahan: 3:20
2. Papuri sa Isang pinahalagahan: 3:21

Ikalawang Bahagi: Ang Ating Paglakad Kay Cristo 4:1-6:24

I. Ang samahang paglakad ng iglesya : Lumakad ng karapatdapat: 4:1-16

- A. Sa pamamagitan ng tamang ugali: 4:2
 1. Kapakumbabaan.
 2. Kaamuan.
 3. Pagpapahinuhod.
 4. Mangagbatahan sa pag-ibig.
- B. Sa pamamagitan ng pagkikipagkaisa: 4:3-6
 1. Sa kapayapaan: 4:3
 2. Isang katawan: 4:4
 3. Isang Espiritu: 4:4
 4. Isang pag-asa ng pagtawag sa inyo: 4:4
 5. Sa Isang Panginoon: 4:5
 6. Sa isang pananampalataya: 4:5
 7. Sa isang bautismo: 4:5
 8. Sa Isang Dios: 4:6
 - a. Ama ng lahat.
 - b. Sumasa ibabaw sa lahat.
 - c. Sumasa lahat.
 - d. Nasa lahat.
- C. Sa pamamagitan ng halimbawa Ni Cristo: 4:7-10
- D. Sa pamamagitan ng tamang istraktura: 4:11-13
 1. Mga espirituwal na kaloob: 4:11
 - a. Mga Apostol.
 - b. Mga Propeta.
 - c. Mga Evangelista.
 - d. Mga Pastor.
 - e. Mga Guro.
 2. Ang kanilang mga pakay: 4:12-16
 - a. Sa ikasasakdal ng mga banal: 4:12
 - b. Gawaing paglilingkod: 4:12
 - c. Ikatitibay ng katawan Ni Cristo: 4:12
 - d. Pagkakaisa sa pananamapalataya: 4:13
 - e. Pagkakilala sa Anak Ng Dios: 4:13
 - f. Kasakdalan katulad Ni Cristo: 4:14
 - g. Espirituwal na paglago: 4:14-15
- E. Sa pagiging bahagi ng Katawan: 4:16
 1. Nakalapat na mabuti.
 2. Ang bawat bahagi ay gumagawa sa nauukol na lugar.
 3. Lumalago sa pamamagitan ng ikatitibay ng pag-ibig.

II. Ang pang-isahang paglakad ng mananampalataya: 4:17-5:2

- A. Paano ang hindi dapat na paglakad: 4:17-25
 - 1. Sa pagpapalalo ng pagiisip: 4:17
 - 2. Sa kadiliman ng pagiisip: 4:18
 - 3. Nahiwalay mula sa buhay Ng Dios dahil sa kahangalan at pagkabulag: 4:18
 - 4. Napahikayat sa kalibugan, kalakalin ang lahat ng karumihan, at kasakiman: 4:19
- B. Paano lumakad: 4:20-5:2
 - 1. Kay Cristo: 4:20-21
 - 2. Iwan ang lumang pagkatao: 4:22
 - 3. Pagbabago ng espiritu ng pagiisip: 4:23
 - 4. Nangagbihis ng bagong pagkatao: 4:24
 - 5. Itakwil ang makasalanang paguugali: 4:25-30
 - a. Kasinungalingan: 4:25
 - b. Galit: 4:26-27; 31
 - c. Pagnanakaw: 4:28
 - d. Salitang mahalay: 4:29
 - e. Pighatiin ang Espiritu: 4:30
 - f. Kapaitan: 4:31
 - g. Pagkakaalit: 4:31
 - h. Galit: 4:31
 - i. Masamang pagsasalita: 4:31
 - j. Masamang akala: 4:31
 - 6. Magkaroon ng makatuwirang paguugali: 4:32-5:1
 - a. Magandang loob: 4:32
 - b. Mahabagin: 4:32
 - c. Mangagpatawad: 4:32
 - d. Bilang masunuring anak: 5:1

III. Ang ating paglakad kaugnay ang mundo: 5:2-21

- A. Lumakad ng may pag-ibig, sumunod sa halimbawa ni Cristo: 5:2
- B. Lumakad ng may kabanalan: 5:3-5
 - 1. Ng walang pakikiapid: 5:3
 - 2. Ng walang karumihan: 5:3
 - 3. Ng walang kasakiman: 5:3
 - 4. Ng walang karumihan: 5:4
 - 5. Ng walang mangmang na pananalita: 5:4
 - 6. Ng walang pagbibiro na di nararapat: 5:4
 - 7. Na may pagpapasalamat: 5:4
- C. Lumakad ng iniisip ang pangwalang-hanggan: 5:5
- D. Huwag kayong madaya ng sinoman ng mga salitang walang kabuluhan: 5:6
- E. Huwag kayong makibahagi sa kasamaan: 5:7
- F. Lumakad sa liwanag: 5:8

- G. Paunlarin ang bunga Ng Espiritu: 5:9
 - 1. Kabutihan.
 - 2. Katuwiran.
 - 3. Katotohanan.
- H. Patunayan ang kinalulugdan Ng Panginoon: 5:10
- I. Huwag lumakad sa kadiliman: 5:11-14
 - 1. Huwag makikibahagi sa kadiliman: 5:11
 - 2. Sawatain ang walang kabuluhang gawa: 5:11
 - 3. Huwag salitain ang mga ginagawa sa kadiliman: 5:12
 - 4. Ipangalat ang liwanag sa kadiliman: 5:13
 - 5. Gisingin ang mga natutulog sa espirituwal na kadiliman: 5:14
- J. Lumakad ng isang marunong, hindi isang mangmang: 5:15
- K. Samantalain ang panahon: 5:16
- L. Unawain ang kalooban Ng Dios: 5:17
- M. Huwag maglasing ng alak: 5:18
- N. Mangapuspos Ng Espiritu: 5:18
 - 1. Mangagusapan ng mga awit, himno, at espirituwal na mga awitin: 5:19
 - 2. Magpuri sa inyong puso: 5:19
 - 3. Magpasalamat sa lahat ng mga bagay Ng Dios sa pangalan Ni Jesus: 5:20
- IV. Ang ating paglakad sa natatanging kaugnayan: 5:21-6:9
 - A. Sa ibang mananampalataya: Magpasakop sa isa't isa sa takot Sa Dios: 5:21
 - B. Mga asawang babae: 5:22-24
 - 1. Pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa na gaya ng Sa Panginoon: 5:22
 - 2. Kilalanin na ang asawa ang ulo ng asawang babae gaya naman na Si Cristo ang ulo ng Iglesya: 5:23
 - 3. Pasakop sa kani-kaniyang asawang lalaki sa lahat ng bagay gaya ng Iglesya na napapasakop kay Cristo: 5:24
 - C. Mga asawang lalaki: 5:25-33
 - 1. Ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman Ni Cristo na umibig sa iglesya: 5:25-29
 - 2. Sumama sa asawa gaya ng iglesya ay kasama Ni Cristo: 5:30-33
 - a. Isang katawan: 5:30
 - b. Iiwan ang lahat: 5:31-32
 - D. Para sa Asawang lalaki at babae: 5:33
 - 1. Asawang lalaki mahalín mo ang iyong asawa katulad ng pagmamahal sa iyong sarili: 5:33
 - 2. Asawang babae igalang mo ang iyong asawa: 5:33
 - F. Mga anak: Igalang ang inyong mga magulang: 6:1-3
 - 1. Huwag ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak.
 - 2. Inyong turuan sila ayon sa saway at aral Ng Panginoon.
 - G. Mga alipin: 6:5-8
 - 1. Maging masunurin sa mga panginoon: 6:5
 - 2. Igalang ang inyong mga panginoon: 6:5
 - 3. Maging tapat (sa katapatan ng inyong puso): 6:5

4. Paglingkuran ninyo sila gaya ng paglilingkod Kay Cristo: 6:6-7
5. Kilalanin na ang inyong gantimpala ay mula Sa Panginoon: 6:8
- H. Mga Panginoon: 6:9
 1. Gayon din ang inyong gawin sa kanila: 6:9
 2. Kilalanin na ikaw ay may pinaglilingkuran na Panginoon: 6:9
 3. Walang itinatanging tao ang Panginoon: 6:9
- V. Ang ating paglakad sa pagmamasid sa kapangyarihan ni Satanas: 6:10-20
 - A. Magpakalakas kayo Sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan: 6:10
 - B. Mangagbihis kayo ng boong kagayakan Ng Dios: 6:11-20
 1. Ang pakay: Upang magsitibay laban sa mga lalang ng Diablo: 6:11-13
 2. Ang kaaway: 6:12
 - a. Pamunuan.
 - b. Kapangyarihan.
 - c. Sa namamahala ng kadiliman ng sanlibutan na ito.
 - d. Espiritu ng kasamaan sa dakong kaitaasan.
 3. Ang baluti: 6:14-20
 - a. Baywang ay may bigkis ng katotohanan: 6:14
 - b. Baluti ng katuwiran: 6:14
 - c. Mga paa ay may panyapak na paghahandang evangelio ng kapayapaan: 6:15
 - d. Kalasag ng pananampalataya: 6:16
 - e. Tunbante ng kaligtasan: 6:17
 - f. Tabak Ng Espiritu: 6:17
 - g. Panalangin: 6:18-20
- VI. Pagtatapos: 6:21-24
 - A. Personal na mga bagay: 6:21-22
 1. Pagtatalaga kay Tiquico bilang mensahero: 6:21
 2. Ang pakay ng pagpapadala kay Tiquico: 6:21-22
 - a. Para makilala ang mensahero: 6:21-22
 - b. Para maparating ang kalagayan ni Pablo: 6:22
 - c. Para aliwin sila: 6:22
 - B. Ang pagtatapos: 6:23-24
 1. Ang naisin para sa mga kapatiran: 6:23
 - a. Kapayapaan.
 - b. Pag-ibig.
 - c. Pananampalataya.
 2. Ang pagpapala sa mga nagmamahal Kay Cristo: 6:24

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Efeso?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Efeso.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Efeso?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Mga Taga Efeso.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Efeso mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang aklat ng Mga Taga Efeso ay ipinahambing ang mga mananampalataya sa maraming mga bagay:

-Mamamayan: 2:19	- Isang katawan: 1:22-23; 4:4,12,16
-Isang Iglesya	-Alipin: 6:6-9
-Isang gusali	-Kawal: 6:10-17
2. Ang ating kaugnayan Sa Dios ay katulad ng isang pamilya (3:15). Tayo ay: ampon (1:5-6); isang sambahayan (2:19); at anak na minamahal (5:1).
3. Pag-aralan ang panalangin ni Pablo para sa mga taga Efeso. Ipinanalangin niya na malaman nila ang tiyak na mga bagay (1:16-19) at magkaroon sila ng tiyak na mga bagay (3:14-19). Parehong kinakailangan para angkinin ang ating espirituwal na mana. Dapat nating malaman ang tungkol dito at dapat nating angkinin ito. Pag-aralan ang panuntunan na ibinigay sa Efeso kung paano tayo dapat manalangin: 5:18-20; 6:18.
4. Mayroong ilang mga talata sa Efeso tungkol sa iglesya. Isulat ang bawat talata at ibuod kung ano ang itinuro.
5. Pag-aralan ang susing mga salita sa Efeso: Hiwaga, lumakad, pag-ibig, biyaya, kaluwalhatian, kapangyarihan, sa gumagawa, kapayapaan, kayamanan, magkasama, isa sa kalangitan.

6. Pag-aralan ang Efeso 4:22-23 at 6:11-18. Isulat ang mga bagay na dapat nating alisin at isuot. Paghambingin ang talaan na ito sa kaparehong talaan na ibinigay sa kabanatang 3 ng Colosas.

7. Gumawa ng talaan ng pagkakaiba sa aklat ng Efeso. Narito ang ilang mga halimbawa para sa pagsisimula ng iyong pag-aaral:

Kaligtasan sa pamamagitan ng gawa: 2:9
Pahayag hindi alam: 2:9
Anak na hindi sumusunod: 5:6

Kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya: 2:8
Hiwaga ipinahayag: 3:3
Anak ng liwanag: 5:8

Paghambingin at alamin ang pagkakaiba kung ano tayo Kay Cristo na itinuro sa Efeso at kung ano ang ating kalagayan noong nakaraan nang tayo ay patay sa kasalanan.

8. Isang lalaki na ang pangalan ay Tiquico ang nabanggit sa Efeso 6:21-22. Humanap ng ibang reperensiya sa Mga Gawa 20:4; II Timoteo 4:12; Tito 3:12, Colosas 4:7.

9. Hanapin ang labingdalawang reperensiya tungkol sa Espiritu Santo sa aklat ng Efeso. Ang mga reperensiya sa mga kabanata 1-3 ay nagsasabi kung sino Ang Espiritu Santo at kung ano ang Kanyang ginagawa para sa mananampalataya. Ang mga reperensiya sa mga kabanata 4-6 ay nagsasabi kung ano ang mangyayari at dapat nating gawin tungo sa Kanya.

IKA-SAMPU NA KABANATA

MGA TAGA FILIPOS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Filipos.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Filipos.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Filipos.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Filipos mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng aklat ng Mga Taga Filipos.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Sa Iglesya sa Filipos

LAYUNIN: Para iharap ang panawagan para sa pagkakaisa ng Kristiyano.

SUSING TALATA: Mga Taga Filipos 2:2

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang pagkakaisa Kay Cristo ay nagdudulot ng kagalakan.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Timoteo, Epafrodito, Cesar

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-26

A. Pagbati: 1:1-2

1. Mula kina Pablo at Timoteo: 1:1
2. Para: Sa mga banal Kay Cristo Jesus, Obispo, at mga diakono sa Filipos: 1:1
3. Biyaya at kapayapaan: 1:2

B. Panalangin para sa mga taga Filipos: 1:3-11

1. Ang kanyang pasasalamat sa kanila: 1:3-5
 - a. Motibasyon para sa pagpapasalamat: 1:3
 - b. Pagpapahayag ng pagpapasalamat: 1:4
 - c. Dahilan para sa pagpapasalamat: 1:5
2. Ang kanyang tiwala sa kanila: 1:6-7
 - a. Ang likas ng pagtitiwala: 1:6
 - b. Ang katuwiran ng kanyang pagtitiwala: 1:7
3. Ang kanyang pananabik: 1:8
4. Ang kanyang panalangin para sa kanila: 1:9-11
 - a. Na ang pag-ibig ay sumagana sa kaalaman at pagkakilala: 1:9
 - b. Na inyong kilalanin ang mga bagay na magagaling: 1:10
 - c. Na kayo'y maging tapat at walang kapintasan: 1:10
 - d. Na kayo'y mapuspos ng bunga ng kabanalan: 1:11

C. Personal na mga bagay: 1:12-26

1. Mga pangyayari na naging daan para sa ikasusulong ng Ebanghelyo: 1:12-18
 - a. Pagkabilanggo: 1:12-14
 - b. Pangangaral: 1:15-18
 - c. Panalangin: 1:19
2. Tanong kung mas mabuti ang mabuhay o mamatay: 1:19-26
 - a. Ang pagkakaiba ng buhay at kamatayan: 1:20-21
 - b. Ang samo ng buhay: 1:22
 - c. Ang pakikipaglaban na naisin para sa kamatayan: 1:23-24
 - d. Kasiguruhan para sa mas mahabang buhay: 1:25-26

II. Pangangaral para sa pagkakaisa: 1:27-2:18

A. Panawagan para sa pagkakaisa sa pagdurusa: 1:27-30

1. Tamang pag-uusap: 1:27
2. Maging matibay sa isang Espiritu sa isang pagiisip: 1:27

3. Magkakasamang magsikap para sa pananampalataya ng Ebanghelyo: 1:27
4. Huwag matakot sa inyong kaaway: 1:28-30
- B. Pagkakaisa Kay Cristo: 2:1-11
 1. Sa tamang paguugali: 2:1-4
 - a. Pag-ibig: 2:1-2
 - b. "Fellowship": 2:1
 - c. Awa: 2:1
 - d. Mangagkaisa: 2:2
 - e. Isang pagiisip: 2:2
 - f. Huwag gumawa ng anoman pagkakampi-kampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo kundi sa kababaan ng pag-iisip, na ipalagay ang isa na lalong mabuti kay sa kanyang sarili: 2:3
 - g. Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kanyang sarili, kundi ang bawat isa naman ay sa iba't iba: 2:4
 2. Ang pagpapakababa Ni Cristo: pagisahin ang inyong pagiisip pagkatapos ng halimbawa Niya: 2:6-8
 - a. Walang reputasyon: 2:7
 - b. Mag-anyong alipin: 2:7
 - c. Katulad sa mga tao: 2:7
 - d. Nagpakababa sa kanyang sarili: 2:8
 - e. Nagmasunurin hanggang sa kamatayan sa krus: 2:8
 3. Pagpaparangal Kay Cristo: 2:9-11
 - a. Lubhang pinadakila: 2:9
 - b. Pangalan lalo sa lahat: 2:9
 - c. Luluhod ang lahat ng tuhod: 2:10
 - d. Ipahayag ng lahat ng mga dila: 2:11
- C. Ang espirituwal na paglago ay nagdudulot ng Pagkakaisa: 2:12-18
 1. Lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling kaligtasan na may takot: Ito ay Dios: 2:12-13
 2. Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na walang mga bulungbulongan at pagtatalo: Upang kayo'y maging walang sala: 2:14-15
 3. Na nananatili sa Salita ng buhay: Upang ako'y magalak: 2:16-18

III. Ang plano ni Pablo: 2:19-30

- A. Ang kanyang plano kay Timoteo: 2:19-23
 1. Ang plano: 2:19
 2. Ang motibo para sa plano: 2:19
 3. Mga dahilan para sa pagpili kay Timoteo: 2:20-21
 4. Ang kaugnayan ni Timoteo kay Pablo: 2:22
 5. Ang panahon ng paglalakbay ni Timoteo: 2:23
- B. Mga plano para sa sarili: 2:24
- C. Mga plano para kay Epafrodito: 2:25-30
 1. Salaysay ng plano: 2:25
 2. Patotoo ni Epafrodito: 2:25

3. Ang dahilan para sa pagpapadala kay Epafrodito: 2:26-27
4. Ang pagtanggap na dapat ibinigay: 2:28-30

IV. Mga babala: 3:1-4:1

- A. Laban sa mga guro ng Judaismo: 3:1-16
 1. Ang kagalakan ng Dios bilang depensa laban sa kanila: 3:1
 2. Paalala na magingat sa kanila: 3:2
 3. Pagkilala sa tunay na Israelita: 3:3
 4. Ang karanasan ni Pablo kaugnay sa ganitong bagay: 3:4-11
 - a. Ang kanyang batayan para sa pagmamalaki sa legalismo: 3:4-6
 - (1) Tinuli: 3:5
 - (2) Mula sa lahi ng Israel: 3:5
 - (3) Mula sa lahi ni Benjamin: 3:5
 - (4) Isang Fariseo: 3:5
 - (5) Masigasig (paguusig sa Iglesya): 3:6
 - (6) Matuwid sa ilalim ng kautusan: 3:6
 - b. Ang pagbabago na kanyang pinahahalagahan: 3:7-11
 - (1) Likas ng pagbabago: 3:7
 - (2) Dahilan sa pagbabago: 3:8
 - (3) Motibo sa pagbabago: 3:8-11
 5. Kasakdalan bilang depensa laban sa legalismo: 3:12-16
 - a. Palagay tungkol sa kasakdalan: 3:12
 - b. Pagsisikap na maabot ang layunin: 3:14
 - c. Pangangaral sa kasakdalan: 3:15-16
- B. Laban sa bulaang mga tagapagturo: 3:17-21
 1. Ang kanilang pagkatao: 3:18
 2. Ang kanilang kahihinatnan: 3:18
 3. Ang tugon ng mananampalataya: 3:20-21

V. Pangangaral: 4:1-9

- A. Pagkakaisa sa pagitan ni Euodias at Sintique: 4:1-3
- B. Pagkakaisa sa kagalakan: 4:4
- C. Pagkakaisa sa kahinhinan: 4:5
- D. Pagkakaisa sa panalangin: 4:6
- E. Pagkakaisa sa kapayapaan: 4:7
- F. Pagkakaisa sa pagiisip: Proseso ng tamang isipin: 4:8
 1. Katotohanan.
 2. Kagalanggalang.
 3. Matuwid.
 4. Malinis.
 5. Kaibigibig.
 6. Mabuting ulat.
 7. Kung anomang bagay ang kagalingan.
 8. Kung anomang bagay ang kapurihan.
- G. Pagkakaisa sa pagitan ng kaalaman at mga gawa: 4:9

VI. Salamat para sa kanilang kaloob: 4:10-20

A. Ang sekreto ng kasiyahan: 4:10-13

1. Ang kanyang pasasalamat sa kanilang kaloob: 4:10
2. Ang kanyang kalayaan sa material na pangangailangan: 4:11
3. Paliwanag ng kanyang sekreto: 4:11-12
4. Ang pinagmumulan ng lakas: 4:13

B. Ang sekreto ng probisyon: 4:14-20

1. Ang pagpapahalaga sa kaloob: 4:14
2. Ang kanyang paalaala tungkol sa nakalipas na talaan: 4:15-16
3. Ang kanyang palagay sa kanilang kaloob: 4:17
4. Ang kanyang pagtanggap ng kaloob: 4:18
5. Ang sekreto ng probisyon: 4:19-20

VII. Basbas: 4:21-23

A. Pagbati sa mga banal Kay Cristo Jesus: 4:21

B. Ang mga kapatiran na kasama ni Pablo ay nagpapaabot ng pagbati: 4:21

C. Binabati kayo ng mga banal at ang kasambahay ni Cesar: 2:22

D. Ang biyaya ay sumainyo: 2:23

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Filipos?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Filipos.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Filipos?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Mga Taga Filipos.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Filipos mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ng mga susing salita nagagalak at kagalakan. Ang mga ito ay nabanggit ng 18 beses sa aklat na ito.

2. Narito pa ang isang paraan sa pag-aaral sa aklat ng Filipos:

<u>Kabanata</u>	<u>Susing Talata</u>	<u>Paksa</u>
1	21	Ang buhay ng mananampalataya
2	5	Ang pagiisip ng mananampalataya
3	10	Ang layunin ng mananampalataya
4	13	Ang kalakasan ng mananampalataya

3. Ang iglesia sa Filipos ay napasimulan dahil sa resulta ng pangitain na naranasan ni Pablo. Basahin ang tungkol dito sa Mga Gawa 16:8-10

4. Ang Filipos ay naglarawan ng isa sa dalawang uri ng kapayapaan na nabanggit sa Biblia. Ang kapayapaan Sa Dios na naranasan ng lahat ng mga mananampalataya ay nabanggit sa Roma 5:1. Ang kapayapaan Ng Dios na magagamit ng lahat ng mananampalataya ay nabanggit sa Filipos 4:7.

5. Ang Dios ay kahangahangang kumikilos sa buhay ng tatlong tao sa Iglesia ng Filipos:

-Isang Griegong Manghuhula: Mga Gawa 16:16-18

- Isang negosyanteng babae: Mga Gawa 16:13-15
- Isang Romanong bantay sa bilangguan: Mga Gawa 16:19-20

6. Pansinin ang mga layunin ni Pablo sa kabanatang 3:
 - Na aking matamo: 8
 - Na aking makilala: 10
 - Na aking tamuhin: 11
 - Na aking maabot: 12
7. Isulat ang makamundong katangian ni Pablo: 3:8-12
8. Basahin ang Filipos 1:12-21. Isulat ang iba't ibang paraan kung paano ang Ebanghelyo ay lumaganap.
9. Isulat ang mga kabaitan na nabanggit sa Filipos 4:8-9.

IKA-LABINGISANG KABANATA

MGA TAGA COLOSAS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Colosas.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Colosas.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Colosas.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Colosas mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng aklat ng Mga Taga Colosas.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Sa mga mananampalataya sa Colosas na magbabahagi ng sulat sa mananampalataya sa Laodicea.

LAYUNIN: Para pakitunguhan ang mga usaping doktrina sa iglesia.

SUSING TALATA: Mga Taga Colosas 3:1-3

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Si Cristo ang lahat at nasa lahat.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Tiquico, Onesimo, Aristarco, Marcos, Justo, Epafra, Lucas, Demas, Nimfas, Arquipo

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-14

A. Pagbati: 1:1-2

1. Mula Kina: Pablo at Timoteo: 1:1
2. Para: Sa mga banal at matapat na kapatiran Kay Cristo na taga Colosas: 1:2
3. Biyaya at kapayapaan mula Sa Dios at Kay Jesus: 1:2

B. Pagpapasalamat: 1:3-8

C. Ang panalangin ni Pablo para sa mga Kristiyano sa Colosas: 1:9-14

1. Magpatuloy: 1:9
2. Nagnanais na sila ay mapuspos ng kaalaman at Kalooban Ng Dios sa lahat ng karunungan at espirituwal na pagkaunawa: 1:9
3. Na sila ay lumakad ng nararapat Sa Panginoon: 1:10
4. Na sila ay magsipamunga sa bawa't gawaing mabuti: 1:10
5. Na sila ay magsilago sa kaalaman Ng Dios: 1:10
6. Na kayo'y palakasin ng boong kapangyarihan, sa pagtitiis at pagpapahinuhod na may galak: 1:11
7. Na ang pasasalamat ay maibigay Sa Ama: 1:12-13
 - a. Para gawin tayong kabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan: 1:12
 - b. Para maligtas tayo sa kapangyarihan ng kadiliman: 1:13
 - c. Para malipat sa atin ang kaharian ng Kanyang Anak: 1:13

II. Ang personalidad at gawa Ni Jesus: 1:15-23

A. Panginoon ng Sangnilikha: 1:15-17

1. May kaugnayan sa pinagmulan: 1:15-16
2. May kaugnayan sa pagpapatuloy: 1:17

B. Panginoon ng iglesya: 1:18-19

1. Ulo ng katawan: 1:18
2. Ang pasimula: 1:18
3. Ang panganay sa mga patay: 1:18
4. Sa lahat ng bagay ay magkaroon Siya ng kadakilaan: 1:18
5. Sa Kanya ang boong kapuspusan ay nananahan: 1:19

C. Tagapagkasundo: 1:20-23

1. Siya ang nakipagkasundo sa pamamagitan ng dugo Niya sa krus: 1:20
2. Nakipagaksundo Siya sa lahat ng bagay, sa lupa at sa langit: 1:20

3. Sa mga nangahihiwalay noong nakaraang panahon dahil sa masamang gawa Siya ang nakipagkasundo: 1:21
4. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan , tayo ay maaaring iharap: 1:22
 - a. Banal.
 - b. Walang dungis.
 - c. Walang kapintasan sa harapan Niya.
5. Dapat tayong magpatuloy sa pananampalataya: 1:23
 - a. Nababao ng matibay: 1:23
 - b. Di makilos: 1:23
 - c. Di makilos sa Ebanghelyo na inyong narinig: 1:23
 - (1) Narinig nila.
 - (2) Naipangaral sa lahat ng nilalang.
 - (3) Kung saan si Pablo ay naging lingkod.

III. Si Pablo: Ang lingkod ng Dios sa pakikipagkasundo: 1:24-27

- A. Mga pagdurusa: 1:24
 1. Pisikal.
 2. May pakay na espirituwal.
- B. Ministro ng hiwaga Ni Cristo: 1:25-29
 1. Ang kalagayan ng kanyang ministeryo: 1:25
 2. Ang mensahe ng kanyang ministeryo: 1:26-27
 - a. Hiwaga Ng Dios: 1:26-27
 - b. Si Jesus mismo: 1:27
 3. Ang paraan ng kanyang ministeryo: 1:28
 - a. Pangangaral.
 - b. Babala.
 - c. Pagtuturo.
 4. Ang pakay ng Kanyang ministeryo: Maiharap ang bawat tao na ganap Kay Jesus: 1:28
 5. Ang kapangyarihan sa likod ng kanyang ministeryo: Nagpipilit ayon sa Kanyang paggawa na gumagawa ng may kapangyarihan: 1:29
- C. Naisin para sa pagkakaisa at katatagan Kay Cristo: 2:1-7
 1. Ang kanyang pagpipilit para sa mga mananampalataya: 2:1
 - a. Sa Colosas.
 - b. Sa Laodicea.
 - c. Para sa mga hindi niya nakikita.
 2. Ang tao na kung saan Siya nagsusumikap: Ang Dios Ama at Si Cristo: 2:2
 3. Ang pakay ng kanyang pagsusumikap: 2:2-7
 - a. Na ang kanilang puso ay maaliw: 2:2
 - b. Na sila ay magkalakiplakip sa pagibig: 2:2
 - c. Sa lahat ng kayamanan ng lubos sa pagkaunawa: 2:2
 - d. Na kanilang maunawaan ang kayamanan ng karunungan at kaalaman na kinatatagan Kay Cristo: 2:3

- e. Upang hindi sila madaya ng sinoman sa mga pananalitang kaakit-akit: 2:4
- f. Na sila ay magpatuloy sa pananampalataya: 2:5
- g. Na sila ay lumakad Kay Cristo: 2:6
- h. Na sila ay magugat sa Kanya: 2:7
- i. Na sila ay maitayo sa Kanya: 2:7
- j. Na sila ay tumibay sa panamapalataya kung paano sila naturuan: 2:7
- k. Na sila ay sumagana sa pagpapasalamat: 2:7

IV. Ang Pagkapanginoon Ni Cristo sa mga maling aral: 2:8-3:4

- A. Panginoon ng bawat kapangyarihan: 2:8-10
 - 1. Pilosopia: 2:8
 - 2. Walang kabuluhang pandaraya: 2:8
 - 3. Tradisyon ng tao: 2:8
 - 4. Pasimulang aral ng sanglibutan at di ayon Kay Cristo: 2:8
 - a. Sa Kaniya'y nananahan ang boong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman: 2:9
 - b. At sa Kanya'y napuspos kayo: 2:10
 - c. Siya ang ulo ng lahat ng pamunuan at kapangyarihan: 2:10
- B. Ang bagong buhay: 2:11-14
 - 1. Pagtutuli sa puso: 2:11
 - 2. Nalibing na kalakip Niya sa bautismo: 2:12
 - 3. Binuhay kasama Niya sa pamamagitan ng pananampalataya: 2:12
 - 4. Sumigla na kasama Niya: 2:13
 - 5. Pinatawad ang lahat ng kasalanan: 2:13
 - 6. Inalis ang mga kautusan laban sa atin: 2:14
- C. Mananakop ng pamunuan at kapangyarihan: 2:15
 - 1. Sinira sila: 2:15
 - 2. Inilagay sila sa hayag na kahihiyan: 2:15
 - 3. Nagtagumpay sa kanila: 2:15
- D. Mga gawain na tumatanggi sa pagka Panginoon Ni Cristo: 2:16-3:4
 - 1. Ritwal: 2:16-17
 - a. Karne: 2:16
 - b. Inumin: 2:16
 - c. Araw ng kapistahan: 2:16
 - d. Bagong buwan: 2:16
 - e. Araw ng Sabbath: 2:16
 - 2. Pagsamba sa Anghel: Ang tao na gumagawa nito ay: 2:18-19
 - a. Pumapasok sa mga bagay na hindi niya nakikita: 2:18
 - b. Nagpapalalo ng walang kabuluhan sa pamamagitan ng kanyang laman: 2:18
 - c. Hindi kumakapit Kay Cristo bilang ulo: 2:19
 - (1.) Kung saan ang katawan ay kumukuha ng sustansya.
 - (2.) Kung saan tayo ay nagkakapit-kapit sa pagibig.

- (3) Kung saan tayo lumalago ng paglago Sa Dios.
 3. Napapailalim sa pasimula ng mundo: 2:20-23
 - a. Hindi tayo dapat pailalim sa kanila: 2:20
 - b. Ano man ang kanilang alalahanin: 2:21
 - c. Ang utos at doktrina ng tao: 2:22
 - d. Sila ay pagpapakitang labas: 2:23
 - (1) Sa pagsamba sa kalooban ng pagsamba.
 - (2) May pagpapakumbaba.
 - (3) Walang kabuluhan ang katawan.
 - (4) Walang paggalang para sa kalayawan ng laman.
 4. Makamundo, panandaliang pagmamahal: 3:1-4
 - a. Hanapin ang mga bagay na nasa itaas: 3:1
 - b. Ilagak ang iyong pagmamahal sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa lupa: 3:2
 - c. Ito ay posible dahil ikaw ay kaisa ni Jesus: 3:3
 - (1) Nakaraan: Ikaw ay binuhay Kay Cristo: 3:3
 - (2) Pangkasalukuyan: Ang iyong buhay ay natatago Kay Cristo Sa Dios: 3:3
 - (3) Panghinaharap: Kung Si Cristo ay nahayag, mahahayag na rin kayo na kasama Niya sa kaluwalhatian: 3:4
- V. Ang pagka Panginoon Ni Cristo at ang buhay Kristiyano: 3:5-4:6
- A. Responsabilidad natin na patayin ang mga nasa ng ating laman: 3:5
 - B. Ang poot Ng Dios ay nanggagaling sa mga sumusuway at lumalakad sa mga naisin ito: 3:6
 - C. Noon, lumalakad tayo sa mga makasalanang daan subalit ngayon dapat nating layuan ang mga ito: 3:7-8
 - D. Ang lumang buhay ay dapat layuan: 3:5-9
 1. Pakikiapid: 3:5
 2. Karumihan: 3:5
 3. Hindi karapatdapat na pagmamahal: 3:5
 4. Masamang nasa: 3:5
 5. Kasakiman na ito ay “idolatry”: 3:5-7
 6. Galit: 3:8
 7. Poot: 3:8
 8. Paghihinala: 3:8
 9. Panunungayaw: 3:8
 10. Salitang kahalayan na mula sa inyong bibig: 3:8
 11. Mangagbubulaan: 3:9
 - E. Ilagay ang bagong buhay: 3:10-17
 1. Ang bagong tao: 3:10
 - a. Na nagbago ayon sa kaalaman ayon sa larawan Niyaong lumalang sa kanya: 3:10
 - b. Sa Kanya walang pagkakabaha-bahagi: 3:11
 2. Pusong mahabagin: 3:12
 3. Kagandahang loob: 3:12

4. Kababaan ng isip: 3:12
5. Kaamuan: 3:12
6. Pagpapahinuhod: 3:12
7. Matiisin: 3:13
8. Mapagpatawad: 3:13
9. Pagibig: 3:14
10. Ang kapayapaan Ng Dios: 3:15
11. Pagkakaisa sa katawan: 3:15
12. Pagpapasalamat: 3:15
13. Nananahan ng sagana ang Salita Ng Dios: 3:16
 - a. Sa lahat ng karunungan.
 - b. Pagtuturo.
 - c. Pagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo, at ng mga himno, at mga awit na ukol sa Espiritu.
14. Mabuting gawa: 3:17
 - a. Sa salita at sa gawa.
 - b. Maging isa sa pangalan Ni Jesus.
 - c. Nagpapasalamat Sa Dios.

F. Natatanging pagkakataon: 3:18-4:6

1. Tahanan: 3:18-21
 - a. Asawang babae: 3:18
 - b. Asawang lalaki: 3:19
 - c. Mga Anak: 3:20
 - d. Mga Ama: 3:21
2. Kaugnayan sa trabaho: 3:22; 4:1
 - a. Sundin ang inyong panginoon: 3:22
 - b. Maglingkod na parang naglilingkod Kay Cristo: 3:22
 - c. Mga panginoon dapat ibigay sa mga alipin ang makatuwiran at nararapat. 4:1
3. Pangkalahatang panuntunan: 3:23-25
 - a. Gawin ang lahat para sa Panginoon at hindi sa tao: 3:23
 - b. Kilalanin na ikaw ay naglilingkod Sa Panginoon at mula sa Kanya ay makatatanggap ka ng gantimpala: 3:24
 - c. Unawain na ang mga gumagawa ng mali sa iyo ay tatanggap ng katarungan mula sa Dios: 3:25

VI. Huling tagubilin: 4:2-6

A. Tungkulin na pananalanginL 4:2-4

1. Responsabilidad na patuloy na manalangin: 4:2
2. Mangagpuyat na may pagpapasalamat: 4:2
3. Manalangin para mabuksan ang pinto sa mga naghahasik ng Ebanghelyo: 4:3-4

B. Tungkulin ng saksi: 4:5-6

1. Tamang paglakad sa karunungan: 4:5

2. Tamang paggamit ng oras: 4:5
3. Tamang pananalita: 4:6
 - a. May biyaya.
 - b. Magkalasang asin.
 - c. May kaalaman kung paano sumagot sa bawat tao.

VII. Pagtatapos: 4:7-18

- A. Personal na pagbati: 4:7-17
 1. Ang tagapagdala ng sulat: 4:7-9
 - a. Tiquico: 4:7-8
 - b. Onesimo: 4:9
 2. Pagbati mula sa kanyang mga kasama: 4:10-14
 3. Pagbati sa mga taga iglesia sa Laodicea at ang utos na ang sulat ay mabasa doon: 4:15-16
 4. Natatanging mensahe kay Arquipo: 4:17
- B. Pagbati: 4:18
 1. Sa kamay ni Pablo.
 2. Kahilingan na alalahanin ang kanyang tanikala;
 3. Biyaya ay sumainyo.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Mga Taga Colosas?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Taga Colosas.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Mga Taga Colosas?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Mga Taga Colosas.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Taga Colosas mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang Colosas 3:2-17. Gumawa ng mga listahan ng mga bagay na dapat “iwasan” at mga bagay na dapat “isuot” ng mga mananamapalataya sa kanilang espirituwal na pamumuhay.
2. Pag-aralan ang Colosas 3:18-25. Ang mga talatang ito ay nagsasalita sa iba’t ibang kaanib ng iglesia. Isulat ang mga utos na ibinigay sa mga asawang babae, asawang lalaki, mga anak, mga ama, at mga alipin.
3. Ang aklat ng Colosas ay nagtuturo ng maraming bagay tungkol Kay Jesus. Basahin sa aklat at isulat ang bawat talata na tumutukoy Kay Jesus at ibuod ang iyong natutuhan tungkol sa Kanya mula sa bawat talata.
4. Ang Colosas ay isa sa dalawang sulat sa Bagong Tipan na iniutos sa iglesia na magpalitan at basahin ang sulat sa iba’t ibang lokal na pagtitipon. Paghambingin ang Colosas 4:16 sa I Tesalonica 5:27
5. Ang Colosas at Efeso ay magkaugnay. Sa Efeso tinalakay ni Pablo ang Katawan Ni Cristo, ang Iglesia. Sa Colosas isinulat ang Ulo ng Katawan, Si Jesu Cristo. Ang kabuuang 78 sa 95 mga talata sa Colosas ay halos katulad ng mga talata sa Efeso. Pag-aral at paghambingin ang dalawang aklat.
6. Basahin ang Colosas 1:12-22. Mayroong pitong mahahalagang aspeto ng kaligtasan ang nabanggit dito:

- Pamana: Nakabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan: 12
- Nagligtas: Na Siyang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman: 13
- Naglipat: Naglipat sa atin sa kaharian ng Anak ng Kanyang pagibig: 13
- Katubusan: Kung saan tayo nagkaroon ng katubusan sa pamamagitan ng Kanyang dugo: 14
- Kapatawaran: Kahit sa kapatawaran ng ating kasalanan: 14
- Pinakipagkasundo: Pinakipagkasundo Niya : 22
- Magbago: Upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis sa Kanyang paningin: 22

IIKA-LABINGDALAWANG KABANATA

I AT II MGA TAGA TESALONICA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng I at II Mga Taga Tesalonica.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng I at II Mga Taga Tesalonica.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng I at II Mga Taga Tesalonica mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng mga aklat.

I TESALONICA

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Sa mga mananampalataya sa Tesalonica.

LAYUNIN: Para patotohanan ang pagbabalik Ng Panginoon: Para purihin at mangaral para sa pananampalataya at itama ang maling doktrina. Sinagot ni Pablo ang maling paratang laban sa kanyang ministeryo.

SUSING TALATA: I Mga Taga Tesalonica 4:16-18

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang kaginhawahan ay dapat nakatuon sa pag-asang pagbabalik Ni Jesu Crsito.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Silvanus, Timoteo

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1

- A. Mula Kay: Pablo, Silvano, Timoteo
- B. Para sa : Mga mananampalataya sa Tesalonica.
- C. Biyaya at kapayapaan mula sa Dios at Kay Jesus: 1:1

II. Pagtingin sa nakaraan: 1:2-3:13

- A. Ulirang pagkahikayat Kay Cristo: 1:2-10
 - 1. Kapangyarihan ng Ebanghelyo: 1:2-5
 - 2. Halimbawa ng Ebanghelyo: 1:5-6
 - a. Ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay sumunod sa halimbawa ni Pablo: 1:5-6
 - b. Sila ay naging halimbawa sa ibang mananampalataya: 1:7
 - 3. Patotoo sa Ebanghelyo: 1:8-10
 - a. Ang pananampalataya ng mga taga Tesalonica ay kumalat sa baw't lugar: 1:8
 - b. Ang kanilang patotoo ay saksi sa katotohanan ng Ebanghelyo: 1:9-10
- B. Ulirang Pag-eebanghelyo: 2:1-20
 - 1. Sa motibo: 2:1-6
 - a. Hindi nawalan ng kabuluhan: 2:1
 - b. Sa kalakasang ng loob: 2:2
 - c. Hindi sa kamalian, karumihan, o pagdaraya.
 - d. Para malugod ang Dios kaysa sa tao: 2:4
 - e. Walang salitang paimbabaw: 2:5
 - f. Walang kasakiman: 2:5
 - g. Hindi naghanap ng kapurihan ng tao: 2:6
 - 2. Sa paguugali: 2:7-11
 - a. Malumanay: 2:7
 - b. Nakikitungo tulad ng isang “nurse” na may anak: 2:7
 - c. Sa pagibig: 2:8
 - d. Sa pagpapagal at pagdaramdam: 2:9

- e. May tamang asal: 2:10
- f. Bilang ama na may anak: 2:11
- 3. Sa mensahe: 2:12-13
 - a. Na lumakad ng nararapat Sa Dios: 2:12
 - b. Ito ay batay sa Salita Ng Dios: 2:13
- 4. Sa pagtanggap: 2:13-16
 - a. Ang likas ng kanilang pagtanggap sa Salita: 2:13
 - b. Ang resulta ng pagtanggap sa Salita: 2:14-16
 - (1) Sila ay nagsitulad sa mga iglesya sa Judea: 2:14
 - (2) Sila ay pumasok sa “fellowship” ng pagdurusa para sa Salita: 2:14-16
- C. Ulirang pag “follow up” sa pagaaruga sa mga nahikayat: 3:1-13
 - 1. Ang kanilang alalahanin: 3:1-5
 - a. Ang kanilang motibo: 3:1
 - b. Ang pagsugo kay Timoteo: 3:2
 - c. Ang larawan ng isinugo: 3:2
 - (1) Aming kapatid.
 - (2) Lingkod.
 - (3) Kamanggagawa sa Ebanghelyo.
 - d. Ang pakay ng pagsugo kay Timoteo: 3:2-4
 - (1) Para patibayin ka: 3:2
 - (2) Para aliwin: 3:2
 - (3) Para hikayatin na maging matatag sa kabila ng kapighatian: 3:3-4
 - (4) Para bantayan ang manunukso: 3:5
 - (5) Para ingatan ang kanilang pagpapagal: 3:5
 - 2. Ang proseso ng “follow up”: 3:6-8
 - a. Ang nilalaman ng ulat ni Timoteo: 3:6
 - b. Ang tugon sa ulat ni Timoteo: 3:7-10
 - (1) Nangaaliw at nanghihimok: 3:7-8
 - (2) Pagpapasalamat at panalangin: 3:9-13

III. Pagtingin sa hinaharap: Paguugali sa liwanag ng pagbabalik Ng Panginoon: 4:1-5:24

- A. Paguugaling kaayaaya Sa Dios: 4:1-2
- B. Pagbabanal: 4:3-8
 - 1. Ang batayan ng pagbabanal: Ito ay kalooban Ng Dios: 4:3
 - 2. Ang paglalapat ng pagbabanal: 4:3-8
 - a. Lumayo sa pakikiapid: 4:3-5
 - b. Lumayo sa pandaraya sa kapatid: 4:6
- C. Dahilan sa tamang paguugali: 4:6-8
 - 1. Ang kasalanan ang nagdudulot ng paghihiganti Ng Dios: 4:6
 - 2. Ang tamang paguugali ay ayon sa tawag Ng Dios: 4:7
 - 3. Ang pagtangi sa tamang paguugali ay pagtangi Sa Dios: 4:8
- D. Pagibig katulad ng sa kapatid: 4:9-10

1. Pagpupuri sa kanilang pagibig: 4:9
2. Pangangaral para dagdagan ang pagibig: 4:10
- E. Pangangaral para maging masipag: 4:11-12
 1. Pag-aralan na maging matahimik: 4:11
 2. Gawin ang inyong sariling gawain: 4:11
 3. Mangagpagal ng inyong sariling mga kamay: 4:11
 4. Magsilakad ng tapat sa mananampalataya: 4:12
- F. Pagtuturo tungkol sa mga namatay Kay Cristo: 4:12-18
 1. Ang pangangailangan ng tamang pagtuturo: 4:12-13
 2. Ang kaugnayan ng mga namatay sa pagbabalik Ni Cristo: 4:14-15
 - a. Ang mga namatay Kay Cristo ay dadalhin sa Kanya: 4:14
 - b. Ang mga buhay ay hindi mauuna sa mga namatay Kay Cristo: 4:15
 3. Ang paraan at ang mga resulta ng pagbalik Ni Cristo: 4:16-17
 - a. Ang paraan ng Kanyang pagbalik: 4:16
 - b. Ang resulta ng Kanyang pagbalik: 4:16-17
 - (1) Ang mga patay ay unang bubuhayin: 4:16
 - (2) Ang mga buhay ay aagawin: 4:17
 - (3) Ang mga mananampalataya ay sasa Panginoon magpakailan man: 4:17
 4. Ang kaaliwan sa mga salitang ito ay magagamit ng mga mananampalataya: 4:18
- G. Pagiingat sa pagtanaw sa pagdating Ng Panginoon: 5:1-11
 1. Hindi tiyak ang panahon ng Kanyang pagparito: 5:1-2
 - a. Hindi na kailangan ang pagtuturo: 5:1
 - b. Ang kanilang kaalaman tungkol sa paraan ng Kanyang pagdating: 5:2
 2. Ang resulta ng walang katiyakan para sa mga hindi handa: 5:3
 3. Ang resulta ng walang katiyakan na ito sa mga mananampalataya: 5:4-11
 - a. Maging handa: 5:4
 - b. Lumakad sa liwanag: 5:5
 - c. Huwag matutulog ang ating espiritu: 5:6
 - d. Magmasid: 5:6
 - e. Mangagpuyat: 5:6-8
 - f. Isuot ang baluti ng pananampalataya at pagibig: 5:8
 4. Ang kasiguruhan ng mananampalataya: 5:9-11
 - a. Itinalaga sa kaligtasan, hindi sa galit: 5:9-10
 - b. Kaaliwan at pagpapatibay dahil sa pag-asang ito: 5:11
- H. Kaugnayan sa Iglesya: 5:12-15
 1. Kilalanin ang nagpapagal sa inyo ay higit sa inyo: 5:12
 2. Pakamahalin ninyo sila dahil sa kanilang nagpapagal para sa inyo: 5:13
 3. Paalalahanan ang mga manggugulo: 5:14
 4. Aliwin ang mga mahihinang –loob: 5:14
 5. Alalayan ang mahihina: 5:14

6. Maging mapagpahinuhod sa lahat: 5:14
7. Huwag gantiyan ng masama ang masama: 5:15
8. Sundin ang mabuti: 5:15
- I. Personal na paguugali: 5:16-22
 1. Mangagalak kayong lagi: 5:16
 2. Manalangin ng walang patid: 5:17
 3. Sa lahat ng bagay magpasalamat: 5:18
 4. Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu: 5:19
 5. Huwag hamakin ang nag po propesiya: 5:20
 6. Subukin ang lahat ng mga bagay: 5:21
 7. Ingatan ninyo ang mabuti: 5:21
 8. Layuan ang bawat anyo ng masama: 5:22

IV. Pagtatapos: 5:23-28

- A. Pagpapala para sa kanila: 5:23-24
- B. Kahilingan sa panalangin: 5:25
- C. Pagbati: 5:26
- D. Ang tagubilin: 5:27
- E. Ang kahilingan para sa biyaya Ng Panginoon: 5:28

II TESALONICA

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Para sa iglesia sa Tesalonica

LAYUNIN: Para turuan ang mga mananampalataya na maghintay sa pagbabalik Ng Panginoon.

SUSING TALATA: II Tesalonica 2:3

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Dahil maraming tatalikod sa pananampalataya bago ang araw Ng Panginoon, mahalaga na turuan at mamuhay sa tamang doktrina.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Silvano, at Timoteo

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-2

- A. Mula kina Pablo, Silvano, at Timoteo: 1:1

- B. Para sa iglesia sa Tesalonica 1:1
- C. Biyaya at kapayapaan mula Sa Dios at Kay Jesus: 1:2

II. Kaaliwan sa pagasang pagbabalik Ni Cristo: 1:3-12

- A. Pasasalamat para sa kanilang Kristiyanong halimbawa: 1:3-4
 - 1. Mga dahilan para sa pagpapasalamat: 1:3
 - a. Ang kanilang pananampalataya ay lumalagong lubha: 1:3
 - b. Mayroon silang pagibig sa isa't isa: 1:3
 - 2. Ang resulta ng kanilang paguugali sa mga manunulat: 1:4
- B. Kaaliwan sa makatuwirang paghuhukom Ng Dios: 1:5-10
 - 1. Ang tanda ng makatuwirang paghuhukom Ng Dios: 1:5
 - 2. Ang pahayag ng makatuwirang paghuhukom Ng Dios: 1:6-8
 - a. Ang resulta ng Kanyang paghuhukom: 1:6-7
 - (1) Ang Dios ay nagpadala ng kapighatian sa mga pumipighati sa kanila: 1:6
 - (2) Ang mga napipighati ay makakakita ng kapahingahan sa pagbabalik Ng Panginoon: 1:7
 - b. Ang panahon ng paghuhukom: Kapag ang Panginoon ay ipinahayag mula sa Langit kasama ang Kanyang mga anghel: 1:7
 - c. Ang paksa ng paghuhukom: 1:8
 - (1) Ang mga hindi nakakakilala Sa Dios.
 - (2) Ang mga sumusunod hindi sa Ebanghelyo Ng Panginoong Jesus.
 - 3. Ang bunga ng makatuwirang paghuhukom Ng Dios: 1:9-10
 - a. Walang hanggang kaparusahan ng mga naligaw: 1:9
 - b. Pagluwalhati sa mga banal: 1:10
- C. Panalangin para sa mga mananampalataya: 1:11-12
 - 1. Ang nilalaman ng panalangin: 1:11
 - a. Na ibibilang ka Ng Dios na karapat-dapat sa pagkatawag na ito: 1:11
 - b. Na tutuparin Ng Dios ang lahat ng kabutihan at ang Kanyang mabuting gawa: 1:11
 - c. Na tutuparin Ng Dios ang gawa ng pananampalataya na may kapangyarihan: 1:11
 - 2. Ang pakay ng panalangin: Na ang pangalan Ni Jesus ay maluwalhati sa iyo at ikaw sa Kanya: 1:12

III. Babala tungkol sa panahon ng pagbabalik Ni Cristo: 2:1-17

- A. Ang alalahanin ni Pablo: 2:1-2
 - 1. Ang kanyang alalahanin ay tungkol sa pagdating ng araw Ng Panginoon: 2:1
 - 2. Mga damdaming ipinagbawal: 2:2
 - a. Mayanig ang inyong pagiisip.
 - b. Mabagabag sa espiritu, salita, o sulat.

- c. Maniwala na nangyari na.
 - B. Mga palatandaan ng pagwawakas: 2:3-12
 - 1. Ang malaking pagbagsak: 2:3
 - 2. Ang lalaking makasalan (anticristo) ay ipinahayag: 2:3-6
 - a. Sinasangsala at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios: 2:4
 - b. Siya ay nauupo sa templo Ng Dios: 2:4
 - c. Nagtatanyag na siya ay Dios: 2:4
 - d. Siya ay ipapahayag sa kanyang panahon: 2:5-6
 - 3. Siya ngayon ay kumikilos sa mundo, subalit hindi ipapahayag hanggang Ang Espiritu Santo ay umalis na: 2:7-8
 - 4. Ang kanyang kahihinatnan: 2:8
 - a. Papatayin siya Ng Panginoon ng hininga ng Kanyang bibig: 2:8
 - b. Lilipulin siya Ng Panginoon ng Kanyang kaningningan sa Kanyang pagparito: 2:8
 - 5. Mga palatandaan ng pagkakakilanlan ng anticristo: 2:9-12
 - a. Siya ay darating pagkatapos ng gawa ni Satanas: 2:9
 - b. Siya ay may kapangyarihan, tanda, at kahangahangang kasinungalingan: 2:9
 - c. Siya ay may boong daya ng kalikuan sa nangangapahamak; sapagkat hindi nila tinanggap ang katotohanan upang silay mangaligtas: 2:10
 - d. Magdudulot siya ng malaking kamalian: 2:11
 - e. Magdadala siya ng kapahamakan sa mga : 2:12
 - (1) Maniniwala sa hindi katotohanan.
 - (2) Na nasisiyahan sa hindi katuwiran.
 - C. Panalangin para sa mga mananampalataya sa Tesalonica: 2:13-17
 - 1. Pasasalamat dahil sa pagpili Ng Dios sa kanila: 2:13-14
 - a. Hinirang sila Ng Dios sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagbabanal Ng Espiritu at paniniwala sa katotohanan: 2:13
 - b. Tinawag sila Ng Dios sa pamamagitan ng Ebanghelyo para makamit ang kaluwalhatian Ni Jesus: 2:14
 - 2. Pangangaral para manatili: Panghawakan ang mga aral na sa inyo ay itinuro: 2:15
 - 3. Panalangin para sa kaaliwan at katatagan: 2:16-17
 - a. Para sa pinatutukuyan ng panalangin: 2:16
 - b. Nilalaman ng panalangin: 2:17
 - (1) Aliwin ka.
 - (2) Patibayin kayo sa bawa't mabuting gawa.
- IV. Mga utos sa liwanag ng pagbabalik Ni Cristo: 3:1-15
- A. Ang utos na manalangin: 3:1-2
 - 1. Para sa kalayaan ng pagkalat ng Ebanghelyo: 3:1
 - 2. Para sa kaligtasan ng mga mensahero: 3:2
 - a. Mula sa hindi makatuwirang tao.
 - b. Mula sa masamang tao.

- c. Mula sa lahat na walang pananampalataya.
 - B. Ang utos na lumago sa espiritu: 3:3-5
 - 1. Maging matibay sa Panginoon: 3:3
 - 2. Lumayo sa masama sa presensiya Ng Panginoon: 3:3
 - 3. Gawin ang mga bagay na iniutos: 3:4
 - 4. Patnubayan ang puso sa pagibig Ng Dios: 3:3
 - 5. Maghintay ng may pagtitiis para sa pagbabalik Ni Cristo: 3:5
 - C. Mga utos tungkol sa paguugali at kaugnayan: 3:6-12
 - 1. Humiwalay mula sa mga lumalakad nang hindi maayos at hindi ayon sa Salita: 3:6
 - 2. Sumunod sa tamang halimbawa ng mga pinunong espirituwal: 3:7-10
 - 3. Ang bawat mananampalataya ay dapat maging produktibo: 3:10-12
 - 4. Huwag magsasawa sa paggawa ng mabuti: 3:13
 - 5. Huwag sasama sa mga hindi sumsusunod sa Salita: 3:14
 - 6. Huwag ituring ang mga hindi maayos bilang kaaway, kundi inyo siyang paalalahanan tulad sa kapatid: 3:15
- V. Pagtatapos: 3:16-18
- A. Ang pamamanhik: 3:16
 - 1. Bigyan kayo ng kapayapaan Ng Panginoon.
 - 2. Sumainyong lahat Ang Panginoon:
 - B. Ang pagpapatunay: Lagda ng kamay ni Pablo: 1:17
 - C. Ang basbas: 1:18

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng I at II Mga Taga Tesalonica?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng I Mga Taga Tesalonica

.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng I Mga Taga Tesalonica?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng I Mga Taga Tesalonica.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng I Mga Taga Tesalonica mula sa memorya.

6. Sabihin ang layunin ng aklat ng II Mga Taga Tesalonica

7. Para kanino isinulat ang aklat ng II Mga Taga Tesalonica?

8. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng II Mga Taga Tesalonica.

9. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng II Mga Taga Tesalonica mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang Tesalonica ay naglalaman ng isa sa Bagong Tipan na dalawang pinaka malawak na mga talata sa pagdating ng anticristo. (Tingnan ang II Tesalonica 2:1-12 at Apocalipsis 13:1-8)

2. Ang iglesia sa Tesalonica ay naitatag ni Pablo sa kanyang ikalawang paglalakbay ng pagmimisyon. (Tingnan ang Mga Gawa 17:1-10)

3. Walang ibang aklat ang nagbigay ng pansin tungkol sa “rapture” (pagdagit) ng iglesia katulad ng I Tesalonica. Ang pangyayari ay tinukoy sa bawa’t isa sa limang kabanata. (Tingnan ang 1:10; 2:19; 3:13; 4:13-18; 5:1-11,23.) Gumawa ng buod tungkol sa iyong natutuhan tungkol sa pagdating Ng Panginoon.

4. Pansinin ang mga bagay na dapat mangyari bago ang hulimg pagbabalik Ni Cristo:

- Ang panlalamig ng mga mananampalataya:	II Tesalonica 2:3
-Taong makasalanan (anticristo) ay nahayag:	II Tesalonica 2:3
-Ang Espiritu Santo ay umalis mula sa mundo:	II Tesalonica 2:7
-Matinding kamalian (kasinungalingan):	II Tesalonica 2:11

5. Sa I Tesalonica mga kabanatang 4 at 5 mayroong ilang mga katotohanan tungkol sa mga “ natulog” at ang mga “buhay at nanatili.” Isulat kung ano ang iyong na obserbahan tungkol sa mga ito.

6. Sa II Tesalonica tinukoy ni Pablo ang ilang mga problema na kinakailangan ng pagtutuwid. Gumawa ng mga talaan at pansinin ang tagubilin o utos na kaugay sa bawa't problema na tinukoy.
7. Sa II Tesalonica pinuri ni Pablo ang mga taga Tesalonica at hinimok sila tungkol sa mga bagay na kanilang mahusay na ginagawa. Isulat ang mga pangangaral na ito.
8. Ayon sa II Tesalonica, ano ang mangyayari sa mga hindi sumusunod sa Ebanghelyo?
9. Ang mga susing salita sa I Tesalonica: Ebanghelyo, pananampalataya, pagibig, pag-asa, Panginoong Jesu Cristo, Dios, Espiritu Santo, paghihirap (kapighatian , pagdurusa), araw Ng Panginoon.
10. Mga susing salita sa II Tesalonica: Paghihirap, pagdurusa, pagdating Ni Jesus, Dios, Espiritu, kaluwhatian, tao na makasalanang, walang disiplina (matigas ang ulo), araw Ng Panginoon, katotohanan.

IKA-LABINGTATLONG KABANATA

I AT II KAY TIMOTEO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat na I at II Kay Timoteo.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat.
- Sabihin ang layunin ng aklat na I at II Kay Timoteo.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat na I at II Kay Timoteo mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng mga aklat.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Timoteo

LAYUNIN: Isinulat ni Pablo ang sulat sa kamanggagawa na si Timoteo na nagmiministeryo bilang panandaliang pastor sa iglesya sa Efeso. Ang aklat ay tungkol sa ilang mga problema at pangangailangan sa lumabas sa iglesya.

SUSING TALATA: I Kay Timoteo 4:12

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Dapat tayong mamuhay bilang halimbawa sa ministeryo kung saan tayo tinawag.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Timoteo, Hymenaeus, Alexander

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-3

- A. Mula kay: Pablo, isang apostol ni Jesus sa utos Ng Dios at Ni Jesus: 1:1
- B. Para kay: Timoteo, isang anak sa pananampalataya: 1:2
- C. Biyaya, habag, at kapayapaan mula Sa Dios at kay Jesus: 1:2
- D. Personal na tagubilin na manatili sa Efeso: 1:3

**Unang Bahagi: Ang Utos Kay Timoteo
Panatilihin ang Tamang Doktrina
1:3-20**

I. Pantilihin ang kadalisayan ng Ebanghelyo: 1:3-11

- A. Ang tagubilin: 1:3-4
 - 1. Huwag magturo ng ibang doktrina: 1:3
 - 2. Huwag makinig sa katha: 1:4
 - 3. Huwag makinig sa mga kasaysayan ng mga lahi: 1:4
- B. Ang pakay ng tagubilin: Pagibig: 1:5
 - 1. Mula sa malinis na puso.
 - 2. Mula sa mabuting budhi.
 - 3. Mula sa pananampalatayang hindi paimbabaw.
- C. Ang dahilan para sa tagubilin: 1:6-11
 - 1. Ang iba ay nagsibaling sa walang kabuluhanang pananalita: 1:6
 - 2. Nais nilang maging mga guro subalit walang kaalaman: 1:6
 - 3. Kanilang ginagamit ang kautusan ng hindi maayos: 1:8-11
 - a. Ang kautusan ay mabuti kung ito ay ginagamit na mabuti: 1:8
 - b. Ang kautusan ay hindi ginawa para sa matutuwid: 1:9
 - c. Ang kautusan ay ginawa para sa walang kautusan: 1:9-10
 - (1) Ang di masunurin: 1:9
 - (2) Walang Dios: 1:9
 - (3) Makasalanan: 1:9
 - (4) Hindi banal: 1:9
 - (5) Lapastangan: 1:9
 - (6) Mamamatay: 1:9
 - (7) Nakikiapid: 1:10
 - (8) Sila na dumudungis sa mga tao: 1:10
 - (9) Sa mga nagnanakaw ng tao: 1:10

- (10) Manloloko: 1:10
- (11) Manumpa ng walang katotohanan: 1:10
- (12) At iba pang bagay laban sa mabuting aral: 1:10
- 4. Ang kautusan ay dapat sangayon sa Ebanghelyo: 1:11

II. Ang kaugnayan ni Pablo sa Ebanghelyo: 1:12-17

- A. Pagpapasalamat para sa pagkatawag sa kanya sa paglilingkod Sa Dios: 1:12
 - 1. Ang kanyang tawag ay mula Kay Jesus: 1:12
 - 2. Siya ay pinalalakas Ni Jesus: 1:12
 - 3. Siya ay itinuring na matapat: 1:12
 - 4. Siya ay inilagay sa ministeryo: 1:12
- B. Ang paglalarawan sa tinawag: 1:13
 - 1. Siya ay mamumusong: 1:13
 - 2. Siya ay manguusig: 1:13
 - 3. Siya ay mangaalipusta: 1:13
 - 4. Siya ay kinahabagan dahil ginawa niya sa di pagkaalam: 1:13
- C. Ang paliwanag para sa paghirang sa kanya: 1:13-26
 - 1. Dahil sa biyaya Ng Dios: 1:13-14
 - 2. Para gawin siyang halimbawa sa iba: 1:15-16
- D. Ang papuri ni Pablo para sa kanyang kaugnayan sa Ebanghelyo: 1:17

III. Pagbaliktanaw sa paghirang lay Timoteo: 1:18-20

- A. Ang pagtitiwala sa tagubilin: 1:18
- B. Ang gawa ni Timoteo: 1:18-19
 - 1. Makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka: 1:18
 - 2. Ingatan ang pananampalataya: 1:19-20
 - 3. Magkaroon ng mabuting budhi: 1:19-20
 - a. Babala tungkol sa isang lalaki na nawala ang pananampalataya at budhi : 1:20
 - b. Sina Himeneo at Alejandro na ibinigay kay Satanas: 1:20

Ikalawang Bahagi:
Organisasyon At Administrasyon Sa Iglesya
2:1-3:13

I. Panalangin: 2:1-8

- A. Ang tungkulin ng panalangin: 2:1
- B. Ang likas ng panalangin: 2:1
 - 1. Pamamanhik.
 - 2. Panalangin.
 - 3. Pamamagitan.
 - 4. Magbigay ng pasalamat.
- C. Ang nasasakop ng panalangin: 2:1-2

1. Para sa lahat ng tao: 2:1
2. Para sa mga hari: 2:1
3. Para sa lahat ng may kapangyarihan: 2:2
- D. Ang resulta ng panalangin: 2:2-3
 1. Isang tahimik, mapayapang buhay sa boong kabanalan at katapatan: 2:2
 2. Nakalulugod sa paningin Ng Dios: 2:3
- E. Ang tagapamagitan ng panalangin: 2:5-7
 1. Si Jesu Cristo Ang Tagapagligtas: 2:5-6
 2. Sa Tagapamamagitan Na Ito si Pablo ay naordinahan bilang mangangaral, apostol, at guro: 2:7
- F. Ang panalangin ay walang itinatangi: 2:8
 1. Ang lahat ng tao sa lahat ng dako ay dapat manalangin: 2:8
 2. Kailangan na iunat ang mga kamay na banal: 2:8
 3. Kailangan silang manalangin ng walang galit at pakikipagtalo: 2:8

II. Mga kababaihan sa iglesya: 2:9-15

- A. Ang kanilang anyo: 2:9-10
 1. Mahinhing damit: 2:9
 2. Binigyang tuon ang ugali at mabuting gawa higit sa kaanyuan: 2:9-10
- B. Ang kanilang pagsamba: 2:11-12
 1. Mag-aral na may mababangloob: 2:11
 2. Huwag magturo sa kanyang sariling kapangyarihan (“mangamkam” ay kumuha ng kapangyarihan sa kanyang sarili. Dapat tayong lahat ay magturo sa kapangyarihan Ng Dios, hindi sa atin): 2:12
- C. Ang kanilang kaligtasan: Kahit ang babae ang unang nalinlang, sa pamamagitan ng babae(nanganak) ang Mesias ay naparito: 2:13-15

III. Katangin para sa Obispo: 3:1-7

- A. Walang kapintasan (walang kasalanan): 3:2
- B. May isang asawang babae: 3:2
- C. Mapagpigil: 3:2
- D. Mahinahon ang pagiisip (seryoso): 3:2
- E. Mabuting ugali, kagalanggalang: 3:2
- F. Mapagpatuloy: 3:2
- G. Sapat na makapagturo: 3:2
- H. Hindi umiinom ng alak: 3:3
- I. Hindi magulo: 3:3
- J. Matiyaga: 3:3
- K. Hindi mahilig makipagtalo (hindi palaaway): 3:3
- L. Hindi maibigin sa salapi: 3:3
- M. Hindi sakim: 3:3
- N. Namamahalang mabuti ng kanyang sambayanan: 3:4-5
- O. Hindi baguhan (bagong hikayat): 3:6
- P. Mayroong mabuting patotoo sa hindi ligtas na komunidad: 3:7

IV. Katangian para sa diakono: 3:8-13

- A. Mahusay, maginoo: 3:8
- B. Hindi dalawang dila: 3:8
- C. Hindi mahilig sa maraming alak: 3:8
- D. Hindi maibigin sa salapi: 3:8
- E. Mayroong tamang doktrina at malinis na budhi: 3:9
- F. Hindi baguhan (bagong hikayat): 3:10
- G. Subok (nasubukan) at nakitang walang kasalanan: 3:10
- H. Kung may asawa, ang asawang lalaki na may maka Dios na asawa: (Ang asawang babae na maaring maging diakonisa.) Sila ay dapat: 3:11
 - 1. Mahusay.
 - 2. Hindi maninirang puri.
 - 3. Maliwanag ang pagiisip
 - 4. Matapat sa lahat ng bagay.
- I. May iisang asawang babae: 3:12
- J. Namamahalang mabuti ng kanyang sambahayan: 3:12

V. Ang dahilan ni Pablo sa pagsusulat: Tamang paguugali sa iglesya: 3:14-16

Ikatlong Bahagi:
Ang Pastor At Ang Kanyang Ugali
4:1-6:21

I. Ang pastor at ang maling katuruan: 4:1-5

- A. Ang ilan ay tatalikod sa pananampalataya sa mga huling araw: 4:1
- B. Ang kanilang mga kamalian: 4:1-5
 - 1. Pinakinggan ang espiritung mapaghikayat: 4:1
 - 2. Pinakinggan sa maling mga doktrina ng demonio: 4:1
 - 3. Nagsasalita ng kasinungalingan na maypagpapaimbabaw: 4:2
 - 4. Hinerohan ang kanilang mga sariling budhi: 4:2
 - 5. Na ipinagbabawal ang pagaasawa: 4:3
 - 6. Ipinagutos na huwag kumain ng karne: 4:3-5

II. Iba pang tagubilin sa pagiging mabuting pastor: 4:6-16

- A. Turuan ang kapatiran ng tamang doktrina: 4:6
- B. Tanggihan ang mga alamat: 4:6
- C. Magsanay sa kabanalan: 4:7-8
- D. Tumanggap ng tapat na mga salita: 4:9
- E. Maghirap at magdusa para Sa Dios: 4:10
- F. Magutos at ituro ang tamang doktrina: 4:11

- G. Huwag hamakin ang iyong kabataan, kundi maging halimbawa sa mananampalataya: 4:12
1. Sa Salita.
 2. Sa pamumuhay.
 3. Sa pagibig
 4. Sa espiritu.
 5. Sa pananampalataya
 6. Sa kalinisan.
- H. Bigyang pansin ang: 4:13
1. Pagbabasa.
 2. Pangangaral.
 3. Doktrina.
- I. Huwag mong pabayaang ang kaloob na nasa iyo: 4:14
- J. Magsipag ka at tumalaga kang lubos sa mga bagay na ito: 4:15
- K. Magingat ka sa iyong sarili at doktrina: 4:16
1. Magpatuloy sa tamang doktrina.
 2. Iyong ililigtas ang iyong sarili.
 3. Iyong ililigtas ang nakikinig sa iyo.

III. Ang pastor at ang kanyang paguugali tungo sa iba't ibang grupo sa iglesia: 5:1-6:10

- A. Sa matanda at bata: 5:1-2
1. Ibilang mong ama ang matanda: 5:1
 2. Ibilang mong kapatid ang nakababatang lalaki: 5:1
 3. Ibilang mong ina ang nakatatandang babae: 5:2
 4. Ibilang mong kapatid na babae ang nakababatang babae na may kalinisan: 5:2
- B. Mga Balo: 5:3-16
1. Igalang ang mga balo: 5:3
 2. Tungkulin ng mga kamaganak sa mga balo: 5:4
 3. Kahulugan ng “tunay na balo”: 5:5-6
 - a. Malungkot: 5:5
 - b. Nagtitiwala Sa Dios: 5:5
 - c. Nagpapatuloy sa pagdaing at panalangin: 5:5
 - d. Hindi namumuhay sa layaw ng mundo: 5:6
 4. Pagpapatuloy ng mga tungkulin ng kamag-anak : 5:7-8
 5. Katangian para sa mga “tunay na balo”: 5:9-13
 - a. Mga napili na nagtalaga ng kanilang buhay Sa Dios: 5:9
 - b. Hindi sa ilalim ng tatlong taon: 5:9
 - c. Asawang babae sa isang lalaki: 5:9
 - d. May magandang ulat sa kanyang mabuting gawa: 5:9-10
 - (1) Itinaguyod ang kanyang mga anak.
 - (2) Nagpatuloy sa mga taga ibang bayan.
 - (3) Naghugas ng mga paa ng mga banal.
 - (4) Nag-abuloy sa mga napipighati.

- (5) Masipag na gumawa ng mabubuting gawa.
6. Ang mga hindi angkop: Nakababatang balo: 5:11-15
 - a. Sila'y mag-aasawang muli: 5:11
 - b. Ito ay magdudulot na sirain ang kanilang pangako na italaga sa paglilingkod Sa Dios: 5:12
 - c. Sila ay gagawa ng hindi tamang gawain: 5:13
 - (1) Katamaran.
 - (2) Magpalipatlipat sa bahay bahay.
 - (3) Matatabil.
 - (4) Mapakialam.
 - (5) Nagsisipagsalita ng di mga bagay na di nararapat.
7. Tagubilin sa mga nakababatang mga balo na hindi nasa grupo na itinalaga sa mas matandang balo: 5:16-17
 - a. Magasawa: 5:16
 - b. Mag anak: 5:16
 - c. Patnubayan ang tahanan: 5:16
 - d. Mamuhay ng hindi nagsisisi: 5:16
 - e. Babala na ang iba ay bumaling kay Satanas: 5:17
- C. Mga Matatanda: 5:17-25
 1. Igalang ang mga namumuno nang mahusay: 5:17
 2. Pagkalooban ang mga nagpapagal ng buong panahon sa posisyon na ito: 5:17-18
 3. Sa mga hindi nanguna ng mahusay: 5:19-20
 - a. Ang akusasyon ay dapat higit sa isang saksi: 5:19
 - b. Dapat silang paalalahanan sa harap ng pagtitipon: 5:20
- D. Iba pang bagay: 5:21-25
 1. Huwag magmadali sa pagpapatong ng kamay: 5:21
 2. Huwag gumawa ng anomang pagkiling: 5:21
 3. Huwag makilahok sa kasalanan ng iba: 5:22
 4. Panatilihing malinis ang iyong sarili: 5:22-23
 5. Kilalanin na ang paghuhukom ay Sa Dios: 5:24-25
 - a. Ang ibang kasalanan ay hinukuman na ngayon, ang iba ay hindi pa: 5:25
 - b. Ang ibang mabuting gawa ay nakikita ngayon, ang iba ay hindi pa: 5:25
- E. Mga alipin: 6:1-8
 1. Igalang ang mga panginoon: 6:1
 2. Huwag samantalain ang mga panginoon na mananampalataya: 6:2
- F. Lahat ng tao:
 1. Kung sila ay magtuturo ng komtra sa tamang doktrina Ni Jesus sila ay (3):
 - a. Palalo: 6:4
 - b. Walang alam: 6:4
 - c. Pagtatalo sa tanong at labanan ng salita mula sa pinaggalingan: 6:4-5
 - (1) Panaghilian: 6:4
 - (2) Pagkakaalit: 6:4
 - (3) Pagdaing: 6:4
 - (4) Masamang akala: 6:4
 - (5) Pagtatalo ng tao na masamang pagiisip at salat sa katotohanan, na nagsisipag akala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang: 6:5

2. Humiwalay ka sa mga klase ng taong ito: 6:5
 3. Ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan: 6:6-7
 - a. Pumarito tayo sa mundo ng walang kahit anomang bagay: 6:7
 - b. Wala tayong madadala mula sa mundong ito: 6:7
 - c. Dapat tayong masiyahan dahil na tutugunan ang ating pangunahing pangangailangan: 6:8
- G. Sa mayaman: 6:9-19
1. Ang problema ng mayaman: 6:9
 - a. Nahuhulog sila sa tukso.
 - b. Nahuhulog sila sa bitag.
 - c. Gumagawa sila ng kahangalan at nakasasakit na pita.
 - d. Sila ay nalulubog sa kapahamakan at kamatayan.
 2. Ang maling motibo ng mayaman: 6:10
 - a. Ang pagibig sa salapi.
 - b. Pagnanasa na nag bunga sa maling pananampalataya at marami ang nalumbay.
 3. Tugon ng pastor sa kayamanan: 6:11-19
 - a. Tumakas sa mga bagay na ito: 6:11
 - b. Sumunod sa: 6:11
 - (1) Katuwiran.
 - (2) Kabanalan.
 - (3) Pananampalataya.
 - (4) Pagibig
 - (5) Pagtitiyaga.
 - (6) Kaamuan.
 - c. Makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya: 6:12
 - d. Manahan ka sa buhay na walang hanggan: 6:12
 - (1) Kung paano ka tinawag.
 - (2) At ipinahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming mga saksi.
 - e. Gawin ang mga utos na ito: 6:13-16
 - (1) Walang dungis: 6:14
 - (2) Walang kapintasan: 6:14
 - (3) Hanggang sa pagpapakita Ni Jesus: 6:14-16
 - f. Utusan sila na mga mayayaman sa mundong ito: 6:17-19
 - (1) Huwag magsipagmataas ng pagiisip: 6:17
 - (2) Huwag umasa sa mga kayamananang hindi mananatili kundi Sa Dios: 6:17
 - (3) Gumawa ng mabuti: 6:18
 - (4) Maging sagana sa mabuting gawa: 6:18
 - (5) Maging handa na ipamahagi sa iba: 6:18
 - (6) Naisin na makipagusap: 6:18
 - (7) Mangagtipon sa walanghanggang kinasasaligan: 6:19
 - (8) Mangagtipon sa walanghanggang buhay: 6:19

IV. Pagtatapos: 6:20-21

- A. Ingatan ang ipinagkatiwala sa iyo: 6:20
- B. Iwasan ang walang kabuluhang pagsasalita: 6:20
- C. Iwasan ang oposisyon na tinatawag na “siyensiya” kung saan ang ilan ay nagkamali: 6:21
- D. Ang biyaya ay sumainyo: 6:21

II TIMOTEO

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Timoteo

LAYUNIN: Isinulat ni Pablo ang aklat na ito sa bilangguan bilang paghamon kay Timoteo na tanggapin ang responsabilidad para sa ministeryo na hinahawakan ng apostol dahil sa kanyang nalalapit na kamatayan. Alam ni Pablo na siya ay papatayin dahil sa kanyang pananampalataya.

SUSING TALATA: II Kay Timoteo 2:2

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang banal na batayan ng pagpaparami ng mensahe ng Ebanghelyo ay “ang bawat isa ay magturo ng isa para makaabot ng isa.”

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Timoteo, Figello, Hermogenes, Onesiforo, Himeneo, Ohiletus, Demas, Tito, Lucas, Marcos, Tiquitico, Alexander, Prisca, Aquila, Erastus, Tropimus, Eubulus, Pedens, Linus, Claudia, Janes, Jambres, Moises.

BALANGKAS

- I. Pambungad: 1:1-2
 - A. Mula kay: Pablo: 1:1
 - 1. Isang apostol.
 - 2. Ayon sa pangakong buhay na na Kay Jesus.
 - B. Para Kay: Timoteo: 1:2
 - 1. Isang anak sa pananampalataya.
 - 2. Biyaya, habag, at kapayapaan mula Sa Dios ay Kay Jesus.
- II. Pasasalamat: 1:3-5
 - A. Pagpapasalamat Sa Dios: 1:3
 - B. Dahil para sa kanyang pagpapasalamat: 1:3-5
 - 1. Ang kanyang alaala kay Timoteo: 1:3
 - 2. Ang kanyang pananabik kay Timoteo: 1:4

3. Ang kanyang alaala sa pananampalatayang hindi pakunwari ni Timoteo: 1:5

III. Pangangaral sa matapat na ministeryo: 1:6-2:13

- A. Gamitin mo ang iyong espirituwal na kaloob: 1:6
- B. Maging matapang: 1:7-8
 1. Huwag maging matatakutin: 1:7
 2. Magkaroon ng espiritu ng kapangyarihan, pagibig, at kahusayan: 1:7
 3. Huwag kang mahiya sa iyong patotoo: 1:8
 4. Makibahagi sa pagtitiis ng kahirapan dahil sa Ebanghelyo ayon sa kapangayrihan Ng Dios: 1:8
- C. Kilalanin ang pagkatawag sa iyo: 1:9-12
 1. Ito ay galing Sa Dios: 1:9
 2. Ito ay sa pamamagitan ng kaligtasan, hindi sa mga gawa: 1:9
 3. Ito ay para makamit ang pakay Ng Dios: 1:9
 4. Ito ay dahil sa biyaya Ng Dios: 1:9
 5. Ito ay batay Kay Jesu-Cristo: 1:10-11
 6. Ito ay magdudulot ng pagdurusa: 1:12
 7. Ito ay batay sa walanghanggang kapakinabangan: 1:12

IV. Pangangaral sa tamang doktrina: 2:13-26

- A. Ingatan ang mga ito: 1:13-14
- B. Ang dahilan para sa pangangaral: 1:15-18
 1. Ang pagtalikod mula sa tamang doktrina ng mga nasa Asia: Figello at Hermogenes: 1:15
 2. Ang habag ni Onesiforo: 1:16-18
- C. Ang pagsugo ng tamang doktrina sa iba: 2:1-2
 1. Sa taong tapat: 2:2
 2. Na makapagtuturo naman sa mga iba: 2:2
- D. Ang pagbabantay sa tamang doktrina katulad ng isang kawal: 2:3-4
 1. Magtiis ng kahirapan: 2:3
 2. Huwag makihalubilo sa bagay ng buhay na ito: 2:4
 3. Kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal: 2:4
- E. Pagsumikapan ang tamang doktrina katulad ng manlalaro: 2:5
- F. Maghirap para sa tamang doktrina katulad ng magsasaka: 2:6
- G. Ang tungkulin tungkol sa tamang doktrina: 2:7
- H. Pagdurusa para sa tamang doktrina: 2:8-13
 1. Batay sa halimbawa Ni Jesus: 2:8
 2. Ang pagdurusa ay hindi nakapipigil ng tamang doktrina: 2:9
 3. Kung tayo ay patay sa Kanya, mabubuhay tayo Sa Kanya: 2:10
 4. Kung tayo ay magdurusa tayo ay maghahari: 2:12
 5. Kung itatatwa Siya, itatawa Niya tayo: 2:12
 6. Kung hindi tayo maniniwala, Siya'y mananatiling tapat: 2:13
- I. Huwag pagsumikapan ang hindi mahalagang mga bagay: 2:14

- J. Pagaralan ang tamang doktrina para: 2:15
 - 1. Humarap na subok Sa Dios.
 - 2. Huwag mahiya.
 - 3. Gumagamit ng matuwid ng salita ng katotohanan.
- K. Iwasan ang usapang walang kabuluhan: 2:16-18
 - 1. Sila'y lalong magpapatuloy sa kasamaan: 2:16
 - 2. Sina Himeneo at Fileto ang mga halimbawa nito: 2:17-18
- L. Patibayin mo ang iyong sarili sa tunay na haligi: 2:19
 - 1. Kay Cristo.
 - 2. Sa katuwiran.
- M. Maging sisidlan ng ikapupuri: 2:20-21
- N. Layuan ang masamang pita ng kabinataan: 2:22
- O. Sundin mo: 2:22
 - 1. Katuwiran.
 - 2. Pananampalataya.
 - 3. Pagibig.
 - 4. Kapayapaan.
 - 5. Kasama ng makaDios.
- P. Iwasan ang walang kabuluhan at hangal na mga tanong : 2:23-26
 - 1. Ang pagtatalo ng kasarian: 2:23
 - 2. Ang lingkod ng Dios ay dapat hindi magsumikap subalit dapat: 2:24-26
 - a. Maging maamo sa lahat: 2:24
 - b. Makapagtuturo: 2:24
 - c. Matiisin: 2:24
 - d. Na turuan ng kaamuan sa pagsisisi: 2:25-26
- V. Pangangral para sa mga huling araw: 3:1-4:8
 - A. Pahayag sa darating na panahong mapanganib: 3:1
 - B. Paglalarawan ng masamang tao sa mga huling araw: 3:2-7
 - 1. Maibigin sa kanilang sarili: 3:2
 - 2. Kasakiman: 3:2
 - 3. Mapagmalaki: 3:2
 - 4. Mayabang: 3:2
 - 5. Mapagtungyaw: 3:2
 - 6. Masuwayin sa magulang: 3:2
 - 7. Hindi nagpapasalamat: 3:2
 - 8. Hindi banal: 3:2
 - 9. Walang natural na pagmamahal: 3:3
 - 10. Walang paglulubag: 3:3
 - 11. Palabintangin: 3:3
 - 12. Walang pagpipigil: 3:3
 - 13. Mabangis: 3:3
 - 14. Hindi maibigin sa mabubuti: 3:3
 - 15. Mga lilo: 3:4
 - 16. Matitigas ang ulo: 3:4
 - 17. Palalo: 3:4
 - 18. Mapagmahal sa kalayawan kaysa mapagmahal Sa Dios: 3:4

19. Mayroong anyo ng kabanalan subalit tinanggihan ang kapangyarihan nito: 3:5
20. Nanggagapang sa bahay at binibihag ang babaing haling na lipos ng mga kasalanan: 3:6
21. Hitik ng kasalanan: 3:6
22. Hinilila ng pita: 3:6
23. Na laging nagsisipagaral subalit hindi nakararating sa kaalaman ng katotohanan: 3:7
- C. Sina Janes at Jambres bilang halimbawa ng ganitong kasamaan na tao: 3:8
 1. Nagsilaban kay Moises.
 2. Nagsisilaban sa katotohanan.
 3. Mga taong masasama ang isip.
 4. Itinakwil ang tungkol sa pananampalataya.
- D. Ang limitasyon ng ganitong masamang tao: 3:9
 1. Sila hindi magpapatuloy.
 2. Mahahayag ang kanilang kamangmangan sa lahat.
- E. Paguusig sa mga huling araw: 3:10-12
 1. Si Pablo ang halimbawa ng paguusig: 3:10-11
 - a. Ang kanyang doktrina, pamumuhay, pakay, pananampalataya, pagpapahinuhod, pagibig, at pagtitiis na matagal ang paguusig: 3:10
 - b. Pinalaya siya Ng Dios mula sa paguusig sa Antioquia, Iconio, at Listra: 3:11
 2. Ang lahat ng mamuhay ng makaDios ay makararanas ng paguusig: 3:12
- F. Ang pasama ng pasamang kalagayan sa huling mga araw: 3:13
 1. Ang masamang tao at mga mandaraya ay lalong sasama ng sasama: 3:13
 2. Sila ay mandaraya ng iba: 3:13
 3. Darayain nila ang kanilang sarili: 3:13
- G. Ang tugon ng pastor sa kalagayan ng mga huling araw: 3:14-4:5
 1. Magpatuloy sa tamang doktrina: 3:14-15
 2. Magpatatag sa Salita ng Dios: 3:15-17
 - a. Ang Biblia ang magpapadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya Kay Jesus: 3:15
 - b. Ang mga ito ay ibinigay sa pamamagitan ng inspirasyon Ng Dios: 3:16
 - c. Ang mga ito ay kagamitgamit: 3:16
 - (1) Para sa pagtuturo.
 - (2) Para sa pagsansala.
 - (3) Para sa pagsaway
 - (4) Para sa ikatuturo ng katuwiran.
 - d. Ang Salita ay nagdudulot ng kaganapan: 3:17
 - e. Ang Salita ay nagtuturo ng lubos sa lahat ng mga gawang mabuti: 3:17
- H. Panghawakan ang dakilang utos: 4:1
- I. Ipangaral ang Salita: 4:2
- J. Maging handa sa kapanahunan, at sa di kapanahunan: 4:2

- K. Sumawata, sumaway, mangaral, ng mayroong pagpapahinuhod at pagtuturo: 4:2-4
 - 1. Ito ay kinakailangan dahil darating ang panahon na hindi na nila kayang tiisin ang magaling na aral: 4:3
 - 2. Nais nila ang mga guro na ituturo ang gusto nilang marinig: 4:3
 - 3. Tatalikod sila mula sa katotohanan: 4:4
 - 4. Babaling sila sa mga katha: 4:4
- L. Magpigil sa lahat ng mga bagay: 4:5
- M. Magtiis ka ng mga kahirapan: 4:5
- N. Gawin ang gawa ng evangelista: 4:5
- O. Ganapin mo ang iyong ministeryo: 4:5

VI. Pagtatapos: 4:6-22

- A. Ang patotoo ni Pablo: 4:6-8
 - 1. Siya ay handa at nahaharap sa kamatayan: 4:6
 - 2. Nakipaglaban siya ng mabuting pakikipaglaban: 4:7
 - 3. Natapos niya ang plano sa kanyang buhay: 4:7
 - 4. Iningatan niya ang pananampalataya: 4:7
 - 5. Mayroong gantimpala na naghihintay sa kanya: 4:8
 - 6. Mayroong gantimpala na naghihintay para sa mga sumunod sa kanyang halimbawa: 4:8
- B. Ang kahilingan na pumunta si Timoteo: 4:9-13
 - 1. Ang kahilingan na pumunta: 4:9
 - 2. Ang dahilan: 4:10-12
 - 3. Tagubilin kung ano ang dapat dalhin: 4:13

VII. Ang pagsubok ni Pablo: 4:14-18

- A. Ang kasamaan na ginawa ni Alejandro: 4:14-15
- B. Si Pablo ay kinailangan na magsanggalang na nagiisa: 4:16
- C. Subalit kasama niya Ang Dios sa buong pagsubok: 4:17
- D. Sasamahan siya Ng Dios sa panghinaharap na pagsubok: 4:18

VIII. Pagtatapos: 4:19-22

- A. Pagbati kay Prisca, Aquila, at sa buong sambahayan ni Onesifo: 4:19
- B. Balita tungkol sa kasama ni Pablo: 4:20
- C. Ang huling samo para sa pagpunta ni Timoteo: 4:21
- D. Natatanging pagbati: 4:21
- E. Basbas: 4:22

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng I at II Kay Timoteo?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng I Kay Timoteo.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng I Kay Timoteo?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng I Kay Timoteo.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng I Kay Timoteo.

6. Sabihin ang layunin ng aklat ng II Kay Timoteo.

7. Para kanino isinulat ang aklat ng II Kay Timoteo?

8. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng II Kay Timoteo.

9. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng II Kay Timoteo.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang paggamit ng salitang “Inuutos” sa I at II Kay Timoteo. Ano ang mga iniutos ni Pablo na gawin ni Timoteo?
2. Pag-aralan ang salitang “pananampalataya” na ginamit sa dalawang aklat na ito. Ano ang sinasabi ni Pablo tungkol sa pananampalataya?
3. Ang aklat na ito ay naglalaman ng maraming bagay tungkol sa ministeryo ng pagtuturo. Pag-aralan ang lahat ng isinulat ni Pablo tungkol sa mga guro, pagtuturo, at ang responsabilidad na magturo.
4. Pag-aralan ang salitang “kabanalan” sa I at II Kay Timoteo. Ibuod ang naituro tungkol sa kabanalan.
5. Ang mga mananampalataya ay inihambing sa ilang mga bagay sa aklat ng II Kay Timoteo: Isang kawal (2:3), isang atleta (2:5), isang magsasaka (2:6), isang magaaral (2:15), isang sisidlan (2:21), at isang alipin (2:24).
6. Basahin ang buod at pagtataya ng ministeryo ni Pablo: II Kay Timoteo 4:6-8
7. Pag-aralan ang mga katangian para sa Matatanda, Diakono na ibinigay sa I Kay Timoteo: 3:1-13

8. Pag-aralan ang buhay ni Timoteo. Para sa karagdagan na impormasyon kay Timoteo sa aklat ng I at II Kay Timoteo, pag-aralan ang mga sumusunod na mga talata:

- Mga Gawa 13:5; 14:19-20; 16:1-3; 17:14; 19:22; 20:4
- I Corinto 4:17; 9:20; 16:10
- II Corinto 1:1,19
- I Tesalonica 3:2,6
- Filipos 1:1; 2:19-23
- Colosas 1:1
- Filemon 1:1
- Hebreo 13:23

IKA-LABINGAPAT KABANATA

KAY TITO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Kay Tito.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Kay Tito.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Kay Tito.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Kay Tito mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat ng Kay Tito.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Para kay Tito, isang nahikayat na Griego at kamanggagawa ni Pablo.

LAYUNIN: Para iwasto ang mga problema at maitatag ang tamang kaayusan sa mga iglesya na nasa isla ng Creta.

SUSING TALATA: Kay Tito 1:5

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang pagsisimula ng mabuting gawa ay hindi sapat . Ang gawaing ito ay dapat mapatatag at maiorganisa ayon sa prinsipyo ng Salita Ng Dios

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, at Tito. Ang ibang nabanggit ay sina Artemas, Tiquico, Zenas, at Apollos

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-4

A. Mula kay Pablo: 1:1-3

1. Lingkod Ng Dios: 1:1
2. Apostol Ni Jesu Cristo: 1:1-2
3. Pastor na pinagkatiwalaan: 1:3

B. Para kay Tito: 1:4

II. Pakay: “ Para dito iniwan kita sa Creta”: 1:5

A. Para isayos ang mga bagay bagay.

B. Para itatag ang iglesya sa ilalim ng pangunguna ni Pablo.

III. Mga tagapanguna sa Iglesya: 1:6-16

A. Ang kanilang katangian: 1:6-9

1. Walang kapintasan: 1:6-7
2. May iisang asawang babae: 1:6
3. Namamahala sa kanyang sambahayan, na may anak na nagsisisampalataya at masunurin: 1:6
4. Mabuting katiwala: 1:7
5. Hindi magagalitin: 1:7
6. Hindi naglalasing: 1:7
7. Hindi pinaiiiral ang sariling kalooban: 1:7
8. Hindi palaaway: 1:7
9. Hindi masakim sa mahalay na kapakinabangan (pagkakamit ng salapi sa maling paraan): 1:7
10. Maibigin sa pagpapatuloy: 1:8
11. Maibigin sa mabuting tao: 1:8
12. Mahinahon ang pagiisip: 1:8
13. Makatarungan: 1:8
14. Banal: 1:8
15. Mapagpigil: 1:8
16. Maayos ang doktrina: 1:9
17. Alam ang Salita: 1:9

- B. Ang pangangailangan para sa kanilang katangian: 1:9-16
1. Para maitama ang nagsisinsalang mananampalataya sa pamamagitan ng tamang pagtuturo: 1:9, 13
 2. Ang mga nagsisinsalang mananampalataya ay inilarawan bilang: 1:10-16
 - a. Suwail: 1:10
 - b. Nagsasalita ng walang kabuluhan: 1:10
 - c. Mandaraya: 1:10
 - d. Nagsisipanggulo sa sambahayan: 1:11
 - e. Nagtuturo ng mga bagay na tungkol sa salapi: 1:11
 - f. Manloloko: 1:12
 - g. Masasamang hayop: 1:12
 - h. Matatakaw na tamad: 1:12
 - i. Hindi tamang pagtuturo: 1:13
 - j. Nakikinig sa utos ng tao na tumalikod mula sa katotohanan: 1:14
 - k. Madumi ang pagiisip at budhi: 1:15
 - l. Hindi naniniwala: 1:15
 - m. Nagmama-anyong kilala Ang Dios , subalit sa gawa ay itinatatwa Siya: 1:16
 - n. Kasuklam-suklam: 1:16
 - o. Suwail: 1:16
 - p. mga itinakuwil sa bawa't gawang mabuti (o walang paghuhukom): 1:16

IV. Iba't ibang grupo sa iglesya: 2:1-3:2

- A. Ang matatandang lalake ay dapat na: 2:2
1. Mahinahon ang pagiisip
 2. Mahusay.
 3. Mapagpigil
 4. Magagaling sa pananampalataya.
 5. Maibigin
 6. Matiisin
- B. Ang matatandang babae ay dapat na: 2:3-4
1. “Gayun din naman”: Dapat silang may katangian tulad ng mga katangian ng matatandang lalake: 2:3
 2. Magalang sa kanilang kilos: 2:3
 3. Hindi palabintangin: 2:3
 4. Hindi alipin sa maraming alak: 2:3
 5. Guro ng kabutihan: 2:3
 6. Guro ng nakababatang babae: 2:4
- C. Ang batang babae ay dapat na: 2:4-8
1. Mahinahon sa pagiisip: 2:4
 2. Magmahal sa kanilang asawa: 2:4
 3. Magmahal sa kanilang mga anak: 2:4

4. Mahinahon: 2:5
 5. Malinis: 2:5
 6. Masipag sa bahay: 2:5
 7. Mabuti: 2:5
 8. Masunurin sa kanilang asawa, na ang Salita Ng Dios ay hindi nilalapastangan: 2:5
- D. Batang lalake: 2:6
1. “Gayundin naman”: Dapat nilang mapaunlad ang parehong katangian katulad ng sa batang babae: 2:6
 2. Mahinahon na pagiisip: 2:6
- E. Lahat ng grupo ng mananampalataya: 2:7-8
1. Halimbawa ng mabuting gawa: 2:7
 2. Tamang doktrina: 2:7
 3. Mahusay: 2:7
 4. Tapat: 2:7
 5. Pangungusap na magaling na hindi matuligsa: 2:8
 6. Walang anomang masamang masasabi : 2:8
- F. Sa mga naglilingkod sa mga panginoon: 2:9-10
1. Masunurin: 2:9
 2. Kalugdan ang kanilang panginoon: 2:9
 3. Hindi sumasagot sa kanila: 2:9
 4. Huwag mandaya: (magnakaw): 2:10
 5. Magpakita ng mabuting pagtatapat: 2:10
 6. Halimbawa sa Doktrina: 2:10
- G. Lahat ng mananampalataya: 2:11-3:2
1. Pagtangi sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan: 2:12
 2. Mabuhay na may pagpipigil: 2:12
 3. Mabuhay ng matuwid: 2:12
 4. Mabuhay ng banal: 2:12
 5. Hintayin ang pagbabalik ni Jesus: 2:13
 6. Mamuhay ng tinubos na buhay: 2:14
 7. Mamuhay ng banal: 2:14
 8. Ihilera ang sarili sa mga anak Ng Dios: 2:14
 9. Maging masigasig sa mabuting gawa: 2:14
 10. Pasakop sa pinuno: 3:1
 11. Handa sa lahat ng mabuting gawa: 3:1
 12. Hindi nagsasalita ng masama sa kahit kaninoman: 3:2
 13. Huwag nakipagtalo: 3:2
 14. Mahinahon: 3:2
 15. Maamo: 3:2
- V. Karagdagang tagubilin para sa kaayusan ng iglesya: 3:3-11
- A. Makitungo sa mga kaanib ayon sa batayan kung paano makitungo Ang Dios sa iyo: 3:3-7

1. Sa panahong nakalipas ikaw ay: 3:3
 - a. Hangal.
 - b. Masuwayin.
 - c. Nadaya..
 - d. Nalilingkod sa sarisaring masamang pita at kalayawan.
 - e. Namumuhay sa masamang akala at kapanaghilian.
 - f. Napopoot.
 - g. Napopoot sa isa't isa.
2. Subalit mahal ka Ng Dios sa kabila nito at : 3:4-7
 - a. Ikaw ay naligtas sa Kanyang kaawaan: 3:5
 - b. Ikaw ay hinugasan at nalimis: 3:5
 - c. Ikaw ay nabago: 3:5
 - d. Ikaw ay binago ng Espiritu Santo: 3:5-6
 - e. Ikaw ay inaring-ganap sa pamamagitan ng biyaya: 3:7
 - f. Ikaw ay naging tagapagmana ng walanghanggang buhay: 3:7
- B. Panatiliin ang mabuti, mapapakinabangan, at kinakailangan na mga gawa na mabunga: 3:8,14
- C. Iwasan ang mga bagay na ito dahil ang mga ito ay hindi mapapakinabangan at walang kabuluhan: 3:9
 1. Hangal na mga tanong.
 2. Pagsasalaysay ng lahi.
 3. Pagtatalo.
 4. Pagsusumikap sa kautusan.
- D. Pagkatapos ng una at ikalawang babala ng maling katuruan: 3:10-11
 1. Itakwil siya: 3:10
 2. Kilalanin na siya ay napahamak: 3:11
 3. Kilalanin ang kanyang kasalanan: 3:11
 4. Alamin na siya ay hinatulan ng kanyang sarili: 3:11

VI. Pangwakas: Personal na tagubilin at pagbati: 3:12-15

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Kay Tito?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Kay Tito.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Kay Tito?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Kay Tito.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Kay Tito mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang paksa ng mabuting gawa ay paulit-ulit na nababanggit sa aklat ng Kay Tito. Basahin ang mga sumusunod na talata . Isulat sa tsart kung ano ang itinuro tungkol sa mananampalataya at mabuting mga gawa:

Mga Talata

Buod

2:7

2:14

3:1

3:4

3:5

3:8

3:14

2. Pag-aralan ang katangian para sa pinuno ng iglesya na ibinigay sa aklat ng Kay Tito.

3. Pansinin ang tatlong panahon ng kaligtasan sa 2:11-13

- | | |
|-------------------|--|
| -Pangnagdaan: | Nagdala ng kaligtasan. |
| -Pangkasalukuyan: | Natuturo sa atin. |
| -Panghinaharap: | Naghihintay para sa pinagpalang pag-asa. |

4. Para sa “geographical background” tungkol sa Creta tingnan ang I Samuel 30:14, Ezekiel 25:16, Mga Gawa 2:11, at 27:17.

5. Pansinin ang kaugnayan sa pagitan ng I at II Kay Timoteo at Kay Tito:

- | | |
|-----------------|--------------------------|
| I Kay Timoteo: | Ingatan ang Ebanghelyo |
| II Kay Timoteo: | Ipangaral ang Ebanghelyo |
| Kay Tito: | Ipamuhay ang Ebanghelyo |

IKA-LABINGLIMANG KABANATA

KAY FILEMON

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Kay Filemon.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Kay Filemon.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Kay Filemon.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Kay Filemon mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Kay Filemon.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Filemon, Kristiyano na nakatira sa Colosas

LAYUNIN: Pagsamo para kay Onesimo. Ang tumakas na alipin ni Filemon na naging mananampalataya. Ang aklat ay nagsilbing praktikal na halimbawa ng Kristiyanong prinsipyo na maaaring ilapat sa kaugnayang panlipunan. Inilalarawan din ang prinsipyo ng pagpapatawad, at ang ministeryo ng tagapamagitan.

SUSING TALATA: Filemon 1:10

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang prinsipyong Kristiyano ay dapat ilapat sa kaugnayang panlipunan.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Onesimo, Filemon. Ikalawang Tauhan na nabanggit ay sina Apia, Arquipo, Epapras, Markus, Demas, Lucas, Aristarco.

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-7

- A. Pagbati sa biyaya at kapayapaan: 1:1-3
 - 1. Mula kay Pablo at Timoteo: 1:1
- B. Para: 1:1-2
 - 1. Filemon: 1:1
 - 2. Apia: 1:2
 - 3. Arquipo: 1:2
 - 4. Iglesya sa tahanan ni Filemon: 1:2
- C. Pasasalamat para sa : 1:4-7
 - 1. Pagibig: 1:5
 - 2. Pananampalataya: 1:5
 - 3. Pagbabahagi ng pananampalataya: 1:6
 - 4. Kaghinhawahan ng mga banal: 1:7

II. Ang kahilingan: 1:8-21

- A. Ang personal na malasakit ni Pablo kay Onesimo: 1:8-14
 - 1. Siya ay hindi kapakipakinabang na alipin: 1:11
 - 2. Siya ngayon ay kapakipakinabang na mananampalataya na: 1:11,13
- B. Ang samo ni Pablo para kay Onesimo: 1:15-18
 - 1. Patawarin siya para sa iyong kapakanan: 1:15
 - 2. Patawarin siya para sa kanyang kapakanan: 1:16
 - 3. Patawarin siya para sa aking kapakanan: 1:17-18
- C. Ang batayan ng kanyang kahilingan: 1:19-20
- D. Tiwala sa sagot: 1:21

III. Pangwakas: 1:22-25

- A. Ang mungkahing pagbisita ni Pablo: 1:22
- B. Pagbati: 1:23-25

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Kay Filemon?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Kay Filemon?.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Kay Filemon?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Kay Filemon.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Kay Filemon mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Maraming bagay ang tungkol sa lalaking si Filemon ang ipinahayag sa maikling aklat na ito. Pag-aralan ang mga sumusunod na buod:

-Filemon ay isang kaibigan:

Para kay Pablo sa Roma: 1:2

Sa mga Kristiyano sa Colosas: 1:5,7

- Siya ay mayaman dahil siya ay may alipin (1:15-16) at karagdagang silid para sa bisita (1:22).

-Utang niya kay Pablo ang kanyang buhay: 1:19

-Mayroong siyang iglesya sa kanyang tahanan: 1:2

-Siya ay kamanggagawa ni Pablo: 1:1

-Mayroong siyang positibong katangian ng Kristiyano na nakikita sa kanyang:

Pagibig: 1:5

Pananampalataya: 1:5

Pagbabahagi ng kanyang pananampalataya: 1:6

Pagpapaginhawa sa mga banal: 1:7

Pagsunod: 1:21

Mapanalanginin: 1:22

-Mukhang bumisita siya sa mga nasa bilangguan, at sinabi ni Pablo sa kanya na binabati siya ni Epafros , kasama sa bilangguan na naka gapos sa kanyang bayan: 1:23

2. Maraming bagay ang natutuhan tungkol kay Pablo:

-Siya ay bilanggo: 1:1

-Siya ay mapanalanginin: 1:4

- Mayroong siyan kagalakan sa gitna ng masamang kalagayan: 1:7
- Hindi niya sinamantala ang kaugnayan kahit nga maaari: 1:8-9,13-14,19
- Siya ay espirituwal na nanganganak kahit nakabilanggo: 1:10
- Siya ay hindi makasarili: 1:13-14
- Siya ay maibigin: 1:18-19
- Malalim ang kanyang pananampalataya: 1:22
- Pinahahalagahan niya ang kaugnayan: Onesimo, Filemon, at iba pang binati niya sa kabanata.

3. Gumawa ng listahan ng mga bagay na iyong natutuhan tungkol kay Onesimo sa kabanatang ito.

IKA-LABINGANIM KABANATA

SA MGA HEBREO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat Sa Mga Taga Hebreo .
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat Sa Mga Taga Hebreo.
- Sabihin ang layunin ng aklat Sa Mga Taga Hebreo.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat Sa Mga Taga Hebreo mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat Sa Mga Taga Hebreo.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Hudiyong (Hebreo) mananampalataya

LAYUNIN: Para ipakilala Si Jesu Cristo bilang higit sa lahat.

SUSING TALATA: Hebreo 8:6

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Si Jesus ang tagamapagitan sa mas higit na tipan na itinatag sa mas higit na mabubuting mga pangako.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Abraham, Moises, Aaron, Mechizedek, Tingnan din ang mga talaan ng pangalan sa Hebreo kabanata 11.

BALANGKAS

- I. Ang higit na tagapagtanggol: Si Jesus ay higit kaysa sa mga propeta: 1:1-4
 - A. Ang pahayag Ng Dios sa pamamagitan ng mga propeta para sa mga ama: 1:1
 - 1. Sa iba't ibang panahon.
 - 2. Sa iba't ibang paraan.
 - B. Ang pahayag Ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Anak: 1:2-4
 - 1. Ang Dios ay nangusap ngayon sa pamamagitan Ni Cristo: 1:2
 - 2. Ang pangdaigdig na pangunguna ay ibinigay Sa Anak: 1:2
 - 3. Ang pagliligtas na gawa Ni Cristo ay naganap na: 1:3-4
- II. Ang higit na tagapamagitan: 1:3-2:18
 - A. Si Jesus ay higit sa mga anghel: 1:3-4
 - 1. Sa mga mana.
 - 2. Sa pangalan.
 - B. Ang kahigitan Ni Jesus sa mga anghel ay nakita na sa Lumang Tipan: 1:5-14
 - 1. Mga Anghel: 1:5-7
 - 2. Ang Anak, Si Jesu Cristo: 1:8-12
 - C. (Una) Babalang talata: 2:1-4
 - 1. Pangangaral: 2:1
 - 2. Halimbawa sa Lumang Tipan: 2:2
 - 3. Pangaksalukuyang tungkulin ayon sa babalang ito: 2:3-4
 - D. Ang kahigitan Ni Cristo sa mga anghel ay hindi kontra sa Kanyang pagkatao: 2:5-8
 - 1. Mga anghel: 2:5
 - 2. Ang Anak: 2:6-8
 - E. Ang kahigitan Ni Cristo ay hindi kontra sa Kanyang pagdurusa: 2:9-18
 - 1. Ang pagdurusa ay kinakailangan para mabuo ang Kanyang pagkakakilanlan bilang tao: 2:9-13
 - 2. Ang pagdurusa ay kinakailangan para wasakin ang Diablo: 2:14
 - 3. Ang pagdurusa ay kinakailangan para palayain ang naniniwalang tao: 2:15-16
 - 4. Ang pagdurusa ay kinakailangan para maging marapat Si Jesus bilang maawaing dakilang Saserdote: 2:17-18
- III. Ang nakahihigit na tagapagtatag: Si Cristo ay nakahihigit kay Moises: 3:1-4:13
 - A. Si Cristo at si Moises: Ang paghahambing: 3:16

1. Si Cristo at si Moises ay parehong matapat Sa Dios: 3:1-2
 2. Si Cristo ang nagtatag ng tahanan. Si Moises ay bahagi ng tahanan: 3:3-4
 3. Si Cristo ay Anak sa kabila ng tahanan. Si Moises ay alipin lamang sa tahanan: 3:5-6
- B. (Ikalawa) Babalang talata: 3:7-4:13
1. Pangangaral: 3:7-8
 2. Karanasan ng Israel sa ilang: 3:8-11
 - a. Ugali ng Israel: 3:8-9
 - b. Tugon Sa Dios: 3:10-11
 3. Babala laban sa hindi paniniwala: 3:12-19
 - a. Ang babala: 3:12
 - b. Ang tugon ng mga mananampalataya ayon sa babala 3:13
 - c. Motibasyon para sa tugon: 3:14
 - d. Halimbawa ng Israel: 3:15-19
 4. Babala laban sa nawalang kapahingahan Ng Dios: 4:1-13
 - a. Ang babala: 4:1-2
 - b. Kapahingahan: 4:3-5
 - c. Walang kapahingahan: 4:6-8
 - d. Ang pamamahinga Ng Dios: 4:9-11
 - e. Patotoo ng babala ng Salita Ng Dios ang kaalaman: 4:12-13

IV. Ang nakahihigit na Dakilang Saserdote. Si Jesus ay nakahihigit kay Aaron: 4:14-7:28

- A. Si Jesus ang Dakilang Saserdote: 4:14-16
- B. Ang pagkasaserdote ni Aaron: 5:1-4
- C. Ang pagkasaserdote Ni Jesus: 5:5-10
- D. (Ikatlo) Babalang talata: 5:11-6:20
 1. Pagsansala para sa espirituwal na kaganapan: 5:11-14
 2. Pagpapasigla para sa espirituwal na kaganapan: 6:1-3
 - a. Pagunlad sa kabila ng prinsipyo ng saligan: 6:1-2
 - (1) Pagsisisi sa mga patay na gawa: 6:1
 - (2) Pananampalataya Sa Dios: 6:
 - (3) Doktrina ng bautismo: 6:2
 - (4) Pagpapatong ng kamay: 6:2
 - (5) Muling pagkabuhay ng patay: 6:2
 - (6) Walanghanggang paghuhukom: 6:2
 - b. Magpatuloy sa kaganapan: 6:1,3
 3. Babala laban sa kaparusahan ng lubusang pagtalikod: 6:4-8
 - a. Pagpapaliwanag ng lubusang pagtalikod: 6:4-6
 - b. Ang kalalabasan ng lubusang pagtalikod: 6:4,6
 - c. Ang dahilan ng kalalabasan : 6:6
 - d. Ang paglalarawan mula sa likas: 6:7-8
 4. Paalala ng kasiguruhan ng mga pangako Ng Dios: 6:9-20
 - a. Ang paghimok: 6:9
 - b. Ang katapatan Ng Dios: 6:10
 - c. Ang tugon ng mananampalataya: 6:11-12

- d. Halimbawa ng kasiguruhan ng mga pangako Ng Dios: 6:13-20
 - (1) Abraham: 6:13-15
 - (2) Ang sumpa/pangako: 6:16-17
 - (3) Ang katiyakan ng katapatan Ng Dios sa Kanyang Salita: 6:18-20
 - E. Ang pagkasaserdote ni Melquisedec: 7:1-28
 1. Pangkalahatang paglalarawan: 7:1-3
 2. Melquisedec at Abraham: 7:4-10
 3. Ang pagkasaserdote ng Levitico: 7:11-13
 4. Ang bagong saserdote: 7:14-17
 5. Saserdote sa ilalim ng kautusan: 7:18-21
 6. Saserdote sa ilalim ng bagong tipan: 7:22-27
 7. Buod ng katuruan: 7:28
 - V. Ang higit na ministeryo: Ang dalawang tipan: 8:1-10:18
 - A. Pambungad: 8:1-6
 1. Buod ng nakaraang katuruan: 8:1-2
 2. Ministeryo ng dakilang saserdote 8:3-5
 3. Ang mas nakahihigit ng ministeryo: 8:6
 - B. Ang dalawang tipan: 8:7-13
 1. Ang unang (luma) tipan: 8:7-8
 2. Ang ikalawang (bagong) tipan: 8:8-12
 - a. Ang manggagawa: 8:8
 - b. Tipan: 8:9-12
 3. Pagkakaiba sa pagitan ng bago at lumang tipan: 8:13
 - C. Ang paggawa ng unang tipan: 9:1-10
 1. Ang tabernakulo: 9:1-5
 2. Ang ministeryo ng dakilang saserdote: 9:6-10
 - D. Ang paggawa ng bagong tipan: 9:11-10:18
 1. Pangkalahatang paglalarawan: 9:11-12
 - a. Ang tabernakulo: 9:11
 - b. Ang ministeryo ng dakilang saserdote: 9:11-28
 - (1) Ang pagbabayad sa kasalanan: 9:12-22
 - (2) Sa Langit: 9:23-28
 2. Pagkakaiba sa pagitan ng luma at bagong tipan: 10:1-18
 - VI. Nakahihigit na pinanggagalingan ng pananampalataya: Praktikal na pangangaral: 10:19-13:17
 - A. Gamitin ang bagong daan Sa Dios: 10:19-31
 1. Lumapit sa pananampalataya: 10:19-22
 - a. Na may katapangan: 10:19
 - b. Sa pamamagitan ng bago at buhay na paraan: 10:20

- c. Sa pamamagitan ng Dakilang Saserdote (Jesus): 10:20-21
 - d. Na may tunay na puso: 10:22
 - e. Sa buong katiyakan ng pananampalataya: 10:22
 - f. Pusong winisikan ng isang masamang budhi: 10:22
 - g. Katawan natin na nahugasan ng dalisay na tubig: 10:22
- 2. Ingatan ng matibay ang pananampalataya: 10:23
- 3. Pasiglahin ang bawat isa sa pananampalataya: 10:24-25
 - a. Himukin sa pagibig at paggawa ng mabuti: 10:24
 - b. Huwag pababayaang pagtitipon ng sama-sama: 10:25
 - c. Pangangaral sa isa't isa: 10:25
- B. (Ikaapat) Babalang talata: 10:26-31
 - 1. Ang babala: 10:26-27
 - 2. Ang halimbawa ng Lumang Tipan: 10:28
 - 3. Ang kasalukuyang kalagayan: 10:29-31
- C. Tandaan ang nakaraang karanasan: 10:32-34
- D. Huwag mong itakwil ang iyong pagkakatiwala: 10:35
- E. Maging matiisin: 10:36-37
- F. Mabuhay sa pananampalataya: 10:38-11:40
 - 1. Ang utos na mamuhay sa pananampalataya: 10:38-39
 - 2. Ang kahulugan ng pananampalataya: 11:1
 - 3. Ang tungkulin ng pananampalataya: 11:2-3
 - 4. Mga halimbawa ng pananampalataya: 11:4-38
 - a. Abel: 11:4
 - b. Enoc: 11:5-6
 - c. Noe: 11:7
 - d. Abraham at Sara: 11:8-19
 - e. Isaac: 11:20
 - f. Jacob: 11:21
 - g. Jose: 11:22
 - h. Moises: 11:23-29
 - i. Josue (Jerico): 11:30
 - j. Rahab: 11:31
 - k. Ibang halimbawa ng pananampalataya: 11:32-38
 - 5. Mga tatanggap ng mga pangakong pananampalataya Kay Jesu Cristo: 11:39-40
- G. Manatili sa pagdurusa at pagkastigo: 12:1-29
 - 1. Halimbawa ng pagdurusa: 12:1-3
 - a. Ang makapal na bilang ng mga nauna sa atin (mga saksi): 12:1
 - b. Si Jesus: 12:2-3
 - 2. Ang paliwanag ng pagdurusa: 12:4-11
 - a. Pagdami ng pagtanggihan laban sa kasalanan: 12:4
 - b. Mahal ng Dios ang Kanyang pinarurusahan at tinuturing silang mga anak: 12:5-7
 - c. Ang mga hindi anak ay hindi pinarurusahan: 12:8
 - d. Ang paghahambing ng halimbawa ng mga ama sa lupa: 12:9-10
 - e. Resulta ng pagpaparusa: 12:11

- (1) Ang parusa ngayon ay hindi maganda.
 - (2) Pagkatapos ang resulta ay payapang bunga ng katuwiran.
3. Ang tugon ng mananampalataya sa pagdurusa: 12:12-17
 - a. Itaas ang mga kamay na nakababa at ang mga tuhod na nanginginig: 12:12
 - b. Gumawa ng tuwid na daan sa iyong mga paa: 12:13
 - c. Hayaan ang mga nagdurusa ay gumaling: 12:14
 - d. Sundan ang kapayapaan sa lahat ng tao: 12:14
 - e. Sundan ang kabanalan sa lahat ng tao: 12:14
 - f. Pagingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya Ng Dios: 12:15
 - g. Magingat baka ang ugat ng kapaitan ay bumagabag at dito't mahawa ka: 12:15
 - h. Bantayan ang laban sa pakikiapid at kalapastanganan: 12:16-17
- H. (Ikalima) Babalang talata: 12:18-19
1. Ang kalagayan ng Israel sa Bundok ng Sinai: 12:18-21
 2. Ang kalagayan ng mananampalataya sa bundok ng Sion: 12:22-24
 3. Ang kasunod na tugon ng mga mananampalataya: 12:25-29
- I. Ang pangangaral para tuparin ang responsibilidad ng Kristiyano: 13:1-7
1. Panlipunang tungkulin: 13:1-6
 - a. Kaugnayan: Hayaan ang pagibig na tulad ng magkakapatid ay magpatuloy: 13:1
 - b. Kagandahangloob: 13:2
 - c. Alalahanin ang mga nakagapos at ang mga nagdurusa: 13:3
 - d. Pagaasawa: Ito ay kagalanggalang, subalit ang nakikiapid at nangangalunya ay hahatulan Ng Dios: 13:4
 - e. Paguusapan: Huwag magsasalita ng kasakiman: 13:5
 - f. Mga tinatangkilik: Maging masaya sa iyong tinatangkilik: 13:5
 - g. Alalahanin, Ang Dios ay palaging nasa iyo at handang tumulong: 13:5-6
 2. Mga tungkuling relihiyon: 13:7-17
 - a. Alalahanin ang mga namumuno sa iyo: 13:7
 - b. Tandaan Si Jesus ay hindi nagbabago: 13:8
 - c. Huwag magpapadala sa mga kakaibang doktrina: 13:9
 - d. Huwag makasangkot sa mga doktrina ng legalismo: 13:9-12
 - e. Pasanin ang pagtutuwid ng Ebanghelyo: 13:13
 - f. Hanapin ang bayan na darating: 13:14
 - g. Patuloy na maghain ng handog ng pagpupuri: 13:15
 - h. Gumawa ng mabuti at mag-abuloy: 13:16
 - i. Sundin ang lahat ng nakakasakop sa iyo at magpasakop ka: 13:17

VII. Personal na tagubilin: 13:18-25

- A. Ang kahilingan para sa panalangin: 13:18-19
1. Para sa mabuting budhi: 13:18
 2. Nahahandang mamuhay nang tapat: 13:18

3. Para sa mabilis na pagpapalaya: 13:19
- B. Ang panalangin para sa mga tagabasa: 13:20-21
 1. Ang kinauukulan: 13:20
 2. Ang kahilingan: 13:21
- C. Ang pangangaral na pagtiisan ang sulat: 13:22
- D. Ang mungkahing pagbisita ni Timoteo: 13:23
- E. Panghuling pagbati: 13:24
 1. Para: Sa mga namumuno sa iyo at sa lahat ng mga banal.
 2. Mula: Sa mga taga Italia.
- F. Basbas: 13:25

PANSARILING PAGSUSULIT

3. Sino ang may-akda ng aklat Sa Mga Taga Hebreo?

2. Sabihin ang layunin ng aklat Sa Mga Taga Hebreo.

3. Para kanino isinulat ang aklat Sa Mga Taga Hebreo?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat Sa Mga Taga Hebreo.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat Sa Mga Taga Hebreo mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Kung minsan ang Hebreo ay tinatawag na ikalimang Ebanghelyo. Mateo ,Marcos, Lucas, at Juan ay nakatuon sa gawa Ni Jesus sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, ang Kanyang kamatayan, at muling pagkabuhay. Ang Hebreo ay naglalarawan ng Kanyang pangkasalukuyang gawa sa Langit.
2. Ang mga susing salita na pinagalaran sa Hebreo: Mas mabuti, ganap, walanghanggan, walang katapusan, kabahagi, Langit, saserdote, Dakilang Saserdote.
3. Ang Hebreo ang nagbigay ng maraming talaan ng paguusap sa pagitan ng Ama at Ng Anak na Si Jesu Cristo. (Tingnan ang 1:5-13; 2:12-13; 10:5-9.)
4. Ang Hebreo mga kabanatang 7-10 ay paliwanag ng pakay ng tabernakulo ng Lumang Tipan.
5. Ang Hebreo kabanata 11 ang dakilang kabanata sa pananampalataya sa Biblia.
6. Basahin ang Hebreo 4:12. Ito ang isa sa pinakamagandang paglalarawan ng Salita Ng Dios na nilalaman Ng Biblia.
7. Pag-aralan ang mga sumusunod na kabanata na nagpapakita ng kahigitan ng Mesias (Si Jesus) sa mga anghel: Mga Awit 2:7; 104:4; 45:7-8; 102:26-28; 110:1; II Samuel 7:14; Deuteronomio 32:43
8. Pag-aralan ang Hebreo 4:14-7:28. Paghambingin ang pagkasaserdote Ni Jesus at Aaron.

9. Pag-aralan ang dalawang tipan na inilarawan sa Hebreo 8:1-10:18. Gumawa ng talaan ng pagkakaiba sa pagitan ng luma at bagong tipan.
10. Mayroong limang babala na mga talata na kasama sa balangkas na ginamit sa kabanatang ito. Pag-aralan ang mga babala sa bahaging ito. Ilista ang paksa at nilalaman ng bawa't isa.
11. Pag-aralan ang pagkakaiba sa pagitan ng posisyon ng Israel sa bundok ng Sinai at ang posisyon sa bundok ng Sion: Hebreo 12:18-29

IKA-LABINGPITONG KABANATA

SANTIAGO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng sulat Ni Santiago.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng sulat Ni Santiago.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Sulat Ni Santiago.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng sulat Ni Santiago mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo ng aklat na sulat Ni Santiago.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Mga mananampalataya sa labingdalawang tribo ng Israel

LAYUNIN: Para aliwin ang mga mananampalataya na dumadaan sa pagsubok ng kanilang pananampalataya.

SUSING TALATA: Santiago 2:26

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang pananampalataya ang pundasyon ng mga gawa.

PANGUNAHING TAUHAN: Santiago, Abraham, Isaac, Rahab, Job, Elias

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1

- A. Mula kay: Santiago, isang lingkod Ng Dios at Ng Panginoong Jesu Cristo: 1:1
- B. Para sa: Labingdalawang angkang nangagsikalat: 1:1

II. Pananampalataya sa pagdurusa: 1:1-18

- A. Ang tugon sa pagdurusa: Kagalakan: 1:2
- B. Benepisyo ng pagdurusa: 1:3-4
 - 1. Pagtitiis: 1:3
 - 2. Kaganapan: 1:4
 - 3. Sakdal (walang kakulangan): 1:4
- C. Ang tamang tugon sa pagdurusa: 1:5
 - 1. Karunungan mula Sa Dios: 1:5
 - a. Ang pinanggalingan ng karunungan: Ang Dios
 - b. Ang pagkukunan ng karunungan: Sa pamamagitan ng panalangin na may pananampalataya.
 - c. Ang pangangailangan ng pananampalataya: Ng lahat ng tao.
 - 2. Walang pagaalinlangan ng pananampalataya: 1:6-7
 - a. Ang siyang nagaalinlangan ay tulad ng alon ng dagat: 1:6
 - b. Ang ganitong tao ay hindi makatatanggap mula Sa Panginoon: 1:7
 - 3. Isang pagiisip: 1:8
 - 4. Ang tamang tugon kahit sa pagpaparangal o kababaan: 1:9-11
 - a. Ang kapatid na nasa ibaba ay dapat magalak kung pinarangalan: 1:9
 - b. Ang kapatid na nasa itaas ay dapat magalak kung siya ay ibababa: 1:10
 - c. Ang ganitong antas ng buhay ay panandalian lamang. Katulad sila ng damo at mga bulaklak na umuusbong at natutuyo kung ang araw ay sumisikat: 1:10-11
- D. Ang pagpapala ng pagdurusa: 1:12
 - 1. Kung magtitiis tayo sa tukso at pagsubok , makakatanggap tayo ng putong ng buhay na ipinangako Ng Panginoon sa mga nagmamahal Sa Kanya.
- E. Ang pinagmumulan ng tukso: 1:13-18
 - 1. Hindi Ang Dios: 1:13
 - a. Ang Dios ay hindi matutukso ng masama: 1:13
 - b. Hindi tinutukso Ng Dios ang tao ng masama: 1:13
 - 2. Tayo ay natutukso kung: 1:14-15
 - a. Tayo ay nadadala ng sariling masamang pita at nahihikayat: 1:14

- b. Ang kahalayan kung maipaglihi, ay nagdudulot ng kasalanan: 1:15
- c. Ang kasalanan pagkatapos , ay nagdadala ng kamatayan: 1:15
- 3. Dapat natin na maunawaan na: 1:16-18
 - a. Ang Dios ay nagpapadala lamang ng mabuti at ganap na kaloob: 1:17
 - b. Ang Dios: 1:17-18
 - (1) Ang Ama ng liwanag: 1:17
 - (2) Sa Kanya ay walang pagbabago: 1:17
 - (3) Sa Kanya ay walang pagiiba: 1:17
 - (4) Ang Siyang nagpaanak sa pamamagitan ng salita ng katotohanan: 1:18
 - (5) Ang nagnanais na tayo ay maging isang uri ng mga pangunahing bunga ng kaniyang nilalang: 1:18

III. Ang pananampalataya na gumagawa: 1:19-4:12

- A. Ang pananampalataya ay gumagawa ng pagbabago: 1:19-21
 - 1. Dapat tayong maging: 1:19-20
 - a. Maliksi sa pakikinig: 1:19
 - b. Malumanay sa pagsasalita: 1:19
 - c. Mabagal sa pagkagalit: 1:19-20
 - 2. Ano ang dapat nating iwasan: 1:21
 - a. Lahat ng karumihan.
 - b. Pag-apaw ng kasamaan.
 - 3. Ano ang dapat nating tanggapin sa ating buhay: Ang Salita: 1:21
- B. Ang pananampalataya ay ginagawa, hindi lamang pinakikinggan: 1:22-25
 - 1. Niloloko natin ang ating mga sarili kung tayo ay tagapakinig lang: 1:22
 - 2. Ang halimbawa ng taong tumingin sa salamin: 1:23-25
 - a. Ang tagapakinig ay nakakaranig at walang ginagawa tungkol dito: 1:23-24
 - b. Ang gumagawa ay tumatalima sa Salita: 1:25
- C. Ang pananampalataya ay nakikita sa pagpipigil sa dila: 1:26-27
 - 1. Kahit tayo ay parang relihiyoso, kung hindi natin napipigil ang dila nilililang natin ang ating mga sarili at ang relihiyon ay walang pakinabang: 1:26
 - 2. Ang dalisay na relihiyon para Sa Dios ay : 1:27
 - a. Bumisita sa mga walang ama.
 - b. Bumisita sa mga balo.
 - c. Pag-ingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan.
- D. Ang pananampalataya ay hindi nagpapakita ng pagtatangi sa tao: 2:1-13
 - 1. Ang paggalang ay dapat makita ng pantay para sa mayaman at mahirap: 2:1-4
 - 2. Pinili Ng Dios ang mahirap sa mundo, mayaman sa pananampalataya, bilang tagapagmana ng Kaharian: 2:5
 - 3. Ang pagtangi sa tao ay mahirap na patotoo sa mundo: 2:6-7

4. Ang kautusan ng hari: Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng pagibig mo sa iyong sarili: 2:8
 5. Ang pagtangi sa tao ay kasalanan: 2:9
 6. Ang kasalanan at ang kautusan: 2:10-13
- E. Ang pananampalatayang nagliligtas: 2:14-16
1. Ang pananampalatayang walang gawa, ay patay: 2:14-17
 2. Ang kaugnayan ng pananampalataya at mga gawa: 2:18
 3. Mga halimbawa ng pananampalataya at mga gawa: 2:20-25
 - a. Abraham: 2:21-24
 - b. Rahab: 2:25
 4. Kung paano ang katawan na walang espiritu ay patay, ay gayon din naman ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay: 2:26
- F. Ang pananampalataya ay nagpipigil sa dila: 3:1-13
1. Ang dila ang pinakamahirap na pigilin: 3:1-2
 2. Mga halimbawa ng natural na pagpipigil: 3:3-4
 - a. Prenong kabayo sa kanilang mga bibig: 3:3
 - b. Timon ng barko: 3:3
 3. Ang kapangyarihan ng dila: 3:5-12
 - a. Kahit maliit, ang dila ay malaki ang kapangyarihan: 3:5
 - b. Ang dila ay katulad ng isang apoy na nagpapainit o nagpapasama sa ating buong katawan: 3:6
 - c. Ang bawa't hayop ay napapaamo ng tao, subalit ang dila ay hindi mapaamo ng tao: 3:7-8
 - d. Ang dila ay magagamit sa pagsumpa o pagpapala: 3:9
 - e. Ang pagsumpa at pagpapala ay hindi dapat lumalabas sa parehong bibig: 3:10-12
 - f. Ang pagpipigil sa dila ay ebidensiya ng pananampalataya at mabuting gawa: 3:13
- G. Pananampalataya at pangkat sa mga mananampalataya: 3:14-4:12
1. Pagkakabaha-bahagi sa mga mananampalataya ay hindi galing Sa Dios: 3:14
 2. Karunungan ng mundo: 3:15-16
 - a. Ang paglalarawan: 3:15
 - (1) Makalupa.
 - (2) Makalaman.
 - (3) Diablo.
 - b. Ang resulta: 3:16
 - (1) Paninibugho.
 - (2) Pagkakampikampi.
 - (3) Kaguluhan.
 - (4) Lahat ng gawang masama.
 3. Ang karunungan mula Sa Dios ay: 3:17
 - a. Dalisay.
 - b. Mapayapa.
 - c. Banayad.
 - d. Mapagbigay.

- e. Mahabagin.
- f. Masipag sa paggawa ng mabuti.
- g. Hindi nagtatangi.
- h. Hindi nagkukunwari.
- 4. Ang pananampalataya ay nagdadala ng katuwiran at kapayapaan: 3:18
- 5. Ang dibisyon ay nagmumula sa masamang nasa: 4:1-6
 - a. Ang ganitong nasa ay umaantala sa panalangin: 4:2-3
 - b. Ito ay umaantala sa kaugnayan Sa Dios: 4:5-6
- 6. Pagtutuwid sa dibisyon: 4:7-12
 - a. Pasakop Sa Dios: 4:7
 - b. Labanan ang Diablo: 4:7
 - c. Lumapit Sa Dios: 4:8
 - d. Linisin at dalisayin ang inyong sarili: 4:8
 - e. Mangagpighati at magsihibik at magsisi: 4:9
 - f. Magpakababa kayo : 4:10
 - g. Huwag magsalita ng masama sa iba: 4:11
 - h. Huwag humatol sa iba: 4:11-12

IV. Ang pananampalataya at ang panghinaharap: 4:13-5:12

- A. Hindi tayo makasisiguro sa kinabukasan: 4:13-14
- B. Ang Dios lamang ang nakakaalam ng kinabukasan: 4:15
- C. Kung tayo ay nagmamalaki sa kinabukasan, ito ay masama: 4:15
- D. Ang kinabukasan ng masama: 5:1-6
 - 1. Sila ay makakaranas ng kapighatian: 5:1
 - 2. Ang kayamanan ay lilipas: 5:1-3
 - 3. Ang kanilang panloloko ay natatandaan Ng Dios: 5:4
 - 4. Sila ay namuhay sa kasamaan: 5:5-6
 - a. Sa kalayawan: 5:5
 - b. Sa paraan ng kanilang sariling puso: 5:5
 - c. Hinatulan at ipinapatay ang matuwid: 5:6
- E. Ang paghahanda ng mananampalataya sa kinabukasan: 5:7-12
 - 1. Maghintay ng may pagtitiis para sa pagdating Ng Panginoon: 5:7-8
 - 2. Patatagin ang iyong puso: 5:8
 - 3. Huwag maghinakitan: 5:9
 - 4. Tingnan ang mga propeta bilang halimbawa ng pagdurusa na iyong mararanasan: 5:10
 - 5. Magtiis na may kagalakan, katulad ni Job: 5:11
 - 6. Huwag susumpa, sa pamamagitan ng iyong sinasabi: 5:12

V. Ang pananampalataya at kaugnayang Kristiyano: 5:13-20

- A. Tugon sa mga nalulumbay: 5:13
- B. Tugon sa mga mga nagagalak: 5:13
- C. Tugon sa mga may karamdaman: 5:14-15
 - 1. Ipatawag ang mga matatanda sa iglesya: 5:14

2. Hayaang pahiran at ipanalangin ang maysakit: 5:14
3. Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa may sakit: 5:15
4. Ititindig siya Ng Panginoon: 5:15
5. Kung siya ay may kasalanan, siya ay patatawarin: 5:15
- D. Tugon sa mga pagkakasala ng iba: 5:16-18
 1. Ipagtapat ang mga kasalanan sa iba: 5:16
 2. Magpanalangin sa isa't isa , para ikaw ay gumaling: 5:16
 3. Si Elias ang isang halimbawa ng epektibong panalangin: 5:16-18
- E. Tugon sa nalilihis sa katotohanan: 5:19-20
 1. Hikayatin siya: 5:19
 2. Iligtas ang kanyang kaluluwa sa kamatayan: 5:20
 3. Napawi ang maraming kasalanan: 5:20

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Santiago?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Santiago.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Santiago?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Santiago.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Santiago mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang Santiago ang nag-iisang aklat sa Bagong Tipan na para sa labingdalawang angkan ng Israel: 1:1

2. Ang Santiago ay gumamit ng ilang Lumang Tipan na mga tauhan para ilarawan ang kanyang mensahe:

-Abraham: 2:21

-Rahab: 2:25

-Elias: 5:17

-Isaac: 2:21

-Job: 5:11

3. Ang Santiago ay gumamit ng ilang mga natural na mga halimbawa para ilarawan ang kanyang mensahe:

-Hangin-na itinataboy ang alon sa dagat: 1:6

-Natutuyong damo at kumukupas na bulaklak: 1:10-11

-Apoy: 3:5

-Bukal ng tubig: 3:11

-Igos at olibo: 3:12

-Pagtanim at pagaani: 3:18

-Una at huling ulan: 5:7

-Tagtuyot: 5:17

4. Pansinin ang pag-uulit: “ Ang pananampalatayang walang gawa ay patay” sa 2:17,20,26. Kung ang kaluluwa ay hihiwalay sa katawan, ang katawan ay mabubulok. Sa parehong paraan, ang pananampalataya na walang gawa ay patay. Ang pananampalataya ay nagbibigay katuwiran sa tao. Ang mga gawa ay nagbibigay katuwiran sa pananampalataya.

5. Sa kabuuang 108 na mga talata sa Santiago, 60 sa mga ito ay utos para sa praktikal na pamumuhay Kristiyano. Tandaan at pag-aralan ang mga utos na ito.

6. Pag-aralan ang buhay ni Santiago, ang “half brother” Ni Jesus, ang may-akda ng sulat na ito. Tingnan ang mga sumusunod na reperensiya:

- Mateo 12:46-50
- Juan 2:12; 7:1-9
- Mga Gawa 1:14; 12:17; 15:13; 21:18-26
- I Corinto 15:7
- Galacia 1:18-19; 2:1,9-10

7. Ang mga katuruan sa Santiago ay kapareho ng nilalaman ng Sermon sa Bundok na ibinigay Ni Jesus. Buuin ang sumusunod na tsart:

<u>Pangangaral sa Bundok</u>	<u>Santiago</u>	<u>Buod Ng Pangkalahatang Pagtuturo</u>
Mateo 5:48	1:4	
Mateo 7:7	1:5	
Marcos 11:23	1:6	
Mateo 7:24,26	1:22	
Juan 13:17	1:25	
Lucas 6:20	2:5	
Lucas 6:24-25	5:1	
Mateo 7:1	4:11-12	
Mateo 5:34-37	5:12	
Mateo 7:16-20	3:12	

8. Paghambingin ang dalawang klase ng karunungan na tinalakay sa Santiago 3:13-18

Karunungan Mula Sa Itaas

Karunungang Hindi Mula Sa Itaas

IKA-LABINGWALONG KABANATA

I AT II NI PEDRO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng I at II Ni Pedro.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat .
- Sabihin ang layunin ng aklat ng I at II Ni Pedro.
- Isulat ang Susing Talata ng bawat aklat mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Sa mga nangingibang bayan na pinagusig sa kanilang pananampalatayang Kristiyano.

LAYUNIN: Para magbigay ng babala sa panganib ng pag-uusig mula sa mga nasa labas ng Iglesya.

SUSING TALATA: I Pedro 4:12-13

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang tugon sa pag-uusig ay dapat naka batay sa prinsipyo ng Biblia.

PANGUNAHING TAUHAN: Pablo, Silvano, Markus,

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-2

- A. Mula kay Pedro, isang apostol Ni Jesus: 1:1
- B. Sa mga hinirang na nangagsipangalat sa : 1:1
 - 1. Ponto.
 - 2. Galacia.
 - 3. Capadocia.
 - 4. Asia.
 - 5. Bitinia

II. Pag-aliw at kasiguruhan sa pagdurusa: 1:3-25

- A. Kasiguruhan sa mga katotohan ng Ebanghelyo: 1:3-12
 - 1. Ang pinanggalingan ng kaligtasan: 1:3
 - a. Hinirang Ng Dios Ama.
 - b. Tinubos Ng Panginoong Jesu Cristo.
 - c. Pinabanal ng Espiritu.
 - 2. Ang paglalarawan ng kaligtasan: 1:3-5
 - a. Ang buhay na pag-asa: 1:3
 - b. Ang hindi nasisirang mana: 1:4
 - c. Walang dungis: 1:4
 - d. Hindi kumukupas (walanghanggan): 1:4
 - e. Inilaan sa Langit para sa mga iningatan sa pamamagitan ng kapangyarihan Ng Dios ng pananampalatayang nagliligtas: 1:5
- B. Kasiguruhan batay sa benepisyo ng pagdurusa: 1:6-12
 - 1. Kagalakan sa kabila ng tukso: 1:6
 - 2. Papuri, ikararangal, at ikaluluwalhati: 1:7
 - 3. Kagalakan batay sa kaugnayan Kay Jesus, hindi sa panglabas na kalagayan ng buhay: 1:8
 - 4. Kasiguruhan ng Pananampalataya: Kaligtasan ng kaluluwa: 1:9-12
 - a. Pagsisiyasat ng mga propeta: 1:9-10
 - b. Ang kanilang pinagmulan: Si Cristo: 1:11
 - c. Ang kanilang buod: 1:11-12
 - (1) Kanilang ipinahayag ang Kanyang unang pagdating at pagdurusa: 1:11
 - (2) Kanilang ipinahayag ang Kanyang ikalawang pagdating at ang kaluwalhatian na dapat sumunod: 1:11
 - d. Siniyasat ng mga anghel: 1:12
- C. Kasiguruhan batay sa tamang pagtugon sa pagdurusa: 1:14-17
 - 1. Bigkisan ang mga baywang ng inyong pagiisip: 1:13
 - 2. Maging mapagpigil: 1:13

3. Pag-asa hanggang sa katapusan para sa biyaya at pahayag Ni Jesu Cristo: 1:13
4. Tumugon bilang masunuring anak; 1:14
5. Huwag kang umasal na ayon sa dating masamang pita: 1:14
6. Yamang banal ang tumawag, ay magpakabanal naman kayo: 1:15-16
7. Maging kagalanggalang, at produktibong buhay: 1:17
- D. Kasiguruhan batay sa pagtubos: 1:18-25
 1. Hindi tayo tinubos ng nasisirang mga bagay: 1:18
 2. Tayo ay tinubos ng mahalagang dugo Ni Cristo: 1:19-20
 3. Kasiguruhan sa oras ng pagdurusa ay batay sa kaugnayang pagtubos Niya: 1:21-23
 4. Ang kasiguruhan ng pagtubos ay batay sa Kanyang Salita, na mananatiling walanghanggan at batay sa Ebanghelyo: 1:24-25

III. Ang tugon ng Kristiyano sa pagdurusa: 2:1-13:13

- A. Tugon sa kasalanan: 2:1
- B. Tugon sa Salita Ng Dios: 2:2
- C. Tugon sa Anak Ng Dios: 2:3-10
- D. Tugon sa ating sarili: 2:11
- E. Tugon sa hindi ligtas: 2:12
- F. Tugon sa mga may kapangyarihan sa bayan: 2:13-17
- G. Tugon sa mga panginoon: 2:18-20
- H. Tugon batay sa halimbawa Ni Cristo: 2:21-25
- I. Tugon sa pamilya: 3:1-12
 1. Ang asawang babae: 3:1-6
 2. Ang asawang lalake: 3:7
 3. Ang buong pamilya: 3:8-12

IV. Ang disiplina ng pagdurusa: 3:13-4:19.

- A. Ang pagdurusa para sa katuwiran ay nagdadala ng kagalakan at mabuting budhi: 3:13-17
- B. Ang pagdurusa ay nagbibigay katuwiran sa makasalanan: 3:18-22
- C. Ang pagdurusa ay pagtulad sa halimbawa Ni Jesus: 4:1-6
- D. Ang pagdurusa ay naghihintay ng ikalawang pagparito Ni Jesus: 4:7
- E. Ang pagdurusa ay nagpapaunlad ng espirituwal na katangian: 4:8-11
 1. Pagibig: 4:8
 2. Pagpapatawad sa kasalanan: 4:8
 3. Pagpapatuloy: 4:9
 4. Mabuting katiwala ng mga kaloob at ministeryo: 4:10-11
- F. Ang pagdurusa ay nagpaparami ng panghinaharap na gantimpala: 4:12-13
- G. Ang pagdurusa ay luluwalhati Sa Panginoon: 4:14-16
- H. Ang pagdurusa ay nagpapadalisa sa mga banal: 4:17-19

V. Buod na salaysay ng ugali ng mananampalataya tungo sa pagdurusa: 4:19

- VI. Magpatuloy sa paglilingkod, sa kabila ng pagdurusang: 5:1-9
- A. Maglingkod bilang pastol: Ang matatanda sa iglesia: 5:1-4
 - 1. Pangalagaan ang kawan ng Dios: 5:2
 - 2. Magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan: 5:2
 - 3. Huwag maglingkod dahil sa gantimpalang salapi: 5:2
 - 4. Maging handa ang pagiisip: 5:2
 - 5. Maging halimbawa, hindi panginoon ng kawan: 5:3
 - 6. Ang gantimpala ng pangulong Pastor: 5:4
 - B. Naglilingkod bilang alipin: Parehong bata at matanda: 5:5-7
 - 1. Ang nakababata ay pasakop sa matanda: 5:5
 - 2. Ang bawa't isa ay maglingkod sa iba: 5:5
 - 3. Maging mababa ang kalooban: 5:5-6
 - 4. Ilagak sa Kanya ang lahat ng alalahanin sapagka't kayo'y ipinagmamalasakitan Niya: 5:7
 - C. Maglingkod bilang kawal: 5:8-9
 - 1. Ang Kaaway: Ang Diablo, ay tulad ng isang leon, umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 5:8
 - 2. Ang ugali ng kawal: 5:8
 - a. Dapat tayong maging mapagpigil: 5:8
 - b. Dapat tayong mapagmasid: 5:8
 - 3. Stratehiya laban sa kaaway: 5:9
 - a. Dapat tayong lumaban na may pananampalataya: 5:9
 - b. Kilalanin na tayo ay hindi nag-iisa: Parehong kapighatian ay karaniwan sa mga kapatiran na nasa sanlibutan: 5:9
- VII. Pagtatapos: 5:10-14
- A. Basbas: 5:10-11
 - 1. Ang benepisyo ng pagdurusang Kay Cristo: Ikaw ay: 5:10
 - a. Magiging ganap.
 - b. Magiging matatag.
 - c. Magiging malakas.
 - d. Magiging pirmi.
 - 2. Sa Dios ang kaluwalhatian at kapangyarihan magpawalanghanggan: 5:11
 - B. Personal na pagbati: 5:12-14
 - 1. Silvano: 5:12
 - 2. Ang iglesia sa Babilonia: 5:13
 - 3. Marcus, ang aking anak: 5:13
 - 4. Magbatian ang bawa't isa ng halik: 5:14
 - 5. Ang huling pagpapala ng kapayapaan para sa mga na Kay Jesus: 5:14

II PEDRO

MAY-AKDA: Pablo

PARA KANINO: Sa mga nangingibang bayan, posibleng parehong grupo ng nakatala sa I Pedro.

LAYUNIN: Para magbigay ng babala sa panganib mula sa loob ng iglesia: Lubusang pagtalikod at maling katuruan.

SUSING TALATA: II Pedro 3:1-2

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang pinaka dalawang panganib sa loob ng iglesia ay ang lubusang pagtalikod at bulaang mga tagapagturo.

PANGUNAHING TAUHAN: Pedro at Pablo.

BALANGKAS

- I. Pambungad: 1:1-2
 - A. Mula kay Pedro, isang lingkod at apostol: 1:1
 - B. Sa mga nagsipagkamit ng mahalagang pananampalataya: 1:1
 - C. Biyaya at kapayapaan sa mga dumami sa pamamagitan ng kaalaman Ng Dios at Kay Jesus: 1:2
- II. Ang pagpapahayag ng kapangyarihan Ng Dios sa harap ng lubhang pagtalikod at bulaang mga tagapagturo: 1:3
- III. Ang mga pangako Ng Dios: 1:4
 - A. Buhay.
 - B. Kabutihan.
 - C. Kaalaman.
 - D. Kaluwalhatian.
 - E. Kabaitan.
- IV. Ang prinsipyo Ng Dios: 1:5-9
 - A. Na dapat mapaunlad na may pagtitiyaga: 1:5
 - B. Ang mga talaan ng prinsipyo: 1:5-7
 - 1. Pananampalataya: 1:5
 - 2. Kabaitan: 1:5
 - 3. Kaalaman: 1:5
 - 4. Pagpipigil: 1:6
 - 5. Pagtitis: 1:6
 - 6. Kabanalan: 1:6
 - 7. Mabuting kalooban sa kapatid: 1:7
 - 8. Pagibig: 1:7

- C. Ang kahalagahan ng mga prinsipyong ito: Dahil dito ikaw ay magiging: 1:8
 - 1. Sagana sa espirituwal.
 - 2. Mabunga sa kaalaman Ni Jesus.
 - D. Mga problema kung wala ang mga prinsipyong ito: 1:9
 - 1. Walang espirituwal na pangitain:
 - 2. Walang espirituwal na memorya.
- V. Ang tawag Ng Dios: 1:10-12
- A. Magbigay ng may pagtitiyaga para makasiguro: 1:10
 - B. Kung gagawin mo ang mga ito, hindi ka babagsak: 1:10
 - C. Makasisiguro ka sa pagpasok sa walanghanggang Kaharian: 1:11
 - D. Ikaw ay tatatag sa pananampalataya: 1:12
- VII. Ang Salita Ng Dios: 1:16-21
- A. Hindi batay sa katha, subalit sa mismong nakakita ng mga pangyayari: 1:16
 - B. Batay sa Kadiosan Ni Cristo: 1:17
 - C. Batay sa tunay na Salita ng propesiya: 1:19
 - D. Hindi batay sa pang-isahang interpretasyon: 1:20
 - E. Batay sa inspirasyon ng Espiritu Santo: 1:21
- VIII. Babala sa bulaang guro: Paglihis mula sa mga prinsipyong ito: (ang punto II hanggang VII at pataas) sa mga kalaban ng Dios: 2:1-3:4
- A. Ang pagkakakilanlan ng kaaway: 2:1-9
 - 1. Pangkasalukuyang mga araw: Bulaang mga guro: 2:1-3
 - 2. Dating mga araw: 2:1-9
 - a. Bulaang propeta: 2:1
 - b. Ang masamang mga anghel: 2:4
 - c. Ang mga nabuhay sa panahon ni Noe: 2:5
 - d. Ang mga nabuhay sa panahon ni Lot: 2:6-9
 - B. Larawan ng mga kalaban Ng Dios (bulaang mga guro): 2:1-3, 10-19.
 - 1. Nagdala ng makapapahamak na mga hiduwang pananampalataya: 2:1
 - 2. Itatatwa ang Panginoon: 2:1
 - 3. Mayroong gawang mahahalay: 2:2
 - 4. Pagsasalitaan ng masama ang daan ng katotohanan: 2:2
 - 5. Kasakiman: 2:3
 - 6. Nagsasalita ng pakunwaring pagsasalita: 2:3
 - 7. Ipangangalakal ang anak Ng Dios: 2:3
 - 8. Nagsisilakad ayon sa laman sa masamang pita ng karumihan: 2:10
 - 9. Alipustain ang mga pangulo: 2:10
 - 10. Mapangahas: 2:10
 - 11. Mapagsariling kalooban: 2:10
 - 12. Nagsasalita ng masama laban sa pinuno: 2:10-13

- a. Kanilang hindi binibigyan ng pansin kahit ang mga anghel ay hindi ginagawa ito: 2:11
 - b. Nagsasalita sila ng masama kahit hindi nila nauunawaan: 2:12
 - c. Dahil dito, sila ay lilipulin sa kanilan ring pagkalipol at tatanggap ng gantimpala ng hindi katuwiran: 2:12-13
- 13. Mga dungis at kapintasan: 2:13
- 14. Nagpapakalayaw sa kanilang pandaraya samantalang nakikipagpiging: 2:13
- 15. Mga matang puno ng pangangalunya: 2:14
- 16. Hindi makatigil sa kasalanan: 2:14
- 17. Umaakit sa mga kaluluwang walang tiyaga: 2:14
- 18. Kasakiman: 2:14
- 19. Mga anak ng paglait: 2:14
- 20. Tinalikuran ang tamang daan at sumunod sa kamalinaan ni Balaam: 2:15-16
- 21. Mga balo na walang tubig: 2:17
- 22. Mga ulap na tinangay ng unos: 2:17
- 23. Walanghanggang kadiliman ay nakalaan para sa kanila: 2:17
- 24. Nagsasalita ng kapalaluan na walang kabuluhan: 2:18
- 25. Umaakit sila sa masasamang pita ng laman, sa pamamagitan ng kalibugan at ang mga nalinis mula sa pagkakamali ang kanilang sinisilo: 2:18
- 26. Pangakong kalayaan kahit sila ay nakagapos bilang alipin ng kabulukan: 2:19
- C. Kahihinatnan ng kalaban: 2:20-22
 - 1. Ang kanilang pagtatapos ay higit sa pagsisimula; 2:20
 - 2. Mas mabuti para sa kanila na hindi malaman ang katuwiran kaysa malaman at tumalikod dito: 2:21
 - 3. Katulad sila ng aso na bumalik sa kanilang suka, at sa paglulubalob sa pusali ang babaing baboy na nahugasan: 2:22

IX. Babala laban sa lubusang pagtalikod: 3:1-18

- A. Ang kahulugan ng lubusang pagtalikod: 3:1-4
 - 1. Ipinahayag ng mga propeta: 3:1-2
 - 2. Ang lubusang pagtalikod ay paghamak sa pangakong pagdating Ni Jesus: 3:4
- B. Ang tugon sa lubusang pagtalikod: Ang pakikitungo Ng Dios sa nakaraan, pangkasalukuyan, at sa hinaharap na mundo: 3:5-13
 - 1. Ang paghatol sa nakaraang mundo ay nangyari sa kabila ng mga manlilibak: 3:5-6
 - 2. Ang panghinaharap na paglipol sa pangkasalukuyang mundo ay mangyayari: 3:7-8,10
 - 3. Ang Dios ay may Kanyang panahon para tuparin ang Kanyang plano: 3:8

4. Ang pinakamahalagang dahilan ng plano Ng Dios ay ang kaligtasan ng mga kaluluwa, hindi ang oras na mangyayari sa hinaharap: 3:9
 5. Ang “araw ng Panginoon” kung saan Niya tutuparin ang Kanyang plano ay mangyayari ng hindi inaasahan: 5:10
 6. Ang Kanyang plano ay magtatapos sa bagong paglikha: 3:13
- C. Ang tugon ng mananampalataya sa harap ng lubusang pagtalikod: 3:14-18
1. Masumpungan Niya kayo sa kapayapaan: 3:14
 2. Walang dungis: 3:14
 3. Walang: kapintasan: 3:14
 4. Kilalanin na ang pagkaantala ng katuparan ng plano Ng Dios ay dahil sa Kanyang awa sa mga hindi pa ligtas: 3:15-16
 5. Magingat kayo baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama ay mahulog kayo: 3:17
 6. Lumago sa biyaya: 3:18
 7. Lumago sa kaalaman Ng Panginoon: 3:18

X. Pagtatapos: 3:18

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng I at II Pedro?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng I Pedro.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng I Pedro?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng I Pedro.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng I Pedro mula sa memorya.

6. Sabihin ang layunin ng aklat ng II Pedro.

7. Para kanino isinulat ang aklat ng II Pedro?

8. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng II Pedro.

9. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng II Pedro mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Basahin ang I at II Pedro at gumawa ng talaan ng lahat ng tinukoy na mahalaga.
2. Basahin ang I Pedro at guhitan ang bawat paggamit ng salitang pagdurusa at biyaya. Ang mga ito ay susing mga salita.
3. Sa I Pedro mayroong mga ilang bilang ng titulo na naglalarawan sa mga mananampalataya. Basahin ang mga sumusunod na mga talata at itala ang mga titulo: 1:14; 2:2; 2:5; 2:9 (apat na iba't ibang titulo); 2:11; 4:16; 4:18; 1:2; 2:10; 4:11; 5:2
4. Pag-aralan ang buhay ni Pablo sa mga Ebanghelyo at sa aklat ng Mga Gawa.
5. Pansinin ang buhay na katotohanan ng buhay Ni Cristo:
-Ang buhay na pag-asa 1:3 -Ang buhay Na Salita 1:23 - Ang buhay na bato 2:4
6. Ilan sa mga Lumang Tipan ay nabanggit ay ginamit sa I Pedro. Paghambingain ang mga sumusunod:

Nanggaling sa Lumang Tipan

Isaias 28:16
Mga awit 118:22
Isaias 8:14

Pagsipi ni Pedro

1Pedro 1:6
I Pedro 1:7
I Pedro 1:8

7. Pag-aralan ang I Pedro 2:9-10. Paghambingin ang buhay ng mga mananampalataya bago at pagkatapos ng kaligtsan:

Bago Ang Kaligtasan

tinawag mula sa _____

hindi _____

hindi _____

Pagkatapos Ng Kaligtasan

tungo _____

ngayon ay _____

ngayon _____

8. Mula sa II Pedro, mag sulat ng listahan ng katangian ng hindi makadios na tao o bulaang mga guro. Itago ang mga talaan na ito at paghambingin sa mga nakatala sa aklat ng Judas.

9. Mula sa II Pedro 1:5-10, itala ang mga katangian ng mga mananampalataya na dapat idagdag sa kanyang buhay:

10. Paghambingin ang araw ng Panginoon (II Pedro 3:10) sa araw ng paghuhukom (II Pedro 3:7).

IKA-LABINGSIYAM NA KABANATA

I,II, AT III NI JUAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng I, II at III ni Juan..
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang bawat aklat.
- Sabihin ang layunin ng bawat aklat.
- Isulat ang Susing Talata ng bawat aklat mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo para sa bawat aklat.

MALAWAKANG TANAW

Sa kabanatang ito pag-aaralan mo ang tatlong mga aklat: I, II, at III Juan. Ang lahat ng aklat na ito ay isinulat ni Juan ang anak ni Zebedeo (Mateo 4:21) na apostol Ni Jesus (Mateo 10:2). Si Juan ang nagsulat din ng Ebanghelyo ni Juan at aklat ng Apocalipsis. Iyo nang napag-aralan ang aklat ng Ebanghelyo ni Juan. Ang aklat ng Apocalipsis ang huling pag-aaralan sa kursong ito. Ang mga aklat na isinulat ni Juan ay akma sa pagpapaunlad ng plano ng paglago ng pahayag:

MGA AKLAT NA ISINULAT NI JUAN**Ang Ebanghelyo ni Juan:**

Nagsasabi ng kaligtasan

Tungkol sa nakaraan

Sulat ni Juan: (I, II at III Juan)

Nagsasabi ng pagbabanal

Tungkol sa pangkasalukuyan

Ipinakilala Si Jesus bilang Propeta
May kinalaman sa krus sa buhay ng mga
mananampalataya

Ipinakilala Si Jesus bilang ating saserdote
May kinalaman sa “fellowship” ng mga
mananampalataya

Apocalipsis

Nagsasabi tungkol sa pagluluwalhati
Tungkol sa panghinaharap
Ipinakilala Si Jesus bilang Hari
May kinalaman sa korona na naghihintay sa mga
mananampalataya

Pansinin: Ang aklat ng II at III Juan ay walang paghahati ng kabanata sa Biblia. Kaya nga ang mga talata lamang ang nakatala.

I JUAN

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Juan

PARA KANINO: Sa mga mananampalataya na nahulog sa panlilinlang ni Satanas na sumisira ng kanilang “fellowship” Sa Dios at ibang mga mananampalataya.

LAYUNIN: Para ipaliwanag ang pamantayan ng tunay na “fellowship” Kay Jesu Cristo.

SUSING TALATA: I Juan 1:8-9

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang tunay na “fellowship” Sa Dios at mga kamananampalataya ay batay sa pamantayan ng Salita ng Dios at panatiliin sa prinsipyo ng pagamin ng kasalanan.

PANGUNAHING TAUHAN: Ang may-akda, si Juan. Walang ibang tao ang nabanggit sa pangalan.

BALANGKAS

I. Pambungad: 1:1-4

- A. Si Juan ay nagsusulat kung ano ang nakikita ng kanyang mga mata, namasdan, at nakahawak sa Salita ng buhay. Siya ay nagsusulat mula sa sariling karanasan:
1:1
- B. Ang “fellowship” na kanyang isinusulat ay ang tunay na “fellowship” Sa Dios at sa bawat isa: 1:2-3

- C. Ang pakay ng pagsusulat niya tungkol sa paksang ito ay ang kagalakan nawa nila ay mapuno sa pamamagitan ng pagtatatag ng ganitong “fellowship”: 1:4
- II. Ang kalagayan ng tunay na “fellowship” Kay Jesus: 1:5-10
 - A. Pagsangayon sa pamantayan ng Salita Ng Dios: 1:5-7
 - B. Pagamin sa kasalanan: 1:8-10
- III. Ang tamang paguugali ng mga nasa tunay na “fellowship” ng mga mananampalataya: 2:1-29
 - A. Ang katangian ng tamang paguugali ay paggaya ng espirituwal na halimbawa na itinakda Ni Jesus: 2:1-11
 - 1. Ang prinsipyo ng paggaya: 2:1-2
 - 2. Ang batayan ng paggaya: 2:3-6
 - 3. Ang katunayan ng tamang paggaya: 2:7-11
 - B. Ang utos kung saan ang paguugali ay nakabatay sa paghiwalay: 2:12-17
 - 1. Ang mga mananampalataya na kung saan ang utos ay ibinigay ay kasama ang lahat ng antas ng espirituwal na paglago: 2:12-14
 - 2. Ang utos ay paghiwalay sa kamunduhan
 - C. Ang kredo para sa ating paguugali: 2:18-19
 - 1. Ang pangangailangan ng kredo: 2:18-29
 - 2. Ang likas ng kredo: 2:22-29
- IV. Ang katangian ng tunay na “fellowship” ng Kristiyano: 3:1-24
 - A. Dalisay: 3:1-3
 - B. Katuwiran at pagibig: 3:4-18
 - C. Pagtitiwala: 3:19-21
 - D. Pagsunod: 3:22-24
- V. Kalaban ng tunay na “fellowship” ng mga mananampalataya: 4:1-21
 - A. Bulaang mga propeta: 4:1-16
 - 1. Paano sila makikilala: 4:2-3
 - 2. Paano sila mapagtatagumpayan: 4:4
 - 3. Sila ay galing sa mundo: 4:5
 - 4. Tayo ay galing Sa Dios: 4:6
 - B. Maling pagpapahayag ng mapagmahal na espiritu: 4:7-21
 - 1. Inilarawan ang ganap na pagibig: 4:7-17
 - 2. Ang ganap na pagibig ay pinaghambing sa maling pagpapahayag ng mapagmahal na espiritu: 4:18-21
- VI. Ang dahilan para panatiliin ang tunay na “fellowship”: 5:1-21

- A. Ang pananampalataya Kay Jesus ay pinatutunayan ng paguugali na ating ipinakikita: 5:1-5
- B. Ang pananampalataya Kay Jesus ay pintutunayan ng mga kredensiyal na ating ipinakikita: 5:6-12
 - 1. Ang ebidensiya ng kredensiyal: 5:6-8
 - 2. Ang resulta ng kredensiyal: 5:9-12
- C. Ang pananamapalataya Kay Jesus ay pinatutunayan ng pagtitiwala na ating ipinakikita: 5:13-15
- D. Ang pananampalataya Kay Jesus ay pinatutunayan sa paggapi sa kasalanan: 5:16-21

II JUAN

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Juan

PARA KANINO: Sa “mga hinirang na mga babae” at ang kanyang mga anak,” na ibig sabihin ang Iglesya at ang kanyang mga kaanib. (Ang Iglesya ay palaging pinatutukuyan sa babaeng kasarian dahil siya ay tinawag na babaeng ikakasal Kay Cristo.)

LAYUNIN: Para hikayatin ang mga mananampalataya na maging tapat sa tamang doktrina at para bigyang babala laban sa bulaang mga tagapagturo.

SUSING TALATA: II Juan 1:9

BUHAY AT PRINSIPIO NG MINISTERYO: Dapat tayong magbantay laban sa mga bulaang mga tagapagturo na nagiging dahilan na mawala ang espirituwal na mga katangian na ating napaunlad at nagaakay sa atin na makibahagi sa kanilang kasamaan.

PANGUNAHING TAUHAN: Juan

BALANGKAS

- I. Pambungad: Pagbati: 1:3

- A. Mula sa: Mga matatanda , Juan: 1
 - B. Para: Ang mga hinirang na babae at sa kanilang mga anak na mahal ni Juan sa katotohanan: 1-2
 - C. Siya ay nagpapadala mula Sa Dios Ang Ama at Ang Anak na Si Jesu Cristo: 3
 - 1. Biyaya.
 - 2. Awa.
 - 3. Kapayapaan.
- II. Pangangaral na mangagibigan: 4-6
- A. Lumakad sa katotohanan: 4
 - B. Lumakad sa pagibig: 5
 - C. Lumakad sa Kanyang utos: 6
- III. Babala laban sa maling doktrina at bulaang mga guro: 7-11
- A. Ang pagpapahayag sa bulaang mga guro: 7
 - B. Ang mga resulta ng paniniwala sa bulaang mga guro: 8-9
 - 1. Pagkawala ng mga bagay na espirituwal na dati ng nakamit sa kanilang buhay: 8
 - 2. Pagkakasala sa hindi pagsunod sa doktrina Ni Cristo: 9
 - 3. Makibahagi sa kanilang ginagawang masama: 10-11
- IV. Pagtatapos: 12-13
- A. Maraming gustong isulat si Juan sa kanila subalit umaasang pupunta siya para bisitahin sila: 12
 - B. Si Juan ay nagpapahatid ng pagbati mula sa mga kaanib ng kapatid na iglesya: 13

III JUAN
PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Juan

PARA KANINO: Ang aklat nakapangalan sa lalaking si Gayo. Ito ay isinulat pareho sa kanya at sa iglesya kung saan siya ay konektado. Walang paraan kung paano kikilalanin ang lalaking ito, walang ibinigay ang Biblia na karagdagang impormasyon tungkol sa kanya. Ang mga katotohanan ng aklat ay mailalapat para sa lahat ng mga mananampalataya.

LAYUNIN: Para purihin sina Gayo at Demetrio sa kanilang patotoo at pagsabihan si Diotrefes sa hindi maka Kristiyanong ugali.

SUSING TALATA: 1:11

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Ang ating buhay ay halimbawa ng alin sa dalawa, mabuti o masama sa ibang nakapalibot sa atin.

PANGUNAHING TAUHAN: Juan, Gayo, Diotrefes, Demetrio

BALANGKAS

I. Pambungad: 1-2

- A. Mula: Sa mga matatanda, Juan: 1
- B. Para sa: Minamahal na si Gayo: 1
- C. Ang hangad ni Juan para sa kanya: Na siya ay sumagana at maging mabuti ang kanyang kalusugan kung paano ang kanyang kaluluwa ay masagana: 2

II. Ang kaugnayan ng mananamapalataya sa katotohanan: 3-4

- A. Dapat ito ay nasa kanila: 3
- B. Dapat silang lumakad sa katotohanan: 3
- C. Kung tayo ay lumalakad sa katotohanan ito ay magdudulot ng kagalakan sa ating espirituwal na mga pinuno: 4

III. Ang kaugnayan ng mga mananampalataya sa kapwa Kristiyano: 5-8

- A. Sila ay dapat magministeryo sa mga kapatiran at sa mga estrangero: 5
- B. Dapat silang makilala sa iglesya para sa kanilang pagibig: 6
- C. Dapat silang kasama sa paggawa sa katotohanan: 8

IV. Ang kaugnayan ng mananampalataya sa kabutihan at kasamaan: 9-12

- A. Si Diotrefes bilang halimbawa ng kasamaan: 9
 - 1. Nagiibig magkaroon ng kataasan na posisyon.
 - 2. Tumangging tanggapin ni Juan, ang itinalaga Ng Dios na tagapanguna.
 - 3. Siniraang puri ang apostol (pamunuan).
 - 4. Hindi kontento.
 - 5. Hindi tinanggap ang ibang kapatiran (“cliques”).
 - 6. Nagiibig na itiwag ang mga mananampalataya na hindi nais na tanggapin ang pamunuan ng itinatag Ng Dios sa iglesya.
- B. Ang tamang tugon sa ganitong kasamaan: 11
 - 1. Sundin ang hindi masama, dahil ang mga gumagawa ng kasamaan ay hindi nakakita Sa Dios: 11
 - 2. Sundin ang mabuti, dahil ang gumagawa ng kabutihan ay galing Sa Dios: 11
- C. Si Demetrio: Isang halimbawa ng kabutihan: 12
 - 1. Mayroong mabuting patotoo sa lahat ng tao.
 - 2. Nakalinya sa katotohanan ng Salita Ng Dios.
 - 3. Mayroong mabuting reputasyon sa itinalagang pamunuan Ng Dios sa iglesya.

V. Pagtatapos: 13-14

- A. Si Juan ay maraming bagay na gustong isulat, subalit nais niya na bumisita sa halip: 13-14
- B. Siya ay nagpadala ng : 14

1. Kapayapaan.
 2. Pagbati mula kanyang mga kaibigan na si Gayo at sa iglesya.
- C. Hiniling niya kay Gayo na batiin ang kanyang mga kaibigan sa pangalan: 14

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng I, II at III Juan?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng I Juan.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng I Juan?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng I Juan.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng I Juan mula sa memorya.

6. Sabihin ang layunin ng aklat ng II Juan.

7. Para kanino isinulat ang aklat ng II Juan?

8. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng II Juan.

9. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng II Juan mula sa memorya.

10. Sabihin ang layunin ng aklat ng III Juan.

11. Para kanino isinulat ang aklat ng III Juan?

12. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng III Juan.

13. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng III Juan mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang lahat ng mga bagay na dapat mong MALAMAN ayon sa I Juan. Para magawa mo ang pag-aaral, una basahin ang buong aklat ng I Juan at guhitan ang salitang “malaman” o “kilalang” sa tuwing ito ay gagamitin. Bumalik at gumawa kung ano ang iyong naguhitan. Gumawa ng talaan ng mga bagay na dapat nating malaman.

2. Sa Juan 2:12-14, isulat ang mga bagay na isinulat sa:

- Mga bata:

-Mga Ama:

-Batang lalake:

(Ang mga ito ay antas ng espirituwal na paglago.)

3. Basahin ang I Juan at tandaan ang bawat paggamit ng salitang pagibig, at katotohanan. Ibuod kung ano ang itinuro sa dalawang pagksang ito.

4. Isulat ang masamang katangian ni Diotreferes na ibinigay sa III Juan 9-10.

5. Pag-aralan ang katangian ng “born again” na mananampalataya: I Juan 2:29; 3:9; 4:7; 5:1,4,18

6. Pag-aralan ang pitong pagsusulit ng tutoong karanasan ng Kristiyano: I Juan 1:6,8,10; 2:4,6,9; 4:20

7. Isang payak na balangkas sa aklat ng I Juan:

- Mga kabanata 1-2: Ang Dios ay liwanag

- Mga kabanata 3-4: Ang Dios ay pagibig

- Kabanata 5: Ang Dios ay buhay

8. Pag-aralan ang mga sumusunod na pagkakaiba sa I Juan:

- Liwanag laban sa kadiliman: 1:5-2:11
- Ama laban sa mundo: 2:12-17
- Si Cristo laban kay anticristo: 2:18-28
- Mabuting mga gawa laban sa kasamaan: 2:29-3:24
- Espiritu Santo laban sa mali: 4:1-6
- Pagibig laban sa pagkukunwari: 4:7-21
- Anak Ng Dios laban sa iba: 5:1-2

IKA-DALAWAMPUNG KABANATA

JUDAS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Judas.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Judas
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Judas.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Judas mula sa memorya.
- Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Judas.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Judas (ang kapatid Ni Jesus)

PARA KANINO: Sa lahat ng mga mananampalataya, kahit ang tiyak na mambabasa sa panahon na iyon ay ang mga kaanib sa mga iglesya sa Palestina at /o Asia.

LAYUNIN: Para magbabala sa bulaang mga guro.

SUSING TALATA: Judas 1:3

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Dapat tayong maging handa para sa mga bulaang mga guro na gumagapang na hindi napapansin at inililigaw ang mga mananampalataya mula sa katotohanan ng Salita Ng Dios.

PANGUNAHING TAUHAN: Judas, Miguel ang arkanghel, Cain, Balaam, Core, Enoch

BALANGKAS

- I. Pambungad: Pabnati: 1-2
 - A. Mula kay: Judas: 1
 - 1. Kapatid ni Santiago.
 - 2. Mahal na alipin Ni Jesucristo:
 - B. Para sa mga: 1
 - 1. Pinabanal Ng Dios.
 - 2. Iningatan kay Cristo.
 - 3. Tinawag.
- II. Pakay: 3
 - A. Orihinal na pakay: Kaligtasan para sa lahat.
 - B. Binagong pakay: Pangangaral na sila ay magsikap na makipaglaban para sa pananampalataya dahil sa uri ng taong gumagapang sa iglesya.
- III. Katangian ng “tiyak na tao” (bulaang mga guro): 4
 - A. Gumagapang na hindi napapansin.
 - B. Itinalaga sa paghatol.
 - C. Hindi makaDios na tao.
 - D. Pinalitan ang biyaya Ng Dios sa kalibugan.
 - E. Itinanggi ang pagka Panginoon Ni JesuCristo.
- IV. Tatlong makasaysayang talaan: 5-7
 - A. Israel: Minsan naligtas, pagkatapos nawasak: 5 (Mga Bilang 13-14 at I Corinto 10:5-10)
 - B. Mga anghel: Umalis sa unang estado, itinalaga sa pagkagapos: 6 (II Pedro 2:4)
 - C. Sodom at Gomorrah: Pita ng laman at pakikiapid nagdulot ng kaparusahan sa pamamagitan ng apoy: 7(Genesis 18-19)
- V. Paglalarawan ng bulaang mga guro: 8-10 (pagpapatuloy ng paglalarawan mula sa talatang 4)
 - A. May maruming panaginip: 8
 - B. Dinudungisan ang kanilang mga sarili: 8
 - C. Hinahamak ang mga paghahari: 8
 - D. Nagsasalita ng masama sa mga puno: 8-10

1. Si arkanghel Miguel ay hindi nagtangkang humatol ng may panlalait laban sa Diablo: 9
 2. Ang mga taong ito ay nagsasalita ng mga masamang bagay na hindi nila alam: 10
 - E. Mga bagay na likas na nabubulok: 10
- VI. Ang paglalarawan ng mga masamang tao sa pamamagitan ng halimbawa: 11
- A. Nawala: Ang daan ni Cain: Tinanggihan ang dugo na kinakailangan para sa pagaalis ng kasalanan: (Genesis 4)
 - B. Tumakbo: Pagkatapos ng pagkakamali ni Balaam: Ministeryo para sa pinansiyal na pakinabang: (Mga Bilang 22-22)
 - C. Namatay: Sa paghahangad ng magandang salita ni Kore: Pagtangi sa itinalagang pamunuan Ng Dios: (Mga Bilang 16)
- VII. Paglalarawan sa mga masamang tao sa pamamagitan ng “metaphor” (paghahambing ng natural na halimbawa): 12-13
- A. Batik: Ang tunay na ibig sabihin ay “ mga bato” sa iyong pista; bato sa pagkain: 12
 - B. Walang tubig na ulap: Maraming pangako pero walang naibibigay: madaling madala ng ganito at ganyan: 12
 - C. Patay na puno: Walang bunga, walang ugat o katatagan; dalawang beses namatay: Una sa kasalanan at ikalawa sa pagpapaimbabaw: 12.
 - D. Mababangis na alon: Maharot, maingay, subalit walang nagagawa: 13
 - E. Bituing gala: Tingin makislap, subalit itinakda sa kadiliman: 13
- VIII. Panghinaharap na paghuhukom: 14-15 (Genesis 5:18-24)
- A. Ang mensahero: Enoch: 14
 - B. Ang mensahe: 15
 1. Hinatulan Ng Panginoon kasama ang 10,000 mga banal: 14
 - a. Para sa mga masasamang ginawa nila: 15
 - b. Para sa lahat ng kanilang mabibigat na sinalita laban Sa Kanya: 15
- IX. Ang pagpapatuloy ng paglalarawan ng masamang tao: 16
- A. Mapagbulong.
 - B. Madaingin.
 - C. Lumalakad ayon sa kanilang masamang pita.
 - D. Mga bibig na nagsasalita ng kapalaluan (mapagmalaki)
 - E. Nagtatangi ng tao, nagiisip na ang iba ay higit sa iba dahil sa kayamanan, posisyon, at iba pa.
- X. Alalahanin: Si Jesus ay nagbabaka sa mga taong ito: 17-19

- A. Manlilibak ay darating sa huling panahon: 18
- B. Sila ay lalakad sa kanilang sariling masamang pita: 18
- C. Ihihiwalay nila ang kanilang sarili (mga grupo, “cliques”): 19
- D. Sila ay malalayaw: 19
- E. Wala silang Espiritu ng Dios: 19

XI. Apat na plano para maiwasan ang mga panloloko ng mga masasamang taong ito: 20-21

- A. Patatagin mo ang iyong sarili sa pananampalataya:20
- B. Manalangin Sa Espiritu Santo: 20
- C. Panatiliin ang iyong sarili sa pagibig Ng Dios: 21
- D. Hintayin ang muling pagbabalik Ng Panginoong Jesu Cristo: 21

XII. Ang ating tugon sa mga masamang taong ito: 22-23

- A. Sa iba magkaroon ng habag: 22
 - 1. Gumawa ng pagkaakiba sa pagitan ng mahina at sa mga sadyang masama: (tingnan ang talata 23)
- B. Ang iba ay iligtas na may takot: 23
 - 1. Agawin sa apoy ng kasalanan/ impiyerno; Hatakin sila palabas, huwag sumama sa kanilang kasalanan.
 - 2. Kapootan kahit ang kanilang damit na nadungisan ng laman.

XIV. Pagtatapos na babas: 24-25

- A. Ano ang ginagawa Niya para sa atin ngayon: Iningatan niya tayo para hindi matisod: 24
- B. Ano ang Kanyang gagawin : Ihaharap tayo na walang kapintasan: 24
 - 1. Sa presensiya ng Kanyang kaluwalhatian.
 - 2. Na may malaking galak.
- C. Sa iisang matalinong Dios ang Ating Tagapagligtas, ngayon at magpakailanman, ay sumakanya ang : 25
 - 1. Kaluwalhatian.
 - 2. Karangalan.
 - 3. Paghahari.
 - 4. Kapangyarihan

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Judas?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Judas.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Judas?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Judas.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Judas mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Gumawa ng talaan ng mga katangian ng mga bulaang mga guro na kinilala sa aklat ng Judas.
2. Pag-aralan ang halimbawa ng Lumang Tipan na ibinigay sa Judas:
 - Ang mga tao (Israel) iniligtas sa Egipto subalit pagkatapos ay nawasak: Mga Bilang 13-14; I Corinto 10:5-10; Hebreo 3:17
 - Ang mga anghel na hindi pinanatili ang unang estado: II Pedro 2:4
 - Sodom at Gomorrah: Genesis 18:1-19:24
 - Cain: Genesis: 4
 - Balaam: Mga Bilang 22-24
 - Core (Korah): Mga Bilang 16
 - Enoch (ang ikapitong inapo mula kay Adan): Genesis 5:18
3. Pag-aralan ang Judas 20-23. Isulat ang mga susi na ibinigay para ingatan ang iyong sarili mula sa mga bulaang mga guro katulad ng inilarawan sa aklat ng Judas.
4. Pag-aralan ang utos sa Judas:

- Masikap na makipaglaban para sa pananampalataya: 3 -Tandaan ang buong salita ng mga apostol: 17 -Patatagin ang iyong sarili sa pananampalataya: 20 -Manalangain sa Espiritu Santo: 20 -Hanapin ang habag Ni Jesus:21 -Panatiliin ang iyong sarili sa pagibig Ng Dios: 21	- Gumawa ng pagkakaiba: 22 -Magkaroon ng habag sa iba:22 -Iligtas ang iba sa takot: 23 -Alisin sila sa apoy: 23 -Kapootan kahit ang kanilang damit na nadungisan ng laman:23
--	--

5. Ang isa sa susing salita sa Judas ay “masama.” Ginamit niya ito para ilarawan ang tao, pita, mga ginawa, itinalaga, makasalanang, mga salita.

6. Pansinin ang kaugnayan sa pagitan ng Judas at I I Pedro:

Judas

4
6
7-10
11
12-13
16
17-18

I I Pedro

2:1-3
2:4
2:6-12
2:15
2:13-17
2:18
3:1-3

PAMBUNGAD SA AKLAT

NG PROPESIYA

Ang Apocalipsis ang nagiisang aklat ng propesiya sa Bagong Tipan. Ito ay nagbigay ng sulyap sa panghinaharap na plano Ng Dios, kasama ang pagtatapos ng panahon na alam natin, ang paglikha ng bagong langit at lupa, ang paghuhukom, at ang pasimula ng walanghanggan. Para matulungan ka na kilalanin ang mga pangyayari sa Apocalipsis ay nangyari na , iguhit ang mga simbolo sa tabi ng iyong Biblia :

- △ Ilagay ang simbolong ito sa mga talata na tumutukoy sa “rapture” ng iglesya.
- C ilagay ang simbolong ito sa mga talata na tumutukoy sa pangkasalukuyang nangyayari sa mundo.
- ♥ Ilagay ang puso sa mga talatang tumutukoy sa “marriage supper of the lamb”.
- T Ilagay ang simbolong ito sa mga talata na tumutukoy sa “tribulation”.
- J Ilagay ang simbolong ito sa mga talatang tumutukoy sa paghuhukon sa tao, kay Satanas, at ang Kanyang mga anghel.

- M** Ilagay ang simbolong ito sa mga talatang tumutukoy sa “ millennium” na panahon ng 1000 taon.
- ⊖ Iguhit ang selyo sa talata na tumutukoy sa pitong selyo ng paghuhukom.
- ☪ Iguhit ang mangkog sa mga talatang tumutukoy sa pitong “vial” na paghuhukom.
- ♪ Iguhit ang simbolo ng musika sa talatang tumutukoy sa pitong trumpeta.
- NH** Gamitin ang simbolong ito para tandaan ang mga talatang naglalarawan ng bagong
NE langit at bagong lupa.

IKA-DALAWAMPU’T ISANG KABANATA APOCALIPSIS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may-akda ng aklat ng Apocalipsis.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Apocalipsis.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Apocalipsis.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Apocalipsis mula sa memorya.
- Sabihin ang buhay at Prinsipyo ng aklat ng Apocalipsis.

PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Juan

PARA KANINO: Sa pitong iglesia sa Asia, at mga mananampalataya sa pangkalahatan.

LAYUNIN: Para ipahayag ang plano Ng Dios sa mundo.

SUSING TALATA: Apocalipsis 1:19

PRINSIPYO NG BUHAY AT MINISTERYO: Sa wakas, ang mabuti ay palaging tagumpay sa kasamaan. Palaging nagagawa Ng Dios ang Kanyang itinatag na plano at pakay.

PANGUNAHING TAUHAN: Si Juan, anticristo, bulaang propeta, Jesu Cristo.

BALANGKAS

- I. Pambungad: 1:1-3
- II. Pagbati: 1:4-6
- III. Ang tema ng Apocalipsis: 1:7-8
- IV. Ang may-akda: Juan 1:9-10
- V. Ang pangitain ni Juan Sa Dios: 1:10-18
 - A. Ang Kanyang pagkatao: Alpha at Omega, Ang Panginoon: 1:1
 - B. Ang Kanyang Posisyon: Sa kalagitnaan ng mga iglesya (kandelero): 1:12-13
 - C. Ang Kanyang Katangian: 1:13-16
 - D. Ang Kanyang mensahe: 1:17-20

Ikalawang Bahagi: Ang Pangkasalukuyan: “Ang Mga Bagay na”

- I. Mensahe para sa mga iglesya: 2:1-3:22
 - A. Efeso: 2:1-7
 - B. Smirna: 2:8-11
 - C. Pergamo: 2:12-17
 - D. Tiatira: 2:18-29
 - E. Sardis: 3:1-6
 - F. Filadelfia: 3:7-13
 - G. Laodicea: 3:14-22

Ikatlong Bahagi: Ang Panghinaharap: “ Ang mga bagay na mangyayari pagkatapos”

- I. Ang pagpipigil ng mga pangyayari sa huling panahon: 4:1-5:14
 - A. Ang trono Ng Dios: 4:1-11
 - B. Ang kasulatang nakalulon: 5:1-5
 - C. Ang Kordero: 5:6-14
- II. Ang poot ng Kordero: 6:1-19:21
 - A. Ang pitong selyo ng paghuhukom: 6:1-11:19

1. Ang unang selyo: 6:1-2
2. Ang ikalawang selyo: 6:3-4
3. Ang ikatlong selyo: 6:5-6
4. Ang ikaapat na selyo: 6:7-8
5. Ang ikalimang selyo: 6:9-11
6. Ang ikaanim na selyo: 6:12-17
7. Ang “interlude”/pagitan: 7:1-7
 - a. Sa lupa: Ang pagseselyo ng alipin Ng Dios: 7:1-8
 - b. Sa Langit: Ang pagpirma ng alipin Ng Dios: 7:9-17
8. Ang ikapitong selyo: 8:1-11:19. Ang selyong ito ay naglalaman ng pitong trumpeta:
 - a. Ang unang trumpeta: 8:7
 - b. Ang Ikalawang trumpeta: 8:8-9
 - c. Ang ikatlong trumpeta: 8:10-11
 - d. Ang ikaapat na trumpeta: 8:12-13
 - e. Ang ikalimang trumpeta: 9:1-12
 - f. Ang ikaanim na trumpeta: 9:13-21
 - g. Ang “interlude”/pagitan: 10:1-11:14
Pitong mga pangyayari ang nangyari sa pagitan ng ikaanim at ikapitong trumpeta.
 - h. Ikapitong trumpeta: 11:15-19

III. Ang paghahari ni Satanas sa lupa: 12:1-13:18

- A. Si Satanas at ang Israel: 12:1-17
- B. Si Satanas at ang mundo: 13:1-18

IV. Ang pitong mangkok ng paghuhukom: 14:1-16:21

- A. Mga pangyayari pagkatapos ng mangkok ng paghuhukom: 14:1-15:8
- B. Ang mangkok ng paghuhukom: 16:1-21
 1. Ang unang mangkok ng paghuhukom: 16:2
 2. Ang ikalawang mangkok ng paghuhukom: 16:3
 3. Ang ikatlong mangkok ng paghuhukom: 16:4-7
 4. Ang ikaapat na mangkok ng paghuhukom: 16:8-9
 5. Ang ikalimang mangkok ng paghuhukom: 16:10-11
 6. Ang ikaanim ng mangkok ng paghuhukom: 16:12-16
 7. Ang ikapitong mangkok ng paghuhukom: 16:17-21

V. Pagkawasak ng sistema ng mundo sa relihiyon: 17:1-18

- A. Ang kasaysayan: 17:1-6
- B. Ang panghinaharap: 17:7-8

VI. Pagkawasak ng sistema ng mundo sa politika at economiya: 18:1-24

- VII. Pagkatalo ng mga kalaban Ng Dios sa Armageddon: 19:1-21
- A. Ang pagdiriwang sa Langit: 19:1-10
 - B. Ang paghaharap sa lupa: 19:11-21
- VIII. Ang paghuhukom sa sangkatauhan: 20:4-15
- A. Sa buhay: 20:4-10
 - B. Sa kamatayan: 20:11-15
- IX. Ang bagong langit at bagong lupa: 21:1-22:5
- A. Pambungad na pangmalawakan: 21:1-8
 - B. Detalye ng bagong Jerusalem: 21:9-22:5
- X. Pagtatapos na pangangaral: 22:6-21

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Apocalipsis?

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Apocalipsis.

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Apocalipsis?

4. Sabihin ang Prinsipyo ng Buhay at Ministeryo sa aklat ng Apocalipsis.

5. Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Apocalipsis mula sa memorya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Mayroong pitong pagpapala na ipinahayag sa aklat ng Apocalipsis:
 - Mapalad ang bumabasa ng propesiyang ito: 1:3
 - Mapalad ang mga patay na namatay Sa Panginoon: 14:13
 - Mapalad ang mga nagpupuyat (para sa pagdating Ng Panginoon): 16:15
 - Mapalad ang inanyayahan sa kasalan Ng Kordero: 19:9
 - Mapalad ang makalakip sa unang pagkabuhay na maguli: 20:6
 - Mapalad ang mga tumutupad ng mga salita sa aklat na ito: 22:7
 - Mapalad ang mga naghuhugas ng kanilang mga damit: 22:4
2. Pag-aralan ang paglalarawan ng demonyo na ibinigay sa kabanatang 9.
3. Basahin ang tungkol sa pinakadakilang panalangin ng pagtitipon ng mga hindi ligtas na mga tao sa kasaysayan: 6:15-17
4. Ang huling salita Ni Jesus para sa Iglesia ay nakatala sa mga kabanata 2 at 3.
5. Si Juan ang may-akda ng Apocalipsis, ang nagsulat din ng Ebanghelyo ni Juan, at ng I,II, at III ng Juan. Pag-aralan ang iba niyang kinasihan na mga sulat. Si Juan ay disipolo Ni Jesus. Mababasa mo ang kanyang talambuhay sa Ebanghelyo.
6. Magsangguni sa aklat ng Daniel sa iyong pag-aaral ng Apocalipsis. Pansinin ang mga sumusunod na reperensiya:

-Tungkol sa Israel: Daniel 3 at 6, Apocalipsis 12

-Tungkol sa anticristo: Daniel 3:1-7; 7:7,8,24,25; 8:9-12,23-25; 9:27; 11:36-45; Apocalipsis 13

-Tungkol sa kapighatian: Daniel 9:24-27; Apocalipsis 11:2, 12:6,14; 13:5

-Ang Daniel ay naka selyong aklat: Daniel 12:9. Ang ibig sabihin nito ang lahat ng bagay tungkol sa panghinaharap ay hindi naihayag sa panahong iyon.

-Ang Apocalipsis ay hindi nakaselyong aklat (Apocalipsis 22:10). Ito ay naisulat para mabuo ang pahayag Ng Dios sa tao.

7. Ang Biblia ay nagsasabi tungkol sa mga iba't ibang korona na ibibigay sa mga mananampalataya:

-Hindi nasisirang korona:	I Corinto 9:25
-Korona ng kagalakan:	I Tesalonica 2:19-20
-Korona ng katuwiran:	II Timoteo 4:8
-Korona ng kaluwalhatian:	I Pedro 5:2-4
-Korona ng buhay:	Apocalipsis 2:10

8. Pag-aralan ang mga mensahe sa pitong iglesya sa Apocalipsis mga kabanata 2-3. Gumawa ng tsart at isulat ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa bawat iglesya na binanggit:

Pangalan ng Iglesya: Para kanino ang mensahe. Ang bawat iglesya ay maliwanag na binanggit sa pangalan.

Paglalarawan: Ang bawat mensahe ay naglalaman ng paglalarawan Ng Panginoong Jesu Cristo

Papuri: Isulat ang magagandang katangian na pinuri Ng Panginoon.

Paghahatol: Isulat ang mga kamalian na hinatulan Ng Panginoon.

Utos: Sa bawa't mensahe, ang Panginoon ay nagbigay ng utos at naghain ng kalutasan para sa problema ng iglesya.

Pangako: Isang pangako ang ibinigay sa bawa't iglesya para hikayatin para sa pagbabago.

9. Ang Apocalipsis ay naglista ng maraming titulo para Kay Jesu Cristo kaysa sa ibang aklat sa Biblia. Sa ibaba ang talaan ng mga ito. Makakahanap ka pa ba ng iba?

- Jesu Cristo: 1:1
- Tapat na saksi: 1:5
- Unang anak sa mga patay: 1:5
- Prinsipe ng mga hari sa lupa: 1:5
- Alpha at Omega: 1:8

- Una at huli: 1:17
- Anak ng tao: 1:13
- Anak Ng Dios: 2:18
- Taga tago ng susi ni David: 3:7
- Taga tago ng mga susi sa impiyerno at kamatayan: 1:18
- Leon sa angkan ng Juda: 5:5
- Ugat ni David: 5:5
- Pinatay na Kordero: 5:6
- Galit na Kordero: 6:16-17
- Maamong Kordero: 7:17
- Ang Ating Panginoon: 11:8
- Anak ng tao: 12:5
- Hari ng mga banal: 15:3
- Tapat at tunay: 19:11
- Salita Ng Dios: 19:13
- Hari ng mga hari: 19:16
- Panginoon ng mga panginoon: 19:16
- Pasimula at wakas: 22:13
- Maningning na tala ng umaga: 22:16

10: Ang mga sumusunod na tsart ay makatutulong sa iyo na maunawaan ang tatlong huling mga tiyak na giyera na tinutukoy ng Biblia:

Giyer at ang mga tao	Kailan mangyayari	Kinalabasan	Reperensiya
1. Russia at mga kasanib	Bago o habang may kapighatian Maaring mangyari Kahit anong oras	Ang Dios ay makikialam at ang kawal ng Russia ay mawawasak	Ezekiel 38:1-39:16
2. Mga kawal mula sa lahat ng bansa laban Sa Dios	Pagkatapos ng 7 taon ng kapighatian sa Jerusalem.	Si Jesus ay bababa mula sa langit at wawasakin ang kalaban	Joel 3:9,12 Zacarias 14:1-4 Apocalipsis 16:13-16 19:11-21
3. Satanas at Dios	Sa pagtatapos ng "Millennium"	Si Satanas at ang mga kasama niya ay itatapon sa dagat dagatang apoy pang walanghangan	Apocalipsis 20:7-10

11. Pag-aralan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagsisimula at pagtatapos ng mundo:

Ang Pagsisimula

(Alpha)

Genesis Kabanta 1-3

Nilikha Ng Dios ang langit at lupa

Magkaroong ng liwanag: 1:3-5

Ang tubig ay tinawag na dagat: 1:10

Puno ng buhay: 2:8-9

Ilog sa labas ng Eden: 2:10

Kamatayan mula sa puno: 2:17

Nagsimula ang sumpa: 3:17

Sakit: 3:17

Isinara ang pasukan: 3:24

Lumakad Siya na kasama sila: 3:8

Nagsimula ang kamatayan: 2:17

Nanloko ang Diablo: 3:4-6

Pinawalan ang Diablo: 3:4

Kalungkutan: 3:17

Ang lupa ay langit ay nagka porma: 1:1

Ang kapangyarihan Ng Dios sa paglikha

Ang Pagtatapos

(Omega)

Apocalipsis kabanata 20-22

At nakita ko ang bagong langit at

lupa: 21:1

Ang siyudad ay hindi na

nangangailangan ng liwanag: 21:23;
22:5

Wala ng dagat: 21:1

Puno ng buhay: 22:2

Dalisay na ilog ng buhay: 22:1

Buhay mula sa puno: 22:2

Wala ng sumpa: 22:3

Wala ng sakit: 21:4

Binuksan ang pasukan: 21:25

Nanahan Siya sa kanila: 21:3

Nawala ang kamatayan: 20:14

Ang Diablo ay hindi na
makapanlololo: 20:3

Ikinulong ang Diablo: 20:2

Wala ng kalungkutan: 21:4

Ang lupa at langit ay tumakas:
20:11

Ang Kapangyarihan Ng Dios na

1:1
Nagtatago mula Sa Dios: 3:8
Nagsimula na: 1:1

magwasak: 20:9
Nakatayo Sa harapan Ng Dios:
20:12
Natapos na: 21:6

ANG PAGTATAPOS

Ang Biblia ay nagpahayag ng kabuuang plano Ng Dios. Ang Lumang Tipan ay ang paghahanda para sa plano. Ang Ebanghelyo ang kaphayagan ng plano, at ang Mga Gawa at ang mga Sulat ang paglalaan ng plano. Ang Apocalipsis ang nagpapakita ng pagtatapos ng plano Ng Dios.

MGA SAGOT SA PANSARILING PAGSUSULIT

UNANG KABANATA:

1. Mateo
2. Para ipakilala ang mnisteryo Ni Jesus, binigyang diin ang tungkulin Niya bilang hari ng mga Hudyo.
3. Sa lahat ng mananampalataya, kahit ang unang intensiyon na mambabasa ay ang mga Hudyo kung saan Si Jesus ay ipinakilala bilang Anak Ni David.
4. Ang huling utos Ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod ay pumunta sa lahat ng bansa at ipangaral ang Ebanghelyo.
5. Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at Ng Espiritu Santo: Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28:19-20)

IKALAWANG KABANATA:

1. Marcos
2. Para ipakilala ang ministeryo Ni Jesus, binigyang diin ang Kanyang tungkulin bilang lingkod ng Anak ng tao.

3. Sa lahat ng mga mananampalataya, kahit nga ang unang intensiyon na tagabasa ay ang mga Romano kung saan Si Jesus ay ipinakilala bilang lingkod.

4. Dapat nating hanapin na maka pagministeryo sa halip na pag ministryuhan.

5. Sapagka't ang anak ng tao rin naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kanyang buhay na pangtubos sa marami.(Marcos 10:45)

IKATLONG KABANATA:

1.Lucas

2. Ito ay sinabi sa Lucas 1:1-4. Ang pakay ay isulat ng maayos ang mga pangyayari ng ministeryo Ni Jesus

3. Sa lahat ng mananampalataya, kahit nga ang unang intensiyon na mambabasa ay ang mga Griego kung saan Si Jesus ay ipinakilala bilang ganap na tao. Kanyang binanggit ang tiyak na mananampalataya, si Teofilo.

4. Ang ating misyon ay katulad ng Misyon Ni Jesus: Maabot ang mga nawawala ng mabuting balita ng Ebangehlyo.

5.Sapagka't ang anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala.(Lucas 19:10)

IKA-APAT NA KABANATA:

1.Juan

2. Para hikayatin na Si Jesus ay ang Mesias, ang Anak Ng Dios, at dahil sa ganitong paniniwala akayin ang tao sa walanghanggang buhay.

3. Sa lahat ng mga mananampalataya, kung saan pinakilala ni Juan si Jesus bilang Anak Ng Dios.

4. Si Jesus ang Cristo, Ang Anak ng buhay Na Dios, ang pinagmumulan ng kaligtasan at daan sa walanghanggang buhay.

5.Ngunit ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na Si Jesus ay Ang Cristo, Ang Anak Ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkakaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.(Juan 20:31)

IKA-LIMANG KABANATA

1.Lucas

2. Ito ay binanggit sa Mga Gawa 1:1-2. Ang alalahanin ng aklat ay kung ano ang ipinagpatuloy na gawain Ni Jesus at itinuro pagkatapos ng Kanyang pagakyat sa pamamagitan ng espirituwal na Katawan , ang Iglesya

3. Sa lahat ng mga mananampalataya kahit nga ang aklat ay naka pangalan kay Teofilo.

4. Ang tunay na ebidensiya ng Espiritu Santo ay direktong kapangyarihan: Kapangyarihan na maging saksi para sa pagpapalawig ng mensahe ng Ebanghelyo sa buong mundo.

5. Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: At kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa boong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihan hangganan ng lupa..(Mga Gawa 1:8)

IKA-ANIM NA KABANATA

1. Pablo

2. Para ipakita ang kahulugan ng Ebanghelyo sa kautusan, propesiya at pangkalahatang pangangailangan ng tao para sa pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya.

3. Mga mananampalataya sa Roma.

4. Ang mga matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya.

5. Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan Ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya ; una'y sa Judio at gayundin sa Griego. Sapagka't dito ang katuwiran Ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. (Roma 1:16-17)

IKA-PITONG KABANATA

1. Pablo

2. Pinakitunguhan ni Pablo ang mga problema na iniharap sa kanya at mga tanong ng mga mananampalataya sa Corinto.

3. Mga mananampalataya sa Corinto.

4. Ang pag-ibig ang pinakadakilang espirituwal na susi para sa epektibong ministeryo at buhay ng Kristiyano.

5. Datapuwa't ngayo'y nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pagasa at ang pagibig; ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig.(I Corinto 13:13)

6. Ang pangunahing pakay ay para muling itatag ang kanyang kapangyarihan bilang apostol, subalit pinakitunguhan din niya ang karagdagang mahalagang usapin.

7. Mga mananampalataya sa Corinto.

8. Ang kahinaan ng tao ay nagbibigay ng oportunidad para maipahayag ang kapangyarihan ng Diyos.

9. At siya'y nagsabi sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan Ni Cristo. (II Corinto 12:9).

IKA-WALONG KABANATA

1.Pablo

2. Para iwasto ang maling katuruan ng Hudyo, legalismo sa iglesya.

3. Mga mananampalataya sa Galacia.

4. Pinalaya tayo ni Jesus mula sa kautusan tungo sa kalayaan.

5.Sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo: magsitibay nga kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin. (Galacia 5:1)

IKA-SIYAM NA KABANATA

1.Pablo.

2. Para ipaalam sa mga mananampataya ang kanilang kayamanan Kay Cristo at turuan tungkol sa kanilang paglakad Kay Cristo.

3. Sa mga mananampalataya sa Efeso.

4. Ang mga mananampalataya ay tagapagmana ng mga pagpapala (ang kayamanan) at ang mga responsabilidad (ang paglakad) sa tawag ni Cristo sa kanila.

5.Purihin nawa Ang Dios at ama ng ating Panginoon Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol Sa Espiritu sa sangkalangitan Kay Cristo. (Efeso 1:3)

IKA-SAMPUNG KABANATA

1.Pablo.

2. Para ipaalam ang panawagan para sa pagkakaisa ng Kristiyano.

3. Ang iglesiya sa Filipos.

4. Pagkakaisa Kay Jesus ay nagdudulot ng kagalakan.

5. Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, Mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pagiisip. (Filipos 2:2)

IKA-LABINGISANG KABANATA

1. Pablo.

2. Para harapin ang mga usaping doctrinal sa iglesia.

3. Mga mananampalataya sa Colosas na nakikibahagi sa sulat ng mga mananampalataya sa Laodicea.

4. Si Cristo ang lahat at nasa lahat.

5. Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip Ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nangasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan Ng Dios. Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nasa ibabaw ng lupa. Sapagka't kayo'y nangamatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kasama ni Cristo Sa Dios. (Colosas 3: 1-3)

IKA-LABINGDALAWANG KABANATA:

1. Pablo.

2. Para patotohanan na ang Panginoon ay muling babalik: para papurihan at pangaralan para sa pananampalataya at ituwid ang maling doktrina. Sinagot din ni Pablo ang mga maling paratang laban sa kanyang ministeryo.

3. Sa iglesia sa Tesalonica.

4. Ang kaaliwan ay dapat nakatuon sa kaluwalhatian pag-asa sa muling pagparito ni Jesucristo.

5. Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli;

Kung magkagayon tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.

Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito. (I Tesalonica 4:16-18)

6. Para turuan ang mga mananampalataya sa paghihintay sa muling pagparito ng Panginoon.

7. Ang iglesya sa Tesalonica.

8. Dahil maraming tatalikod sa kanilang pananampalataya bago dumating ang araw Ng Panginoon, mahalaga na turuan at mamuhay sa tamang doktrina.

9. Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka't ito'y hindi darating, maliban nang dumating mula ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan. (II Tesalonica 2:3)

IKA-LABING TATLONG KABANATA:

1. Pablo.

2. Isinulat ni Pablo sa kanyang kamanggagawa na si Timoteo na nagmiministeryo bilang panandaliang pastor sa Efeso. Ang alalahanin ng aklat ay tungkol sa mga problema at pangangailangan na lumabas sa iglesiyang ito.

3. Timoteo.

4. Dapat tayong mamuhay bilang magandang halimbawa para sa ministeryo kung saan tayo tinawag.

5. Huwag hamakin ng sinoman ang ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan. (I Timothy 4:12)

6. Isinulat ni Pablo ang aklat na ito mula sa bilangguan para mahamon si Timoteo upang tanggapin ang responsabilidad sa ministeryong pinangungunahan ng apostol dahil sa kanyang nalalapit na kamatayan. Alam ni Pablo na malapit na siyang ipapatay dahil sa kanyang pananampalataya.

7. Timoteo.

8. Ang banal na batayan para sa pagpapalawak ng mensahe ng ebanghelyo ay “ang bawa’t isa ay magturo ng isa para makaabot ng isa.”

9. At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)

IKA-LABINGAPAT NA KABANATA

1. Tito

2. Para itama ang mga problema at magtatag ng tamang kaayusan sa iglesya na nasa isla ng Creta.

3. Si Tito, isang Griyegong nahikayat at kamanggagawa ni Pablo.
4. Ang pagtatayo ng mabuting gawa ay hindi sapat. Ang gawain ay dapat maitatag at maorganisa ayon sa prinsipyo ng Salita Ng Diyos.
5. Dahil dito'y iniwan kita sa Creta, upang husayin mo ang mga bagay na nagkukulang, at maghalal ng mga matanda sa bawa't bayan, na gaya ng ipinagbilin ko sa iyo.(Kay Tito 1:5)

IKA-LABINGLIMANG KABANATA

- 1.Pablo
2. Pagsamo para kay Onesimo, ang tumakas na alipin in Filemon na naging mananampalataya. Ang aklat ay nagbigay ng praktikal na halimbawa ng Kristiyanong prinsipyo na mailalapat sa kaugnayang panlipunan. Inilarawan din ang prinsipyo ng pagpapatawad, at ang ministeryo ng tagapamagitan.
3. Filemon, isang Kristiyanong nakatira sa Colosas.
4. Ang mga Kristiyanong prinsipyo ay dapat ilapat sa kaugnayang panlipunan.
5. Ipinamamanhik ko sa iyo ang aking anak, na aking ipinanganak sa aking mga tanikala, si Onesimo.(Filemon 1:10)

IKA-LABINGANIM NA KABANATA

- 1.Pablo.
2. Para ipakilala si JesuCristo na higit sa lahat.
3. Hudiyong (Hebreo) mga mananampalataya
4. Si Jesus ang tagapamagitan sa nakahihigit na tipan na naitatag sa nakahihigit na mabubuting mga pangako.
5. Datapuwa't ngayo'y kinamtan niya ang ministeriong lalong marangal, palibhasa siya nama'y tagapamagitan sa isang tipang lalong magaling, na inilagda sa lalong mabubuting pangako. (Hebreo 8:6)

IKA-LABINGPITONG KABANATA

- 1.Santiago
2. Para aliwin ang mga mananampalataya na dumaranas ng pagsubok sa kanilang pananampalataya.

3. Mga mananampalataya sa labingdalawang angkan ng Israel.
4. Ang pananampalataya ang pundasyon ng mga gawa.
5. Sapagka't kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, ay gayon din ang pananam palataya na walang mga gawa ay patay.(Santiago 2:26)

IKA-LABINGWALONG KABANATA

1. Pedro.
2. Para magbigay ng babala sa panganib ng pag-uusig mula sa labas ng Iglesia.
3. Ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang Kristiyanong pananampalataya.
4. Ang tugon sa pag-uusig ay dapat nakabatay sa mga prinsipyo ng Biblia.
5. Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay.

Kundi kayo'y mangagalak, sapagka't kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak. (I Pedro 4: 12-13)

6. Para magbigay ng babala tungkol sa panganib mula sa loob ng iglesia: Lubusang pagtalikod at maling katuruan.
7. Ang mga Kristiyano, posibleng pareho ng grupo na natala sa unang Pedro.
8. Ang dalawang panganib mula sa loob ng iglesia ay lubusang pagtalikod at bulaang mga guro.
9. Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal na isinusulat ko sa inyo; at sa dalawa'y ginigising ko ang inyong tapat na pagiisip sa pamamagitan ng pagpapaalala sa inyo;

Upang maalala ninyo ang mga salitang sinabi nang una ng mga banal na propeta, at ang utos ng panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong mga apostol. (II Pedro 3:1-2)

IKALABINGSIYAM NA KABANATA

1. Juan.
2. Para ipaliwanag ang pamantayan ng tunay na “fellowship” Kay Jesu Cristo.

3. Sa mga Kristiyano na tumalikod sa kanilang pananampalataya dahil sa panlilinlang ni Satanas na sumisira sa kanilang “fellowship” Sa Dios at ibang mananampalataya.
 4. Ang tunay na “fellowship” sa Dios at sa ibang mananampalataya ay batay sa pamantayan ng Salita Ng Dios at panatiliin ang prinsipyo ng pag-amin ng kasalanan.
 5. Kung sinasabi natin tayo’y walang mga kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin.
- Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinis sa lahat ng kalikuan.(I Juan 1: 8-9)
6. Para hikayatin ang mga mananampalataya na maging tapat sa tamang doktrina at bigyan ng babala laban sa mga bulaang guro.
 7. Sa “mga hinirang na babae at ang kanilang mga anak,” na ang ibig sabihin ay ang iglesia at ang mga kaanib nito.
 8. Dapat tayong magbantay laban sa mga bulaang guro na naging dahilan para mawala ang mga espirituwal na katangian na ating napaunlad at umakay sa atin na makiisa sa kanilang kasamaan.
 9. Ang sinomang nagpapatuloy at hindi nananahan sa aral Ni Cristo, ay hindi kinaroroonan Ng Dios: ang nananahan sa aral, ay kinaroroonan Ng Ama, at gayon din Ng Anak. (II Juan 1:9)
 10. Para papurihan si Gayo at Demetrio para sa kanilang Kristiyanong patotoo, at para sansalain ang hindi maka-Kristiyanong ugali ni Diotrefes.
 11. Ang aklat ay nakapangalan sa lalaking si Gayo. Ito ay isinulat para sa kanya at sa iglesia kung saan siya nakaugnay. Ang katotohanan ng sulat ay mailalapat sa lahat ng mananampalataya.
 12. Ang ating mga buhay ay halimbawa ng mabuti o masama sa ibang nakapalibot sa atin.
 13. Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti ay Sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita Sa Dios.(III Juan 1:11)

IKADALAWAMPUNG KABANATA

1. Judas
2. Para magbigay ng babala laban sa bulaang mga guro.
3. Sa lahat ng mga Kristiyano, kahit ang tiyak na mambabasa sa panahon na iyon ay ang mga kaanib ng iglesia sa Palestina at/o Asia.

4. Dapat tayong maging alerto para sa bulaang mga guro na pumapasok na hindi natin namamalayan na inililipat ang mga mananampalataya mula sa Salita ng Dios.

5. Mga minamahal, samantalang ako'y totoong nagsisikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa kaligtasan nating lahat, ay napilitan akong sumulat sa inyo na inaaralan kayong makipaglabang masikap dahil sa pananampalataya na ibinibigay na minsan at magpakailan man sa mga banal. (Judas 1:3)

IKA-DALAWAMPU'T ISANG KABANATA

1. Juan

2. Para ipahayag ang plano ng Dios sa mundo.

3. Pitong iglesya sa Asia at pangkalahatang mga mananampalataya.

4. Sa katapusan, ang kabutihan ay palaging tagumpay kaysa kasamaan. Palaging nagagawa ng Dios Ang Kanyang itinatag na plano at layunin.

5. Isulat mo nga ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating. (Apocalipsis 1:19)

